


# GABAY SA PAGBUBUO NG KATEKESIS

Para sa Pampublikong Mataas na Paaralan



**Makilala si Jesus,  
Mahalin ang Simbahan  
at maglingkod sa bayan**

**"Sumunod ka sa Akin" (Marcos 10:21)**



# GABAY SA PAGBUBUO NG KATEKESIS

Para sa Pampublikong Mataas na Paaralan

(Revised 2011 Year of the Youth)

## Mga Nilalaman

<b>Hesus, Nais Ka Naming higit pang Makilala</b> <i>Orientation Lesson Para sa buong Syllabi</i>	4
<b>Katekesis para sa Unang Taon</b> <b>sa Mataas na Paaralan</b> <i>Ipakita mo sa amin si Jesus</i>	7
<b>Katekesis para sa Ikalawang Taon</b> <b>sa Mataas na Paaralan</b> <i>Kabilang ako sa Simbahan</i>	39
<b>Katekesis para sa Ikatlong Taon</b> <b>sa Mataas na Paaralan</b> <i>Mga Isyu Ngayon</i>	73
<b>Katekesis para sa Ika-Apat na Taon</b> <b>sa Mataas na Paaralan</b> <i>Pagbabagong - landas , mga sandali ng pagpapasya</i>	115
<b>Mga Sanggunian at Daglat</b> <b>(Abbreviation)</b>	169

---

---

**Hesus, Nais Ka Naming higit pang Makilala**  
*Orientation Lesson Para sa buong Syllabi*

**Layunin :**

- ❖ Makikilala na si Jesus ang sentro ng ating pananampalatayang Kristiyano.
- ❖ Makakapagplano kung paano maglalaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya.
- ❖ Maipapahayag sa panalangin na si Jesus ay tunay na Diyos at Panginoon, lalo na sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya.

**KAHALAGAHAN:** Pagkilala at pagtanggap kay Hesus

**SITWASYON NG BUHAY:** Pag-usapan : Mga nalalaman tungkol kay Jesus

- o Ano ang mga nalalaman mo na tungkol kay Jesus?
- o Gusto mo bang higit pa Siyang makilala ?
- o Bakit gusto mo pang higit Siyang makilala ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :*

*Si Jesus ay hindi isang pangkaraniwang tao, kung kaya't noon pa man ay marami nang gustong makita Siya at makilala.....*

**SALITA NG DIYOS: Juan 12:20-22**

*“ Ginoo, ibig naming makita si Jesus.....”*

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:**

**Katotohanan :** Si Jesus ang sentro ng ating pananampalatayang Kristiyano.  
[KIK 512 – 517; KPK 464]

[ *Sapagkat tanging si Jesus lamang ang makapaghahatid sa atin sa pag-ibig ng Ama sa pamamagitan ng Espiritu Santo* [KPK 464; Juan 14:6 ]

**Siya ang puso at sentro ng katekesis.**

♦ Mula unang taon hanggang ika-apat na taon ninyo sa mataas na paaralan ay unti-unti nating **higit pang kikilalanin kung sino si Jesus.** [KIK 426 – 429; KPK 470]

---

---

♦ **Babalikan natin ang mahahalagang pangyayari sa Kanyang buhay.** [KPK 504; KPK 531 - 532]

♦ **Susunod sa Kanya saan man Siya pumaroon... sa mga daan ng Galilea, sa Nazareth, sa tabi ng lawa, sa Jerusalem ..... makikinig tayo sa mga sinabi Niya at aalamin natin ang Kanyang mga turo at ginawa.**

[ *Note to the Catechists : Ibahagi sa mga mag-aaral ang **buod** ng bawat antas mula Unang Taon hanggang Ika-apat na taon. Hikayatin sila na palaging dumalo at makibahagi sa Katekesis ]*

**Pagsasabuhay :** Sa palagiang pagbabasa ng Bibliya ay higit pa nating makikilala si Jesus. [KIK 2653; KIK 133]

[ St. Jerome “ *Ignorance of the Scriptures is ignorance of Christ*” ]

[ *Note to the Catechists : Hikayatin ang mga mag- aaral na magkaroon sila ng sarili nilang Bibliya at basahin ito araw –araw . ]*

**Pagsamba :** Sa pakikiisa natin sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya ay naipapahayag natin ang lubusang pagkilala sa presensiya ni Hesus. [KPK 1692; Juan 20:28]

[ Sa bahagi ng Konsagrasyon lubusan natin Siyang kinikilala sa pagpapahayag sa katahimikan ng puso ang mga katagang, “*Panginoon ko at Diyos ko.*” ]

[ *Note to the Catechists : Anyayahan ang mga mag-aaral na dumalo sa Banal na Eukaristiya lalo na kung araw ng Linggo . ]*

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Ako ay naniniwala na si Jesus ang sentro ng ating pananampalatayang Kristiano. Nanaisin ko na higit pa Siyang makilala.

---

**Pagtatalaga :** Magplano kung paano maglalaan ng oras sa pababasa ng Bibliya upang higit pang makilala si Jesus .

**Pagdiriwang:** *Hesus , ikaw ay tunay na Diyos at aming Panginoon. Amen*

Awit na may kaugnayan kay Jesus.

Halimbawa: *SIYA O Jesus ng aking Buhay*

---

**KATEKESIS  
PARA SA  
UNANG TAON  
SA MATAAS NA PAARALAN**

*Ipakita mo sa amin si Jesus*

---

---

## BUOD

- Ang buhay ng mag aaral sa Unang taon ay simula ng paghahanap sa tunay na kahulugan ng buhay.... Mga pagtatanong ukol sa buhay na masusumpungan, kung makikilala nila si Jesus...
- Si Jesus na kataas – taasang Anak ng Diyos, na nagkatawang- tao, ... ay isang kaibigan na huwaran sa pananalangin at nagtuturo ng may kapangyarihan...
- Siya ay nagpapagaling na ang dulot sa bawat isa ay pagbabago ng puso at pagbabago ng buhay. Ang pwersa ng kasamaan na laging nandiyan, ang Kanyang numero unong kaaway, kaya ang bilin Niya'y laging sundin ang Konsensiya, na nagtuturo ng tama ; at anuman ang mangyari, Siya'y laging handang magpatawad sa atin...

**Kay Jesus, sa gabay at patnubay ng Espiritu Santo kasama ang Mahal na Inang Maria , masusumpungan natin ang tunay na kahulugan ng buhay patungo sa Ama.**

*Ipakita mo sa amin si Jesus*

---

---

*Ipakita mo sa amin si Jesus*

## MGA NILALAMAN

- Paksa 1 : *Jesus, ang Kataas-taasang Anak ng Diyos*
- Paksa 2 : *Jesus, Diyos na Nagkatawang Tao*
- Paksa 3 : *Si Jesus ay tunay at tapat na Kaibigan*
- Paksa 4 : *Nananalangin tayong kasama ni Jesus , at sa pamamagitan ni Jesus*
- Paksa 5 : *Nagturo si Jesus ng may Kapangyarihan*
- Paksa 6 : *Pananampalataya ang hamon ni Kristo*
- Paksa 7 : *Si Jesus ay Nagpapagaling*
- Paksa 8 : *Pagbabago ng Puso, Pagbabagong Buhay*
- Paksa 9 : *Ang numero unong kaaway: ang masama , pwersa ng kasamaan*
- Paksa 10 : *Konsensiya: Tumatawag sa ating ibigin ang mabuti at iwasan ang masama*
- Paksa 11 : *Si Jesus ay Nagpapatawad*
- Paksa 12 : *Bakit ako magsisimba tuwing araw ng Linggo ?*
- Paksa 13 : *Maria , Ina ni Jesus at ina rin nating lahat*
- Paksa 14 : *Espiritu Santo, lakas ng Kristiyano*

## PAKSA 1

### *Jesus, ang Kataas-taasang Anak ng Diyos*

#### **Layunin :**

- ❖ Maipapahayag na si Jesukristo ang iisang Anak ng Diyos.
- ❖ Mahahamon at makakapagbigay ng mga gagawin upang maipakita ang pananampalataya kay Jesus.
- ❖ Maipapahayag sa panalangin ang pananampalataya kay Jesus.

#### **KAHALAGAHAN:** Pananalig

#### **SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Pagkakataon sa buhay na naranasan ang pagtulong ni Jesus.

Anong pagkakataon sa buhay ninyo na naranasan ninyo ang tulong ni Jesus?  
[ *Hayaang magbahagi ang mag-aaral ng kanilang sariling karanasan ...* ]

Sino si Hesus para sa inyo ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Bagamat mayroon na tayong pagkakilala kay Jesus , sa Banal na Ebanghelyo na ating maririnig higit pa nating Siyang makikilala ....*

#### **SALITA NG DIYOS: Mateo 16: 13-17**

“ *Ikaw ang Mesiyas, ang anak ng Diyos na buhay....*”

Pagsusuri ng teksto :

- Ano ang tanong ni Jesus sa Kanyang mga alagad?
- Ano ang naging tugon nila sa tanong ni Jesus?
- Nang sila naman ang tanungin ni Jesus, kung sino Siya para sa kanila, sino sa kanila ang sumagot at ano ang naging tugon ni Jesus sa kanya?

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Si Jesus ay ang anak ng Diyos [[KPK 504; KIK 514]

Si Jesus ay .....

- ipinanganak sa Belen
- Lumaki sa Nazareth
- Nakilalang anak nina Maria at Jose
- Nangaral
- Nagturo

*Mga iba pang tao sa Ebanghelyo na nagsabi na si Jesus ay anak ng Diyos : Nataniel (Jn 1: 49) Senturyon (Mk. 15:39)*

**Pagsamba :** Sa dasal na Kredo buong paninindigan na ipinapahayag natin “ Sumasampalataya ako kay Jesukristo iisang anak ng Diyos.....”  
[KPK 476; KIK 422-423]

**Pagsasabuhay :** Nais ng Ama na pakinggan natin ang Kanyang Anak.  
[KPK 473]

*(Noong bininyagan si Jesus at noong Siya ay magbagong anyo)*

Sa pagsunod sa mga salita at gawa ni Jesus, namumuhay tayo bilang mga anak ng Diyos. [Mateo 3 : 17; Mateo 17 : 5]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Sumasampalataya ako kay Jesukristong iisang anak ng Diyos.

**Pagtatalaga :** Sagutin sa notebook  
Magbigay ng mga gagawin na nagpapakita ng pananampalataya kay Jesus.

**Pagdiriwang:** Buong pusong dadasalin ang “*Sumasampalataya ako kay Jesukristong iisang Anak ng Diyos .....*”

## Paksa 2

### Jesus, Diyos na Nagkatawang Tao

#### Layunin :

- ❖ Maipapahayag ng may pananampalataya na si Jesus ay Diyos na nagkatawang tao, lalang ng Espiritu Santo, isinilang ni Santa Mariang Birhen.
- ❖ Makapagtatalaga ng mga gagawin bilang pagsunod sa 2 dakilang utos ng Diyos.
- ❖ Makakapagsariwa ng mga ipinangako noong bininyagan, sa pamamagitan ng munting pagdiriwang sa loob ng klase.

**KAHALAGAHAN:** Pagsilang / pagiging tao

**SITWASYON NG BUHAY:** Pag-usapan : Pagpapahalaga sa araw ng pagsilang

- Masaya ka ba na ikaw ay nilikha ng Diyos na tao?
- Kayo ba ay nasisiyahan na sa kung ano mayroon kayo at kung ano kayo ngayon?

Ang pagkakaralihan ng Diyos sa atin ay hindi isang aksidente kundi ito ay may layunin.

Ang pagdating din ng Diyos sa mundo ay hindi isang aksidente. Isinugo ng Ama si Jesus, bagama't Diyos ay naging tao.

Ang mysteryong ito ng Diyos na nagkatawang tao ang ipinagdiriwang natin tuwing panahon ng kapaskuhan .

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Si Jesus ay tunay na tao sapagkat tulad natin Siya ay nagkaroon din ng isang ina. Ganito Siya dumating sa mundo.*

**SALITA NG DIYOS Lukas 1: 27 – 33**

*"...ikaw ay maglililihi at manganganak ng isang lalaki.."*

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Katotohanan :** Si Jesus ay Diyos na nagkatawang tao, lalang ng Espiritu Santo at ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. [KPK 533; KIK 525 , 422, 502]

Ang Pasko ay pagdiriwang ng pagkatawang tao ng anak ng Diyos. Ito'y mahalagang araw upang gunitain natin "Ang Diyos ay Emmanuel, ang Diyos ay nasa piling natin." [ Mateo 1: 18-25 " ... Emmanuel ang Diyos ay sumasaatin]

Tulad natin nakaranas din Siya ng paghihirap, gutom, kagalakan, pakikipagkaibigan kalungkutan , takot, galit, tukso, kamatayan, naging taong tulad natin sa lahat ng bagay maliban sa kasalanan. [Fil 2:7; KIK 470]

*Pag-uugnay sa PAGESAMBA : Sa pagiging tao ni Jesus dinadala Niya tayo sa Kanyang sariling buhay at tayo'y binabahaginan Niya ng Kanyang pagka-Diyos. Kasama Niya, tayo ay nagiging mga anak ng Diyos....*

**Pagsamba :** Sa pamamagitan ng Binyag, tayo ay nagiging tunay na anak ng Diyos kay Jesukristo. [KPK 2135]

**Pagsasabuhay :** Sa pagsunod natin sa Dalawang Dakilang Utos ng Diyos, ipinahayag natin na tayo ay mga anak ng Diyos kay Jesukristo. [KPK 812, 878, 880; KIK 2093 ]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Naniniwala ako na si Jesus ay Diyos na nagkatawang tao lalang ng Espiritu Santo at ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.

**Pagtatalaga :** Magbigay ng mga kongkretong gagawin , bilang pagsunod sa 2 Dakilang Utos ng Diyos

**Pagdiriwang:** Pagsasariwa ng pangako sa binyag.



### Paksa 3

#### *Si Jesus ay tunay at tapat na Kaibigan*

##### **Layunin :**

- ❖ Mapagninilayan na si Jesus ay isang tunay at tapat na kaibigan.
- ❖ Makakapagtala ng mga gagawin kung paano magiging tunay na kaibigan tulad ni Jesus.
- ❖ Makakapag-alay ng panalangin para sa mga kaibigan.

**KAHALAGAHAN:** Pakikipagkaibigan

##### **SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Ano ang pakikipagkaibigan para sa inyo?

Lahat ba ng nasa facebook account mo ay maituturing mong kaibigan? Lahat ba ng kabarkada mo ay kaibigan mo?

Si Jesus, maari din ba natin Siyang maging kaibigan ?

Ano ba ang ibig sabihin ng pakikipagkaibigan kay Jesus ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos: Noong unang panahon, marami ding mga tao ang nagnais na maging kaibigan si Jesus, hinanap nila kung sino ang Jesus na ito .... Ito ngayon ang susundan natin sa Ebanghelyo*

##### **SALITA NG DIYOS : Juan 1:35-39**

*“Guro saan kayo nakatira ?”*

##### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Katotohanan :** Si Jesus ay tunay at tapat na kaibigan.  
[KPK 491; KIK 609, 614; Juan 15:15]

*Ipinakita Niya ang Kanyang pakikipagkaibigan sa atin sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang – tao, pagkamatay sa krus para sa atin, pag-aalay ng Kanyang buhay, panananahan sa atin sa Eukaristiya, pagtuturo at paggabay sa atin. Inaanyayahan din Niya tayo. “Halikayo at tignan ninyo.” Hindi na tayo itinuturing na alipin ni Jesus kundi kaibigan Niya.*

**Pagsasabuhay :** Ibinigay ni Jesus ang Kanyang bagong utos : “*Mag-ibigin kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo* “ [KPK 961; Juan 15:12]

**Pagsamba :** Sa mga Sakramento, nakakalapit tayo kay Jesus na ating kaibigan, lalung-lalo na sa Sakramento ng Eukaristiya na kung saan tumitingkad ang pagkakaisa at pakikipag-kaibigan natin kay Jesus. [KIK 1391]

##### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Si Jesus ang aking tunay at tapat na kaibigan.

**Pagtatalaga :** Magtala ng mga gagawin sa loob ng isang linggo bilang tanda ng pagiging tunay na kaibigan.

**Pagdiriwang:** Awitin ang awit na “Kaibigan” ;

Ipagdarasal ang mga kaibigan.



## Paksa 4

### *Nananalangin tayong kasama ni Jesus, at sa pamamagitan ni Jesus*

#### Layunin :

- ❖ Mamumulat na si Jesus ang ating guro at huwaran sa pananalangin.
- ❖ Makakapagtalaga ng pangakong mananalangin araw-araw.
- ❖ Maipaparanas ang makapanalangin ng tahimik.

#### KAHALAGAHAN: Pananalangin

#### SITWASYON NG BUHAY:

Pag-usapan : Tayong lahat ay nananalangin.

- Kailan? - sa oras ng pangangailangan, ng tuwa, ng tukso, sa umaga, sa gabi, bago at pagkatapos kumain at iba pa.
- Para ano, Bakit? - pagpapala, inspirasyon, tulong, lakas.
- Paano? - panalangin ng pananampalataya, panalanging naisaulo, ( formula prayers ), bukas sa kalooban, kasama ng iba, mga liturhikong panalangin – gaya ng pagpupuri sa umaga at panalanging eukaristiko; nakaluhod, naka upo, naka pikit at iba pa.
- Saan? - sa pag-iisa, sa bahay, sa simbahan, at iba pa

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos: Si Jesus bagamat Diyos ay nanalangin din.*

- Bakit nanalangin si Jesus?

[ Magbigay ng mga pagkakataon na inyong nalalaman kung kailan at paano nanalangin si Jesus.]

*Isalaysay ang teksto*

#### SALITA NG DIYOS: Lukas 6:12 – 14, 17-19

“..... at buong magdamag Siyang nanalangin sa Diyos”

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Si Jesus ay ang huwaran at guro ng pananalangin.  
[KPK 1483; KIK 2607]

Makapanalangin lamang tayo sa Diyos kung nananalig tayo sa Kanya.

**Pagsamba :** Sa tuwing tayo ay nananalangin, lalung-lalo na sa Sakramento ng Eukaristiya, ang pinakamataas na uri ng panalangin, tayo ay nakikipag-usap at nakikipag-isa sa Diyos na umiibig sa atin.  
[KPK 1475 ; KIK 1325]

Tayong mga sumasampalataya ay nananalangin sa Ama sa pamamagitan ni Jesus at sa Espiritu Santo

*[Note to the catechists : turuan ang mga kabataan kung paano manalangin ng tahimik]*

**Pagsasabuhay :** Ang tunay na panalangin ay laging naka-ugat sa puso at kaugnay sa kapwa na minamahal at pinaglilingkuran.  
[KPK 1480]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Si Jesus ang huwaran at guro ko sa pananalangin.

**Pagtatalaga :** **Pledge of Commitment**

Ako si \_\_\_\_\_ ay mananalangin ng \_\_\_\_\_ minuto araw araw.

**Pagdiriwang:** Tahimik na panalangin na may kasamang background music.

## Paksa 5

### *Nagturo si Jesus ng may Kapangyarihan*

#### **Layunin :**

- ❖ Malalaman at matatanggap ang mga turo ni Jesus.
- ❖ Makakapagtala ng mga gagawin kung paano masusunod ang mga aral at turo ni Jesus.
- ❖ Makakapagdiwang bilang pagpaparangal sa Salita ng Diyos.

**KAHALAGAHAN:** Pagiging totoo

#### **SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Mga taong totoo sa kanilang sinasabi

Sino ang mga taong pinaniniwalaan ninyo o bilib ka?

Bakit ka bilib/ pinaniniwalaan sila?

Mayroon din ba kayong mga taong di pinaniniwalaan ?

Ikaw, masasabi ba ng iba na ikaw ay totoo sa iyong sinasabi ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Si Jesus ay nagturo noon at maraming taong naniniwala sa Kanya, kaya sinundan nila Siya kahit saan Siya magpunta.*

*Sa pagbasa sa Ebanghelyo susundan din natin si Jesus*

**SALITA NG DIYOS : Mt. 4:23-25** (Sinundan si Jesus ng makapal na tao)

Habang lumilibot si Jesus at nagtuturo, sumusunod sa Kanya ang maraming tao. Matindi ang Kanyang hinihingi sa mga tao subalit sumusunod pa rin sila sa Kanya. Naibigan nila ang turo ni Jesus. Siya ay kapani - paniwala dahil isinasabuhay Niya ang Kanyang itinuturo. Hindi Siya malupit o marahas. Nagsasalita Siya tungkol sa pagkahabag at pagpapatawad.

Pakinggan natin ang ilan sa Kanyang mga turo.....

**Mt. 5:21-22a ; Lukas 6:35-38**

Siya ay patuloy na nagtuturo sa atin ngayon sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.....

Ikaw , naniniwala ka ba sa Kanya ?

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:**

**Katotohanan:** Si Jesus ay nagturo ng may kapangyarihan. [KPK 479, 483]

**Pagsasabuhay :** Mapalad ang mga nakikinig sa mga turo ni Jesus at nagsasagawa nito. [Luke 11: 28; KIK 543 [LG 5]; KIK 104]

**Pagsamba :** Sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya, sa Liturhiya ng Salita ng Diyos , napapakinggan natin ang mga turo ni Jesus. [KIK 1154]

#### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Tinatanggap ko si Jesus at ang Kanyang mga turo sa aking buhay.

**Pagtatalaga :** Magtala ng mga gagawin kung paano susundin ang mga aral at turo ni Jesus.

**Pagdiriwang.:** Bible enthronement or awitin ang

*“Salamat sa Diyos*

*Salamat sa Diyos sa wika mong banal salamat po*

*Salamat sa Diyos*

*Salamat Diyos sa bugtong mong anak, Salamat po.”*

## Paksa 6

### *Pananampalataya ang hamon ni Kristo*

#### **Layunin :**

- ❖ Maipapahayag ang paniniwala kay Jesus na Panginoon at Tagapagligtas.
- ❖ Mahahamong ipahayag ang kanilang pananalig kay Jesus.
- ❖ Makakagawa ng panalangin ng pananalig kay Jesus at buong puso itong dadasalin sa loob ng klase.

#### **KAHALAGAHAN:** Pananampalataya

#### **SITWASYON NG BUHAY:** Pag- usapan : Mga pagsubok ng buhay

- Mga paghihirap
- Kabiguan
- Pagkatalo
- Karamdaman
- Mga kalamidad
- Tukso
- Atbp

Alin sa mga sandaling ito ang nasubok na ang pananampalataya mo o ng pamilya mo?  
Sa mga sandaling ito naramdaman mo ba na “parang” hindi nakikinig ang Diyos o sinasagot ang ating mga panalangin ?  
[ KIK 2734-2737 ]

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Ano kaya ang dahilan kung bakit sa wari natin ay hindi dinidinig ng Diyos ang ating panalangin ?  
Sa babasahin nating Ebanghelyo sasagutin ang katanungang ito.*

#### **SALITA NG DIYOS : Markos 9:17-18,20-27**

“Sumasampalataya ako, tulungan mo ang kakulangan ng aking pananampalataya...”

Tinulungan nga siya ni Jesus sa kakulangan ng kanyang pananalig.

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:**

**Katotohanan:** Ang pananampalataya ay isang personal na pakikipag-ugnayan kay Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Sa pamamagitan Niya , sa Ama , at sa Espiritu Santo, isang pasya ito ng pagtatalaga ng sarili sa Kanya, ng pagsunod sa Kanya, ng pag-alam, at pagtanggap ng mga katotohanang patuloy Niyang ipinangangaral sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan. [PCP II 64-65]

**Pagsasabuhay :** Tayo ay may pananalig kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin at naniniwala sa mga bagay na di natin nakikita . [Hebreo 11:1]

**Pagsamba :** Sa panalangin , pinapahayag natin ang pagtitiwala natin sa Diyos. [KIK 2737 - 2741]

#### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Nananalig ako kay Jesus , aking Panginoon at Tagapagligtas.

**Pagtatalaga:** Magbigay ng mga gagawin tanda ng kanilang pananalig kay Jesus.

**Pagdiriwang:** *Gumawa ng panalangin ng pananalig [dadasalin bilang pagdiriwang o pangwakas na panalangin]*

## Paksa 7

### *Si Jesus ay Nagpapagaling*

#### Layunin :

- ❖ Magkakaroon ng kamalayan at maipapahayag na si Jesus ay tunay na Diyos na nagliligtas.
- ❖ Maipaplano kung paano isasagawa sa munting pamamaraan ang “Pangunahing Kawang-gawang pangkatawan.”
- ❖ Makapag-aalay ng panalangin para sa mga may sakit.

**KAHALAGAHAN:** Pagmamalasakit sa may sakit

#### SITWASYON NG BUHAY:

Pag-usapan : Kanino tayo lumalapit sa oras ng kagipitan lalo na kung may sakit ?

- Nanay
- Tatay
- Guro
- Kaibigan
- Pari
- Katekista
- At iba pa

Bakit mo sila nilalapitan ?

Ito ang mga taong nagmamalasakit sa atin.

May pagkakataon ba sa buhay mo na ikaw naman ang nagpamalas ng pagmamalasakit sa iyong kapwa lalo na sa may sakit ? Paano mo ito isinagawa?

Ano ang iyong naramdaman sa kabutihan at pagmamalasakit na iyong ginawa?

Ano ang pagmamalasakit ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Tingnan natin sa buhay ng ating Panginoong Jesu-Kristo kung paano Siya nagpamalas ng pagmamalasakit sa may sakit ...*

#### **SALITA NG DIYOS : Markos 1:40-45**

“ *Ibig ko luminis ka*”

Nananalig ba tayo na maaring gawin din ni Jesus sa atin ang Kanyang ginawa noong panahon Niya sa mga nagtitiwala sa Kanyang kapangyarihan at kabutihan ?

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan.** Si Jesus ay tunay na “Diyos na nagliligtas”. Si Jesus ay manggagamot. [KIK 1503-1505; KPK 1828-1829]

[Si Jesus ay di lamang nagpapagaling ng mga may sakit kundi nagpapatawad din ng mga makasalanan. Naparito Siya upang lunasan ang buong tao, kaluluwa at katawan; Siya ang manggagamot na kailangan ng mga may sakit.]

**Pagsamba :** Hangad ni Jesus na ang Kanyang Iglesia ay magpatuloy, sa bisa ng Espiritu Santo at ng kanyang mga kaanib , ng gawaing magpagaling at magligtas. [KIK 1507;1499, 1509,1510, 1421, 1423, 1432]

Ito ang layunin ng dalawang Sakramento ng panggagamot / paglulunas :

- Sakramento ng Kumpisal
- Sakramento ng pagpapahid ng langis sa may sakit.

**Pagsasabuhay :** Sa ating pagmamalasakit sa ating kapwa ay lubusang naisasabuhay natin ang ating *Pangunahing Kawang-gawang Pangkatawan* na sukatan ng pagpapasiya ng kaligtasan. [KPK 1830-1832]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Naniniwala ako na si Jesus ay tunay na “Diyos na nagliligtas”

**Pagtatalaga :** Gumawa ng tsart kung paano gagawin ang pagsasagawa ng *Pangunahing Kawang-gawang Pangkatawan* (*Corporal Works of Mercy*)

*Iplano ito mula* Lunes hanggang Linggo

**Pagdiriwang:** *Panalangin para sa may sakit c/o Catechist*

## Paksa 8

### *Pagbabago ng Puso, Pagbabagong Buhay*

#### *Layunin :*

- ❖ Masasabi ng buong pagmamahal na si Jesu-Kristo ang aking huwaran sa tamang pamumuhay.
- ❖ Mailalahad ang mga nais baguhin sa sarili at makakagawa ng pangako na mangungumpisal.
- ❖ Makakagawa ng pagusuri sa mga nagawang kasalanan at buong pusong dadasalin ang pagsisisi.

**KAHALAGAHAN:** Pagbabagong buhay

#### **SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Nais nating magbago

Mga pagbabago : ayos ng buhok , pananamit, ayos ng tahanan, gawain, kapaligiran

Anong uri ng pagbabago ito? [ panlabas ]

Ang panlabas bang pagbabago ay nakakapagpabago ng tao ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Nais natin ay ganap na pagbabago ng puso o pagbabagong buhay ngunit malaki ang hinihingi nito sa atin, tulad ni Zaqueo na lubos na nagbagong buhay.*

*Sa Banal na Kasulatan mababasa natin na maraming tao ang nagbago dahil kay Jesus..... Isa na dito ay si Zaqueo*

**SALITA NG DIYOS : Lukas 19 : 1-10**

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Pagsasabuhay :** Ang pagbabagong buhay ay nangangahulugan ng pagbabagong puso sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesu-Kristo .[KPK 740]

**Katotohanan :** Si Jesu-Kristo ang ating huwaran [ pamantayan ] sa tamang pamumuhay . [KPK 796 , 828 – 829]

**Pagsamba :** Sa Sakramento ng Kumpisal , lubusan nating maipapahayag ang ating paghahangad ng pagpapanibagong buhay . [KPK 1775]

#### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Si Jesu-Kristo ang aking huwaran sa tamang pamumuhay.

**Pagtatalaga :** Gumawa ng talaan o checklist ng mga dapat baguhin sa sarili. At gumawa ng pangako na mangungumpisal, Kailan?

**Pagdiriwang:** Pagsusuri ng sarili at dasalin ang Panalangin ng Pagsisisi.

## Paksa 9

*Ang numero unong kaaway: ang masama, puwersa ng kasamaan*

*Layunin :*

- ❖ Mapagninilayan na si Jesus ang Anak ng Diyos , ang Mesiyas.
- ❖ Makagagawa ng plano kung paano mapaglalaman ang tukso sa araw-araw.
- ❖ Madarasal ng buong puso ang panalanging “Ama Namin”, lalo na ang bahaging “ at huwag mo kaming ipahintulot sa tukso” .

**KAHALAGAHAN:** Pagpipigil sa sarili / Pag-titimpi

### SITWASYON NG BUHAY

Pag-usapan : Tukso mula sa loob at labas ...

Tayo ay tinutukso mula sa labas ..... ng ano ?

- ✓ Sine
- ✓ Larawan
- ✓ Pera
- ✓ atbp

Sino ang tumutukso sa atin?

- ✓ Kaibigan
- ✓ Ibang tao
- ✓ Kamag-anak

Kailan ?

- ✓ Kung tayo ay mahina
- ✓ Kung tayo ay nasa mahigpit na pangangailangan

Tayo rin ay natutukso mula sa ating kalooban

- ✓ Imahinasyon
- ✓ Pangarap
- ✓ Masamang pag-iisip

[ magbigay ng mga konkretong halimbawa]

Ang tukso ba ay kasalanan ? Kailan ito nagiging kasalanan ?  
May mga taong kahit gipit na gipit ay hindi natutukso ....  
[ nakapulot ng malaking halaga subalit ibinabalik pa rin ito sa may ari ]

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Si Jesus din ay tinukso.....*

**SALITA NG DIYOS : Mateo 4:1-11**

Ang pagtukso kay Jesus Pagsusuri ng teksto : [KIK 538]

### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:

**Katotohanan.**

Si Jesus ang anak ng Diyos ay Mesiyas. Nilupig Niya ang manunukso dahil sa ating kapakanan. [KIK 540]

*“Sapagkat wala tayong isang dakilang pari na di nakakaramay sa ating kahinaan, kung hindi Siya sinubok na katulad natin sa lahat ng bagay .....” [ Hebreo 4:15 ]*

**Pagsasabuhay :**

Kasama ni Jesus , maari nating piliin ang mabuti at mapagtagumpayan ang masama. [KPK 2196]

**Pagsamba :**

Sa dasal na “Ama Namin “ ay sinasabi nating “ huwag mo po kaming ipahintulot sa tukso at iadya mo po kami sa lahat ng masama” [KPK 2190; KIK 2846 up to 2854]

*Mga hakbang upang mapaglalaman ang tukso: Laging tandaan si Jesus ay ginamit ang Salita ng Diyos, maging alisto at magkaroon ng pagpipigil sa sarili [ 1 Peter 5 : 8], maging matatag sa pananamplata [ IPeter 5: 9 ], Magbantay at manalangin [ Mark 14 : 33 ], maging handa sa pakikipaglaban [ Efeso 6:11 , 13-17 ]*

### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:**

Naniniwala ako na si Jesus ang anak ng Diyos, ang Mesiyas .

**Pagtatalaga :**

Paano mo mapaglalaman ang tawag ng tukso ?

**Pagdiriwang::**

*Panalangin ng “Ama Namin” at maglalaan ng katahimikan sa bahagi ng “Huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso...”.*

## Paksa 10

### *Konsensiya: Tumatawag sa ating ibigin ang mabuti at iwasan ang masama*

#### Layunin :

- ❖ Magkakaroon ng kamalayan na ang tao ay nilikha, tinubos , at pinababanal ng Banal na Santatlo, ang Ama, Anak, at Espiritu Santo.
- ❖ Makakapagtala ng 5 gagawin kung paano mahuhubog pa sa tama ang budhi.
- ❖ Makakagawa ng isang mabuting pagsusuri ng budhi.

**KAHALAGAHAN:** Masusing pag-iisip bago magpasiya

#### SITWASYON NG BUHAY:

Pag-usapan : Pagtangi sa masama at pagpili ng mabuti

- Napapaligiran tayo ng iba't ibang puwersa ng kabutihan at kasamaan. Kailangan na tayo ay mamili. Kailangan na tayo ay magpasya. May pananagutan tayo rito.

Ngunit paano nga ba ang magpasya ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Minsan sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad “Bakit hindi ninyo mapagpasyahan kung alin ang matuwid?”( Lukas 12 : 57 ).*

*Kung sinabi ito ni Jesus nangangahulugan na mayroon tayong kakayahang magpasya kung ano ang tama o mali. Ang ating budhi ang nagiging daan upang mapagpasyahan kung ano ang tama o mali.*

*Pakinggan natin ang isang pangyayari na isinalaysay ni Jesus.*

**SALITA NG DIYOS: Lukas 12 : 15- 21**[ Ang mayamang hangal]

- Nagkamali ng pasiya ang mayamang hangal sapagkat...

Kailan tayo maaring tawaging hangal ni Jesus ?

Or : Sirac (Ecclesiastico) 37 : 7- 15

*“dumalangin ka sa Diyos na itumpak Niya ang iyong mga paa sa landas ng katotohanan.....”*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Ang ating karangalan bilang tao, na nilikha ng Diyos, tinubos ni Kristo, at pinabanal ng Espiritu Santo, at itinalaga sa buhay na walang hanggan kasama ng Diyos, ang susi sa Kristiyanong moral. [KPK 718]

**Pagsasabuhay :** Ang budhi ay ang pinakatagong kaibuturan at kanlungan ng isang tao kung saan nag-iisa siyang kasama ng Diyos; kung saan ang tinig ng Diyos ay umaalingawngaw sa kanyang kailaliman. Inuudyukan tayo nitong gawin ang mabuti at iwasan ang masama. Hinahatulan nito ang ating asal, pinapahintulutan ang mabuti at iwasan ang masama. [KPK 700; KIK 1776 – 1782; KPK 727]

Ang ating moral na pananagutan ay ang makabuo ng isang maayos at “maalam na budhi” at maiwasto ang kahit anong namamaling budhing maaring taglay natin.

[Ipaliwanag kung paano nahuhubog ang ating mga budhi [KPK 726 ]

**Pagsamba :** Sa pamamagitan ng natatanging kaugnayan kay Kristong ating Panginoon, sa panalangin at Sakramento nalalaman natin ang tama at mali at nakakapamuhay tayo bilang alagad Niya . [KPK 713]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Ako ay naniniwala na nilikha ako ng Diyos, tinubos ni Kristo, at pinabanal ng Espiritu Santo, at itinalaga sa buhay na walang hanggan kasama ng Diyos.

**Pagtatalaga :** Ano ang mga dapat kong gawin upang mahubog sa tama ang aking budhi ? Maglista ng 5 gagawin.

**Pagdiriwang:** *Pagsusuri ng sarili / konsensiya [ c/o catechist]*



## Paksa 11

### *Si Jesus ay Nagpapatawad*

#### Layunin :

- ❖ Magkakaroon ng malalim na pang-unawa na si Jesus ay maawain at mabuti, siya ay nagpapatawad.
- ❖ Makapagbibigay ng mga gagawin tanda ng pagsisisi sa mga sandaling nagkakasala.
- ❖ Mabibigkas ng buong puso ang panalangin ng pagsisisi.

**KAHALAGAHAN:** Kapatawaran na dulot ni Jesus

#### SITWASYON NG BUHAY:

Pag-usapan : Kailangan natin ang kapatawaran  
Kailan tayo binabagabag ng ating konsensiya ?  
Ano ang ginagawa natin kapag binabagabag tayo ng ating konsensiya ?  
[ tumatakas ba, humahanap ng lusot , nagsisisi ]  
Nagiging pabaya ka ba ?  
Ano ba talaga ang hanap mo ? [ kapatawaran ]

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Ganoon din ang nadama ng mga apostol, mga kaibigan ni Jesus nang iwan nila ang Panginoon. Gayunman si Jesus sa Kanyang biyaya at kabutihan ay naghatid sa kanila ng kapayapaan. Iyan ang matutunghayan natin ngayon sa Ebanghelyo .....*

**SALITA NG DIYOS : Juan 20 :19 -23**

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:

- Katotohanan :** Si Jesus ay maawain at mabuti, Siya ay nagpapatawad.  
[KIK 1441-1448; KPK 1773; KIK 1461]
- Pagsamba :** Sa Sakramento ng Kumpisal , tayo ay nakikipagkasundo sa Diyos at sa kapwa. Ito ay nagbubukas ng ating sarili tungo sa pagbabagong buhay. [ KIK 1468 - 1470; KPK 1813; KIK 1449]
- Pagsasabuhay :** Ang pagbabalik-loob sa Diyos ay isang pagkalas mula

sa kasalanan, ang pagtalikod sa masama. Kasama nito, nabubuhay ang hangarin at pagtitika ng may pagpapakumbaba na magbagong buhay, taglay ang pag-asa sa awa ng Diyos at pananalig sa tulong ng Kanyang grasya.  
[KIK 1430-1432; KIK 1450-1452; KPK 1789; KPK 1790]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan::** Naniniwala ako na si Jesus ay maawain at mabuti, Siya ay nagpapatawad
- Pagtatalaga::** Magbigay ng mga gagawin na nagpapakita ng pagsisisi sa mga sandaling nakagawa ng pagkakasala ?
- Pagdiriwang:** Dasalin ang panalangin ng pagsisisi

## Paksa 12

### *Bakit ako magsisimba tuwing araw ng Linggo?*

**Layunin :**

- ❖ Makakapanindigan na ang araw ng Linggo, sa Banal na Eukaristiya, ipinagdiriwang natin ang pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesu-Kristo.
- ❖ Makakagawa ng tsart tungkol sa linguhang pagninilay sa Ebanghelyo sa araw ng Linggo.
- ❖ Makakapag-alay ng isang awit na kinakanta na sa Misa bilang pasasalamat sa mga biyayang ibinibigay ng Diyos lalo na ang Banal na Eukaristiya

**KAHALAGAHAN:** Pagsisimba sa araw ng Linggo

**SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Ano ang araw ng Linggo para sa akin at paano ko ginagamit ito?

Paano ninyo pinalilipas ang araw ng Linggo?

Nagsisimba ba kayo kung araw ng Linggo ?

Bakit kailangang tayong magsimba kung araw ng Linggo ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Sa Banal na Ebanghelyo ayon kay San Lukas matutunghayan natin kung bakit kailangan tayong magsimba kung araw ng Linggo.*

**SALITA NG DIYOS : Lukas 22:7-9** [ Huling Hapunan ]

*Malaon nang hinihintay ni Jesus na kumain ng huling hapunan na ito kasama ang mga apostol.*

Hinihintay ba natin at nananabik din ba tayo na makasama Siya sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya lalo na tuwing araw ng Linggo?

Anuman ang ginawa Niya noon sa Huling Hapunan ay nangyayari din tuwing ipinagdiriwang natin ang Banal na Eukaristiya.

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Pagsamba :** Sa Banal na Eukaristiya, ating pinasasalamatan ang Diyos dahil sa buhay at kaligtasang dulot ni Jesu-Kristong Panginoon, na mabisang sumasagisag sa ugnayan ng Diyos at ng sangkatauhan. [KPK 914- 916]

**Katotohanan:** Ang Linggo ay araw ng Panginoon. Ang araw na kung saan ipinagdiriwang ang presensiya ng muling nabuhay na Panginoong Jesus lalong lalo na sa Eukaristiya. [KIK 2174 - 2175; KPK 910]

**Pagsasabuhay :** Iniuutos sa atin ng Diyos na igalang at ipangilin natin ang araw ng Linggo, ang araw ng Panginoon. [ito ang ikatlong utos ng Diyos ] [KIK 2180 – 2183; KPK 917]

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan :** Naniniwala ako na sa araw ng Linggo ay ipinagdiriwang natin ang presensiya ng muling nabuhay na Panginoong Jesu-Kristo lalong lalo na sa Eukaristiya.

**Pagtatalaga :** Gumawa ng tsart Lingguhang pagninilay sa Ebanghelyo sa araw ng Linggo

Unang Linggo	Ebanghelyo	Pagninilay

**Pagdiriwang :** *Kahit anong awit sa Misa*

## Paksa 13

### *Maria , Ina ni Jesus at ina rin nating lahat*

#### Layunin :

- ❖ Mauunawaan na si Maria ang Ina ni Jesus at atin ding Ina.
- ❖ Makakapangako ng 5 katangian ni Maria na sisikapang matularan.
- ❖ Makakapag-alay kay Inang Maria ng panalangin.

**KAHALAGAHAN:** Debosyon kay Maria

#### SITWASYON NG BUHAY:

Pag-usapan : Mga debosyon kay Maria.

Anu- ano ang iba't ibang debosyon na ginagawa na ninyo para kay Birheng Maria ?

Bakit ninyo ito ginagawa ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Sino ba si Maria ?*

*Sino ba siya sa buhay natin ? Ano ang paggalang na dapat nating ibigay sa Kanya.*

#### **SALITA NG DIYOS : Juan 19: 25 - 27**

“Nang makita ni Jesus ang kanyang ina at ang minamahal niyang alagad sa tabi nito , kanyang sinabi “ *Ginang narito ang iyong anak .....*”

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

- Katotohanan:** Si Maria ay ina ni Jesus at ina ng Simbahan .  
[KIK 963, 495; KPK 519- 520; KPK 1433 – 1435 ]
- Pagsasabuhay :** Marapat lamang na igoalang at ituring si Birheng Maria bilang isang halimbawa na dapat tularan.  
[KPK 1440; KIK 971]
- Pagsamba :** Sa pamamagitan ng mga pistang Liturhiko at sa panalangin ukol kay Maria tulad ng Santo Rosaryo ay naipapahayag natin ang ating debosyon kay Maria.  
[KPK 1539 - 1540]

#### *Note to the Catechists :*

*Ang pagsamba na binibigay natin sa Banal na Santatlo ay tinatawag na “cultus patriae “ – highest kind of worship , adoration. [Canon Law 1255 paragraph 1] Espesyal na paggalang sa Mahal na Birheng Maria ay “ cultus hyperduliae / hyperdulia” – special veneration or worship ; Paggalang sa mga Santo “cultus duliae” – veneration or worship.*

#### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

- Paninindigan:** Kinikilala ko si Birheng Maria bilang ina ni Jesus at akin ding ina.
- Pagtatalaga :** Maglista ng 5 katangian ni Birheng Maria na sisikapin mong tularan simula ngayon.
- Kaya mo bang magdasal ng Santo Rosaryo araw araw bilang debosyon at parangal kay Birheng Maria, OO o Hindi?
- Pagdiriwang:** Magdarasal ng isang dekada ng Santo Rosaryo

## Paksa 14

### *Espiritu Santo, lakas ng Kristiyano*

#### **Layunin :**

- ❖ Makakapaniwala na ang Espiritu Santo, na ipinahayag at ipinangako ni Jesus na Patnubay, ang nagbibigay lakas sa mga Kristiyano.
- ❖ Makapagtatala ng mga gagawin kung paano haharapin ang mga hamon sa buhay sa mga sandali ng pagkatakot, at paghihirap.
- ❖ Makakapanalangin sa Espiritu Santo.

**KAHALAGAHAN:** Katatagan ng loob

#### **SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Alamin mula sa mga mag-aaral :

Ilan sa kanila ang nabinyagan na ...

Ilan sa kanila ang nakumpilan na..

Bakit ang ilan sa kanila ay di pa nakukumpilan .....

Bakit kailangan pa tayong kumpilan ?

Ano ang Sakramento ng Kumpil sa buhay natin ?

- ❖ Mga karanasan nila ng pagkatakot, ninenerbiyos , kinakabahan, nahihirapan

Ano ang ginawa nila ....

Saan sila tumakbo para humingi ng tulong .....

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos:*

*Ang mga alagad ay nakaranas din mga takot tulad ng mga nararanasan natin. Kanino sila humingi ng tulong?*

*May ipinangako ang Panginoong Jesus na tutulong sa kanila .....*

#### **SALITA NG DIYOS Juan 14 : 16**

*“dadalangin ako sa Ama at kayo’y bibigyan Niya ng isa pang PATNUBAY na magiging kasama ninyo magpakailanman”*

#### **Gawa 2: 1-8**

*“.... May nakita silang wari’y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay napaspos ng Espiritu Santo.....”*

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan:** Ang Espiritu Santo na pinahayag at ipinangako ni Jesus na Patnubay ang nagbibigay lakas sa mga Kristiyano.  
[Juan 16: 5-15]

**Pagsasabuhay :** Ang birtud na lakas ng loob, na ipinagkaloob ng Espiritu Santo ay nagdudulot sa atin ng kakayahang lupigin ang takot kahit na ang kamatayan at harapin ang mga pagsubok at pag-uusig . [KIK 1808]

**Pagsamba :** [ Araw ng Pentekostes – Limampung araw pagkatapos ng kapistahan ng muling pagkabuhay ni Jesus ]

Taon – taon ay ipinagdiriwang natin ang Pentekostes bilang pasasalamat sa Diyos sa pagsusugo Niya ng Espiritu Santo para sa atin. [Gawa 2: 1-13; KPK 1300]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Naniniwala ako na ang Espiritu Santo na pinahayag at ipinangako ni Jesus na patnubay ang nagbibigay lakas sa mga Kristiyano.

**Pagtatalaga :** Paano mo haharapin ang mga hamon sa buhay sa mga sandali ng pagkatakot, ninenerbiyos, kinakabahan o nahihirapan ?

**Pagdiriwang:** Panalangin sa Espiritu Santo

---

---

**KATEKESIS  
PARA SA  
IKALAWANG TAON  
SA MATAAS NA PAARALAN**

*Kabilang ako sa Simbahan*

---

---

## BUOD

Sa Binyag, naging kabilang tayo sa Simbahang Katoliko . Bilang kasapi ng Simbahan, at kaibigan ni Jesus, ipinagdiriwang natin ang mga Sakramento. Dahil sa mga Sakramento tumitingkad ang pagkakaisa natin kay Kristo na ating kaibigan .

Ang Simbahan na ating kinabibilangan ay ang Simbahan na itinatag ni Jesus. Ito ay may apat na tanda - isa, banal, apostolika at katolika at ito rin ang panawagan sa atin.

Ang bawat isa ay tinatawag sa kabanalan. Ang tawag sa kabanalan ay tawag na maging mapagmahal na tao sa ganap na buhay kasama ng iba, sa pamayanan, sa harap ng Diyos bilang pagtulad kay Jesu-Kristo. Sinusunod natin ang utos ng Diyos dahil tayo ay naniniwala, nananalig , nagtitiwala, nagmamahal at umaasa sa katuparan ng Kanyang pangako na makabilang sa hanay ng mga banal.

Dahil sa minahal tayo ng Diyos, nararapat lamang na ating paglingkuran ang mga dukha sa ating paligid.

Bilang pasasalamat at pagpupuri, hinihikayat ang bawat isa na makiisa sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya at ng mga Pista ng ating Simbahan kung saan tayo kabilang.

---

---

## *Kabilang ako sa Simbahan*

### MGA NILALAMAN

Paksa 1 : *Kabilang ako sa Iglesia Katolika*

Paksa 2 : *Pakikipag-isa kay Jesu-Kristo*

Paksa 3 : *Binyag , personal na pakikipagtipan ko sa Diyos*

Paksa 4 : *Mga tanda ng Iglesia Katolika*

Paksa 5 : *Tawag sa kabanalan*

*[ Batayang Moral : Kumikilos ako ng matuwid ]*

Paksa 6 : *Anong makapag-hihiwalay sa atin kay Kristo ?*

Paksa 7 : *Kailangan ko pa ba ang kautusan ?*

Paksa 8 : *Higit na malakas ang biyaya ng Diyos kaysa ating kahinaan*

Paksa 9 : *Pananampalataya: Naniniwala, nananalig, nagtitiwala tayo sa Diyos.*

Paksa 10 : *Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin*

*[Banal na Eukaristiya]*

Paksa 11: *Umaasa tayo sa katuparan ng mga Pangako ni Jesus*

Paksa 12 : *Nagmamahal tayo dahil una tayong minahal ng Diyos*

Paksa 13 : *Tayo'y naglilingkod [ Paglilingkod sa Parokya ]*

Paksa 14 : *Ang mga Dukha sa ating Paligid*

*[Pagkamahabagin sa mga mahihirap ]*

Paksa 15 : *Nagdiriwang ng Pista ang ating Sambayanan*

*[ Sumasamba tayo bilang isang sambayanan ]*

## Paksa 1

### *Kabilang ako sa Iglesia Katolika*

#### *Layunin :*

- Mauunawaan na ang Simbahan o Iglesia ay ang mga taong sumasampalataya kay Kristo.
- Mahahamong gumawa kung paano ipapahayag ang Mabuting Balita.
- Makakapagpasalamat sa Diyos sa biyaya ng Binyag, na kung saan ay naging kabilang tayo sa Simbahan.

**KAHALAGAHAN:** Kinabibilangan grupo o samahan

#### **SITWASYON NG BUHAY**

- ❖ Sino ako ?

Ako ay si \_\_\_\_\_  
Ako ay tao  
Ako ay Pilipino  
Ako ay anak nina \_\_\_\_\_  
Ako ay kabilang sa pamilya \_\_\_\_\_  
Ako ay Katoliko

Lahat ng ito ay bumubuo sa ating pagkatao. Hindi tayo nag-iisa, mayroon tayong kinabibilangan.

❖ Ano ang halaga ng mayroon tayong kinabibilangan ?  
Nagkakaroon tayo ng ugnayan sa isa't isa. Lalo nating nakikilala ang ating pagkatao / sarili kapag tinitingnan natin ito kaugnay sa ibang tao.

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Mahalaga ang mayroon tayong kinabibilangang grupo / pangkat / pamayanan. Palalalimin pa natin ito. Tingnan natin ang naging buhay ni Moises.*

**SALITA NG DIYOS: Exodus 1: 15 up to Exodo 2:15 [Ikuwento ]**

Sino si Moises ?  
Saan siya lumaki ?  
Saan siya kabilang ?  
Sino ang nagbigay direksiyon sa kanyang buhay ?

Ang Diyos at ang mga pangyayari sa buhay ni Moises ang nagbigay ng direksiyon sa kanyang buhay .

Nalaman ni Moises na siya ay para sa Diyos at kabilang sa Kanyang bayan.

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Pagsasabuhay :** Tayo bilang binyagan ay may tungkuling ipamansag sa harap ng mga tao ang pananampalataya na tinanggap natin sa Diyos at makiisa sa mga gawain apostoliko at misionero ng bayan ng Diyos. [KIK 763-767; KIK1270]

Nilooob ng Diyos na tayo ay mabuhay. Pinagkalooban Niya tayo ng natatanging gawain o mision dito sa daigdig. Nais Niya na gawin natin ito sa loob ng isang sambayanan, ang Simbahan.

**Katotohanan:** Ang Iglesia o Simbahan ay kalipunan ng mga taong sumasampalataya kay Kristo. [KPK 1606; KIK 751]

**Pagsamba :** Sa Binyag, tayo ay naging kasapi / kabilang sa Simbahan/ Iglesia ang bayang tinipon ng Diyos. [KIK 1267-1270; KPK 1598; KPK 1605]

#### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Ikinararangal ko na mapabilang sa Simbahang Katolika.

**Pagtatalaga :** Maglista ng mga gagawin kung paano ipapahayag ang Mabuting Balita sa mga sumusunod :  
- sa tahanan  
- sa simbahan-sa paaralan-sa komunidad

**Pagdiriwang:Aawitin:** Gumawa ng panalangin ng *Pasasalamat sa Diyos sa biyaya ng binyag* at dasalin.

Awit : The Mission



## Paksa 2

### *Pakikipag-isa kay Jesu-Kristo*

#### **Layunin :**

- Maiintindihan na si Jesus ay kaibigan at tagapagligtas.
- Mahahamong tuparin ang inutos ni Jesus na “mag-ibigan kayo..”
- Makakapag-alay ng isang awit bilang panalangin kay Jesus na ating kaibigan.

**KAHALAGAHAN:** Katapatan bilang isang kaibigan

#### **SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Karanasan sa Pakikipagkaibigan

#### **Pag-uugnay :**

- *Lahat ng tao ay may kaibigan*

Si Jesus, ang anak ng Diyos ay nagkaroon din ng mga kaibigan. [ KPK 960 ]

- Ang mga kaibigan ni Jesus ay ang mga apostol, sina Lazaro, Maria at Martha at marami pang iba.. Si Jesus at ang Kanyang mga kaibigan ay nag-usap, lumakad ng sama-sama, nagpalitan ng mga kuro-kuro, nagtanungan, nagtalo at nagtuwid ng pagkakamali ng isa’t isa.

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Si Jesus ay matatawag nating tunay na kaibigan .... Pakinggan ang sinasabi ni Jesus tungkol sa pakikipagkaibigan...*

#### **SALITA NG DIYOS : Juan. 15: 12-17**

“ *Kayo’y mga kaibigan ko .....*”

Ano ang naka-antig sa inyo sa pagbasang narinig ?

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Katotohanan :** Si Jesus ay tunay at tapat na kaibigan. [Juan 15: 12]

Pag-uugnay : Bilang kaibigan ni Jesus , nais Niya na palagi tayong naka-ugnay sa Kanya.

“*Ako ang puno ng ubas , kayo ang mga sanga.... Manatili kayo sa aking pag-ibig*” [Juan 15:5]

#### **Pagsamba :**

Sa mga Sakramento, lalong lalo na sa Banal na Komunyon ay tumitingkad ang pag-kakaisa natin kay Kristo . [KIK 1391]

#### **Pagsasabuhay :**

Ito ang utos sa atin ni Jesus “ *mag-ibigan kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo... kayo’y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang mga utos ko*”. [Juan 15 : 14 - 17]

#### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

#### **Paninindigan:**

Tinatanggap ko si Jesus bilang aking KAIBIGAN AT TAGAPAGLIGTAS !

#### **Pagtatalaga :**

Paano mo pa mapapaunlad ang iyong ugnayan sa iyong kaibigan. Maglista ng mga gagawin.

#### **Pagdiriwang:**

Awit: *Kaibigan*

### Paksa 3

#### *Binyag , personal na pakikipagtipan ko sa Diyos*

##### **Layunin :**

- Mailalahad na sa Binyag tinanggap natin ang bagong buhay na nagdudulot ng pagkakaiba sa ating buhay.
- Makakapagbigay ng mga gagawin sa araw-araw bilang tanda na tayo ay anak ng Diyos at kasapi sa Simbahan.
- Makakapagdiwang sa bagong buhay na tinanggap sa pamamagitan ng binyag.

**KAHALAGAHAN:** Pakikipagtipan / Pakikipagkasunduan / Pakikipag-ugnayan

##### **SITWASYON NG BUHAY:**

Pag-usapan : Pakikipagtipan / Pakikipag-kasunduan

Kailan tayo nakikipagtipan / nakikipagkasunduan ?

Ano ang pakikipagkasunduan ?

[ pareho kayong nagkakasundo sa isang bagay ]

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Ang Diyos ay nakipagkasunduan din sa tao, una Siyang nakipagkasunduan kay Abraham .....*

**SALITA NG DIYOS: Gen. 15:1-8 ; 17:1-8**

*“ Ako’y makikipagtipan sa iyo at pararamihin ko ang iyong angkan...”*

[ KIK # 59-60 ]

Dahil sa kasalanan nagkawat watak ang tao. Upang muling tipunin ang sangkatauhan na sumambulat ..... pinili ng Diyos si Abram, tinawag siya mula sa lupain, bayan at mag-anak upang gawing “Abraham” na ang ibig sabihin ay “ ama ng maraming bansa”. Ang bayang nagmula kay Abraham ay naging tagalagak .....mula sa kanya ay tinipon ang lahat ng anak ng Diyos. Mula sa liping ito ay nagsimula ang bayan ng Diyos ang IGLESIA / SIMBAHAN . Ang bayang ito ang naging ugat ng kinasaniban ng lahat ng mga mananampalataya.

### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Personal tayong nakikipagtipan sa Diyos at naging kaanib ng Iglesia Katolika noong tayo ay bininyagan. [KIK 1267; KPK 1605]

**Pagsamba :** Sa Sakramento ng Binyag, ipinagdiriwang natin ang bagong buhay na kaloob sa atin ni Kristo. [KIK 1265; KPK 1599 & 1615]

**Pagsasabuhay :** Ipinagkakaloob ng Santatlo sa bininyagan ang grasyang nagpapabanal upang sumampalataya, umasa at ibigin ang Diyos, upang mabuhay at gumawa sa patnubay ng Espiritu Santo at upang umunlad sa gawang mabuti. [KIK 1266]

### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Sa binyag tinanggap ko ang bagong buhay na nagdudulot ng pagkakaiba sa aking buhay

**Pagtatalaga :** Paano ko pa maipapakita na sa binyag ako ay naging anak ng Diyos at kasapi ng Iglesia Katolika. Magtala.

**Pagdiriwang:** *Awit: Isang Pananampalataya*

## Paksa 4

### *Mga tanda ng Iglesia Katolika*

#### *Layunin :*

- Mailalahad ng buong tapang ang katotohanang ito: Ako ay katoliko at hindi ko ito ikinahihiya.
- Mahahamang makisangkot sa mga gawaing pangsimbahan.
- Makakagawa ng maikling panalangin sa pagkakaisa ng lahat ng mga kristiyano.

**KAHALAGAHAN:** Pagka-katoliko O Pagiging Katoliko

#### **SITWASYON NG BUHAY**

Pag-usapan / Talakayin : Iba't ibang simbahan at sekta. Alamin kung sinu sino sa kanila ang Katoliko, Iglesia ni Kristo, Protestante, Born again, Muslim at iba pa.

Itanong : Bakit kayo Katoliko? Bakit kayo INK ? at iba pa.

Bakit kaya napakaraming mga simbahan at sekta ? [ Ang sekta ay isang grupo ng mga tao na humiwalay mula sa isang malaking grupong pangrelihiyon dahil mayroon silang paniniwala at tuntunin na hindi tinatanggap sa malaking relihiyon na dating kinabilangan nila.]

Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba nila [ iba't ibang mga simbahan at sekta ?]

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos Ang Simbahang Katolika na ating kinabibilangan ay isa, banal, apostolika at katolika .*

Bibigyang linaw natin ito sa Ebanghelyo na ating pakikikingan ...

**SALITA NG DIYOS : Mateo : 28: 16 - 20**

[ Ipinadala ng Panginoong muling nabuhay ang Kanyang mga alagad sa lahat ng bansa. ]

*”Humayo kayo.... sa lahat ng mga bansa.... saan mang dako.....Turuan silang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo....”*

Nagturo ba ang mga apostol ? Magkuwento tungkol sa Phillipine Church history paanong mula sa mga apostol ay nakarating sa Pilipinas ang ating relihiyon....

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Ang Simbahan na ating kinabibilangan ay ang Simbahan na itinatag ni Jesus. Ito ay may apat na tanda : Isa, Banal, Apostolika at Katolika. [KPK 1358; Read als o KIK 811- up to 865 [ Buod KIK 866-869; KPK 1391 -1411]

**Pagsasabuhay :** Sa ating pakikiisa at pakikisangkot sa mga gawaing pang Iglesia/ Simbahan naipagpapatuloy natin ang misyon na iniwan sa atin ni Jesus. [KPK 1412-1414; KIK 897-900]

**Pagsamba :** Sa ating sama-samang pagdiriwang / pakikilahok sa Lituhiya ( lalo na ng Banal na Eukaristiya ) ang ating pananampalataya bilang pamayanang kristiyano ay lumalago at tayo ay nagkakaisa. [KPK 1905; KIK 1140; KIK 1396; KIK 1398; KPK 1504; KPK 1507-1508]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan :** Ako ay Katoliko, hindi ko ito ikinahihiya !!

**Pagtatalaga:** Handa akong makisangkot sa gawain pang simbahan , Paano ?

**Pagdiriwang :** Panalangin para sa pagkakaisa ng lahat ng mga Kristiyano

*Awit: Humayo't Ihayag*

## Paksa 5

### *Tawag sa kabanalan [Batayang Moral : Kumikilos ako ng matuwid*

#### **Layunin :**

- Mapapanindigan na ang bawat isa ay nilikha, tinubos at pinababanal ng Banal na Santatlo.
- Mahahamong maging matuwid at makatarungan na tao.
- Makakapagsuri ng budhi at makakapanalangin.

**KAHALAGAHAN:** Pagiging matuwid / banal

#### **SITWASYON NG BUHAY**

Kasaysayan ng mga taong matuwid o banal

- Mayroon pa bang mga taong matuwid / o banal sa ngayon ?
- Paano natin sila matutularan ?
- Naranasan na ba ninyo ang maparatangan, parusahan, pagbintangan o minaltrato?
- Ano ang ginawa ninyo ?
- Saan kayo humanap ng katarungan ?
- Sapat na ba para sa inyo ang malamang : “Wala akong ginawang masama?”

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos Ano ang pagiging matuwid at makatarungan.?Sa Banal na Kasulatan matutunghayan natin ang isang tao na nagpamalas ng pagiging matuwid at makatarungan.....*

#### **SALITA NG DIYOS: Genesis Kabanata 37 hanggang Kabanata 47**

[ Magbigay ng maikling background kung sino si Jose at anong lahi ang kaniyang pinagmulan] Isalaysay ang naging buhay ni Jose

- Ano ang pangyayari sa buhay ni Jose ang nagpapatunay na siya ay isang taong matuwid ?

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Kaotohanan:** Sumasampalataya tayo na nilikha ng Diyos ang lahat ng tao na Kanyang kalarawan at kawangis. Naniniwala tayo na tinubos tayo sa pamamagitan ni Jesu-Kristo, at pinabanal sa pamamagitan ng Espiritu Santo. [KPK 685]

**Pagsasabuhay :** Ang Kristianong moral na buhay ay walang iba kundi ang tawag na maging mapagmahal na tao sa harap ng Diyos, bilang pagtulad kay Jesu-Kristo.[KPK 682 & 712]

**Pagsamba :** Sa Sakramento ng pagbabalik-loob , tinatanggap natin ang kapatawaran ng Diyos sa di natin pagsunod sa ating budhi ( sa di pagiging matuwid at makatarungan, )at nakikipagkasundo tayo sa Kanya at sa isa't isa .[KPK 1771 – 1772, 1775]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Sumasampalataya ako na nilikha ako ng Diyos Ama, tinubos ni Jesu-Kristo at pinabanal sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

**Pagtatalaga :** Paano ka makatutugon sa tawag ng Diyos na maging matuwid at makatarungan.

**Pagdiriwang:** Pagsisiyasat ng budhi

*Awit: Sa Kabila ng Lahat (Fr. Arlo B. Yap)*

## Paksa 6

### *Anong makapag-hihiwalay sa atin kay Kristo?*

#### **Layunin :**

- Makakapagpatotoo na ang kasamaan/kasalanan ang makakapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos.
- Makakapagtala sa mga nagawang kasalanan at makakapagtalaga kung anong paraan ang gagawin upang makahingi ng tawad sa mga taong nagawan ng pagkakasala.
- Makapagsusuri ng mga kasalananang nagawa at dadasalin ang panalangin ng pagsisisi.

#### **KAHALAGAHAN:** Pagsisisi

#### **SITWASYON NG BUHAY**

Mga nakakasira sa pakikipagkaibigan

- ❖ Anu-ano ang mga nakakasira sa isang matalik na pakikipagkaibigan?
  - ❖ Anong mga bagay ang makapagpapahina at tuluyang makakasira sa isang pagkakaibigan?
  - ❖ Ang mabuting pakikipagkaibigan ay hindi nangangahulugan
- Pagtatakpan ang masama  
- Pababayaan na gumawa ng kasalanan-Paglaban sa may kapangyarihan tulad ng ginagawa ng mga gang o barkada

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos Hindi madaling makita sa unang tingin kung alin nga ang mabuti o masama. "Mag-ingat tayo !!!"*

*Si Judas ay isa sa mga pinakamalapit na kaibigan ni Jesus. Siya ay nagkanulo sa Panginoon. Hindi siya naging tapat na kaibigan.*

#### **SALITA NG DIYOS : Mk . 14 1-2 , 10-11**

Anu - ano ang mga dahilan kung bakit ipinagkanulo ni Judas ang kaibigan niyang si Jesus ?  
Additional Text : Lukas 22: 21-23

*Pag-uugnay sa Katotohanan : Ang kasamaan / kasalanan ang makapaghihiwalay sa atin kay Kristo....*

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

- Katotohanan :** Ang kasalanan ay isang kataga, isang gawa o isang pagnanasang taliwas sa walang - hanggang batas, pagtanggap sumunod sa tawag ng sarili nating budhi tungo sa mabuti; pagtakwil sa Diyos ,at sa ating tunay na sarili at sa iba; paglabag sa mapagmahal na tipan ng Diyos sa atin. [KPK 761-762; KIK 1440]
- Pagsamba :** Sa Sakramento ng Pagbabalik – loob tinatanggap natin ang lakas na nagmumula kay Kristo, na kailangan natin sa pakikipaglaban sa malisya at kasamaan ng kasalanan. [KPK 777]
- Pagsasabuhay :** Panawagan ni Kristo sa ating lahat : isang radikal na pagbabago ng puso – isang pagtalikod – mula sa kasalanan tungo sa paglilingkod sa kaharian ng Kanyang Ama. [KPK 787; KIK 1430 -1431]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan:** Naniniwala ako na ang kasamaan / kasalanan ang makapaghihiwalay sa akin sa pag-ibig ng Diyos
- Pagtatalaga :** Itala ang mga nagawa kasalanan at gumawa ng pagtatalaga kung anong paraan ang gagawin upang makakahingi ng kapatawaran sa mga taong nagawan ng pagkakasala.
- Kailan ka huling nagkumpisal at kailan ka nagbabalak na muling magkumpisal?
- Pagdiriwang:** Dasalin ang pagsisisi

## Paksa 7

### *Kailangan ko pa ba ang kautusan ?*

#### **Layunin :**

- Maipapaliwanag na mahalaga na masunod ang mga kautusan sapagkat ito ay pamantayan para sa pagpapasya ; tumutulong sa ating moral na pag-unlad; nagkakaloob ng katatagan at palagiang kaayusan.
- Makakapagtala ng mga gagawin upang maitaguyod na mahalaga ang mga batas o alituntunin.
- Madarasal ng taimtim ang panalanging “Ama Namin”.

#### **KAHALAGAHAN:** Pagsunod sa batas

**SITWASYON NG BUHAY:** Pag-usapan : Ano ba ang mga batas at kautusan na ibinigay ng Diyos at ng mga tao.

Ano ang kahulugan nito sa buhay ko?

Kahalagahan ng pagsunod sa mga patakaran sa bahay, paaralan , simbahan, lipunan .

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos Ang batas ay para sa kabutihan ng lahat. .... ang Diyos ay nagbigay din sa atin ng mga batas, anu-ano ang mga ito ?*

#### **SALITA NG DIYOS : Exodo 20 : 2-17**

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Katotohanan :** Ang batas ay isang alituntunin ng katuwiran na itinakda ng may kakayahang nasa kapangyarihan alang alang sa kapakanang panlipunan. Tungkulin ng moral na batas: pamantayan para sa pagpapasya ; tumutulong sa ating moral na pag-unlad; nagkakaloob ng katatagan at palagiang kaayusan.[KPK 801 – 803 ]

**Pagsasabuhay :** Ang Sampung Utos ng Diyos ay mga moral na utos na kung paano iibigin ang iba at susundin ang sariling utos ni Kristo na umibig.

*[Pahayag ang sampung utos at bigyan ng maikling paliwanag ang bawat isa] [KPK 864 ; 867 ; 925 ; 926]*

#### **Pagsamba :**

Sa panalanging “Ama Namin” hinihiling natin sa Diyos na masunod natin ang Kanyang kalooban lalo na sa pamamagitan ng pagganap ng mga “panrelihiyosong” tungkulin ng pananalangin at pagsamba tuwing Linggo.  
[KPK 2159; KIK 2822]

#### **TUGON NG PANANAMPALATAYA**

#### **Paninindigan:**

Naniniwala ako ang pagsunod sa kautusan ay patungo sa kaayusan ng buhay.

#### **Pagtatalaga :**

Magtala ng mga gagawin upang maitaguyod na mahalaga ang pagsunod sa batas o alituntunin.

#### **Pagdiriwang:**

Dasalin ng buong puso ang “Ama Namin”

## Paksa 8

### *Higit na malakas ang biyaya ng Diyos kaysa ating kahinaan*

#### *Layunin :*

- Mailalarawan na ang Iglesia o ang Simbahan ay binubuo ng mga banal at makasalanan.
- Makakapaglahad ng mga gagawin kung ano ang mga kailangang baguhin o ituwid sa pag-uugali upang maging banal.
- Makapagsusuri ng sarili at madarasal ang *Salmo 51*.

**KAHALAGAHAN:** Pagmamahal sa Simbahan

#### SITWASYON NG BUHAY

May mga kilala ba kayo na dating masama pero nagbagong buhay na ?

Bawat isa sa atin ay may **pagkakamali** at may **tagumpay** laban sa kamalian.

Kailan natin masasabing nagkamali tayo ?

Kailan naman natin masasabing nagtagumpay tayo laban sa kamalian ?

Sa bawat kamalian at tagumpay na ating nagagawa , nariyan ang Diyos na sumusubaybay sa atin. Kapag umaasa tayo sa **biyaya ng Diyos**, ang mga tagumpay man o kabiguan ay gagawin Niyang makabubuti para sa atin. Ang mahalaga ay lubusan tayong umaasa sa biyaya ng Diyos. [Higit na malakas ang biyaya ng Diyos kaysa ating kahinaan]

**SALITA NG DIYOS:** Basahin ang **Lukas 22:31-34** ; pagkatapos ay ikuwento ang **Lukas 22:54-62**

Pagsusuri ng teksto : Magtanong tungkol sa dalawang pagbasa

Buod :Napakalapit ni Pedro kay Jesus; sinabi niyang handa siyang mabilanggo at mamatay para kay Jesus subalit sa kabila nito ay nagawa pa rin niyang itatwa ang Panginoon.

Ano ang masasabi ninyo kay Pedro ? Si Pedro ay banal at makasalanan. Bagamat makasalanan siya ay naging alagad , martir at santo.

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan:** Ang Iglesia o Simbahan ay binubuo ng mga banal at makasalanan. [KPK 1398; KIK 827]

**Pagsasabuhay:** Ang lahat ng kasapi ng Simbahan ay tinatawag sa kabanalan. [KPK 1399-1400; KIK 825-826]

**Pagsamba :** Ang mga Sakramento ay mga mapangligtas, nakikitang tanda na nagmumula sa ministeryo ni Kristo at pinagpapatuloy sa Simbahan, sa pamamagitan ng Simbahan, at para sa Simbahan na kapag ipinagdiriwang nang maypanananampalataya ay humihikayat sa ating maging kawangis ni Kristo. [KPK 1531]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Naniniwala ako na ang Iglesia o Simbahan ay binubuo ng mga banal at makasalanan.

**Pagtatalaga :** ( Isulat )Ako ay tinatawag upang maging banal , ano ang dapat kong baguhin sa aking pag-uugali upang maging banal?

**Pagdiriwang:** Pagsusuri ng sarili at pagdarasal ng *Salmo 51*



## Paksa 9

### *Pananampalataya: Naniniwala, nananalig, nagtitiwala tayo sa Diyos.*

#### Layunin :

- Maipapahayag na ang iisang Diyos ay Ama, Anak at Espiritu Santo na nagmamahal sa atin.
- Makakapagplano ng mga gagawin upang lalo pang tumibay ang pananampalataya.
- Mabibigkas ng buong pananampalataya ang panalanging “*Ang Sumasampalataya*”.

#### KAHALAGAHAN: Pananampalataya

#### SITWASYON NG BUHAY

Naniniwala ka ba sa mga sumusunod :

- Faith healer,
- Horoscope,
- Manghuhula,
- Pangitain,
- Sa mga hula/ prediksyon

Bakit ka naniniwala ?

Ano naman ang ibig sabihin ng nagtitiwala ?

Sino ang mga taong pinagkakatiwalaan mo ?

Bakit ka nagtitiwala sa kanila ?

[Halimbawa: kapag sumakay tayo sa jeep iniisip ba natin na baka mabanga ito? Hindi. Bakit ? kasi nagtitiwala tayo sa driver ng jeep na iingtan niya ang pagmamaneho para makarating tayo sa ating paroroonan ]

[ Summarize their answers : KPK 119-121]

Naranasan mo na ba ang maniwala at magtiwala pero nabigo ka, naligaw, nasaktan, nadaya ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Sino kaya ang maari nating mapaniwalaan at mapagkatiwalaan na tiyak na ligtas tayo ?*

## SALITA NG DIYOS : Juan 20 : 19-31

Sabi ni Tomas “ Hangga’t hindi ko nakikita ang butas ng mga pako sa kanyang mga kamay at hindi naipapasok ang daliri sa butas ng kanyang tagiliran , hindi ako maniniwala”  
Matapos niyang makita ang Panginoon at maniwala ...Sinabi ni Jesus sa kanya “*Naniwala ka sapagkat nakita mo ako. Mapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakita.*”Naniniwala ka ba na may Diyos? Nagtitiwala ka ba sa Kanya ?

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:

**Katotohanan :** Ang pananampalataya ay isang personal na pakikipagugnayan kay Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas.  
[PCP II , 64-65; KPK 114-115]

Sa pamamagitan Niya, sa Ama, at sa Espiritu Santo, isang pasiya ito ng pagtatalaga ng sarili sa Kanya, ng pagsunod sa Kanya, na pag-alam at pagtanggap ng mga katotohanan patuloy Niyang ipinangangaral sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan. Bilang kasapi ng Simbahan,tayo ay naniniwala sa Diyos na ipinahayag ni Jesu-Kristo, isang Diyos na personal na nakikipag-ugnayan sa atin sa Kanyang pag-ampon sa atin bilang Kanyang anak.....

**Pagsamba :** Ang panalangin ay personal na pakikipag-ugnay sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. [KPK 1475]

**Pagsasabuhay :** Ang tatlong mahalagang dimensiyon ng Pananampalataya  
➤ Paniniwala  
➤ Pagkilos  
➤ Pagtitiwala  
[ *magbigay ng konkretong halimbawa* ]  
[KPK 129-132]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Ako ay naniniwala sa iisang Diyos, Ama, Anak at Espiritu Santo na nagmamahal sa akin.

**Pagtatalaga :** Ano ang mga maari kong gawin upang lalo pang tumibay ang aking pananampalataya ?

**Pagdiriwang:** Dasalin ang “Sumasampalataya”

## Paksa 10

### Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin [ Banal na Eukaristiya ]

#### Layunin :

- Mauunawaan na sa Eukaristiya si Kristo'y "tunay na Emmanuel", tunay na kasama natin.
- Makakapangako na makapagsisimba tuwing araw ng Linggo at Pistang Pangilin.
- Makakapag-alay ng munting panalangin ng pasasalamat sa pamamagitan ng awit.

**KAHALAGAHAN:** Pagpapahalaga sa magandang tradisyon o kaugalian

#### SITWASYON NG BUHAY

Anu-anong mga kaugalian/tradisyon ang ginagawa ninyo sa inyong pamilya?

- Pagdiriwang ng kaarawan, annibersaryo ng kasal
- Pagmamano sa matatanda
- Noche Buena tuwing Pasko
- Family reunion
- Atbp

Sumusunod pa ba tayo sa mga kinaugaliang / tradisyong ito o pinupuna na natin ito?

Mahalaga ba na ipagpatuloy ang mga kinaugalian / tradisyon o hindi na ?

Alin sa mga nakaugalian ang dapat ipagpatuloy at alin ang hindi na ?

May dahilan kung bakit ang isang nakaugalian ay dapat pa ring ipagpatuloy... may malalim na ibinubunga ito sa ugnayan ng ating pamilya o samahan.

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Tayong mga kabilang sa Simbahan ay may mga kinaugalian / tradisyon din na ginagawa at isa na dito ay ang magsimba tuwing araw ng Linggo . Tayong mga kabilang kay Jesu-Kristo ay nagsasama – sama upang tupdin ang bilin Niya .*

Ano ng bilin na ito ni Jesus ?

#### SALITA NG DIYOS: *Lukas 22: 7-9, 13-15, 19-20*

“Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin...”

[*Ipalawanag ang Paskuwa ng mga Hebreo at iugnay ito sa Huling Hapunan ni Kristo at ng mga alagad.*] [KIK 1339 - 1340]

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Ang kusang loob na pag-aalay ni Jesukristo sa Eukaristiya, ng kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay ay tinatawag natin ngayong MISTERYO PASKUWAL — isang katotohanang habang buhay nating pasasalamatan, pagnilayan at ipagdiriwang. [KIK 1362-1367; KPK 1689-1694]

**Pagsamba :** Sa Banal na Eukaristiya ipinagdiriwang natin at inaalaala natin ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo. Sa Huling Hapunan iniutos ni Kristo sa Kanyang mga alagad, “Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin “ [KPK 1698]

**Pagsasabuhay :** Sa Banal na Eukaristiya, si Kristo ay nag-aalok sa atin na lumapit sa Kanya upang ang lahat ay matutong maging tulad Niya, maamo at mababang – loob at hinahangad hindi ang sariling kapakanan bagkus ang sa Diyos [KPK 1736]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Naniniwala ako na sa Eukaristiya si Kristo'y "tunay na Emmanuel", tunay na kasama natin.

**Pagtatalaga :** Magsisimba ako tuwing araw ng Linggo at Pistang Pangilin

**Pagdiriwang:** Awit sa Misa [ sa bahagi ng Pag-aalay o Paghahandog]  
Halimbawa : Unang Alay

## Paksa 11

### Umaasa tayo sa katuparan ng mga Pangako ni Jesus

#### Layunin :

- Maipapahayag ng buong puso na ang Diyos ang dakila nating pag-asa. Siya ang tunay nating maasahan.
- Mahahamong isagawa ang sinabi ng ating Santo Papa Benito XVI “ matuwid na pagkilos, daan upang matutunan ang pag-asa. “
- Makakapanalangin ng maayos , punong-puno ng pag-asa , pananampalataya at pag-ibig.

#### KAHALAGAHAN: Pag-asa

#### SITWASYON NG BUHAY

Song Analysis: May Bukas pa Pag-usapan:

Ano ang naging damdamin ninyo sa awitin natin?

Ano ang mensaheng ipinapahayag sa atin ?

Nagpapahayag ba ito ng mga kataga ng pag-asa?

May alam pa ba kayo na mga kataga o salita na nagbibigay ng pag-asa ?

[Habang buhay may pag-asa , May awa ang Diyos, May Bukas pa ]Sa gitna ng mga kaganapan sa ating bansa tulad ng kakulangan sa edukasyon, laganap na kahirapan, matinding karamdaman, di makatarungan, sakim na pag-uugali,

Ano ang ating inaasahan?

Sino ang ating inaasahan na tutulong sa atin ?

Saan nakasalalay ang pananampalataya at pag-asa ng isang Katoliko ?

Paano ba natin pinalalago, pinayayabong ang ating pag-asa?

Kung mailalarawan natin ang pag-asa , ano ang simbolo na maibibigay ninyo sa kristianong pag-asa ?

Paano natin matututunan at maisasabuhay ang Kristianong pag-asa .

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos Lahat ng ito ay matutunghayan natin sa mga pahayag ng Diyos na ating mapapakigang mula sa Bibliya....*

#### SALITA NG DIYOS: 1 Corinto 2:9

"Hindi nakita ng mga mata ...

”Pahayag 21: 1-5, 22-27 ; 22:5 12-13,21[ bagong langit at bagong lupa ]

**Roma 5: 3-5**

**Ephesians 2:12**[ Ang makilala ang tunay na Diyos ay nangangahulugang magkaroon ng pag-asa ]

**Hebreo 11:1-2**

Pagsusuri ng teksto :

- 1) Ano ang naramdaman ninyo habang pinakikinggan ninyo ang Salita ng Diyos ?
- 2) Anong mga salita o pangungusap ang may dating sa inyo ? Bakit ?
- 3) Ano ang mensahe na ibinibigay sa atin ng Salita ng Diyos ?

*Pag-uugnay sa Katotohanan :Ano ang PAG-ASA ayon sa Salita ng Diyos ?*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

##### **Katotohanan:**

Ang Kristianong Pag-asa ay ang kabutihang nakasalig kay Kristong ating Panginoon at nararanasan sa “pag-ibig ng Diyos” na ibinuhos sa ating puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo”. Nagbibigay ito sa atin ng kasabikan sa pagdating ng Kaharian Diyos at ang pagtatatag ng “bagong langit at ng bagong lupa.” (Efeso 2:12) .

Ayon sa sulat ni San Juan Crisostomo “*Di natatakot ang Kristianong pag-asa sa harap ng pagdurusa, pighati, at pagkawasak bagkus lalo pang tumutubo ang pag-asa sa gitna ng mga ito sapagkat ang pag-asa ay naka-ugat sa Diyos.*” [KPK 2106; KIK 1817 - 1818; KIK 1821]

##### **Pagsasabuhay:**

Ang mahalaga at marangal na pag-uugali ng isang tao ay isinabuhay na pag-asa. Ang ating mga gawa ay dapat maliwanagan ng sinag ng pag-asa. [Spe Salvi # 35]

##### **Pagsamba :**

Sa panalangin, dinadalisan ng Panginoon ang ating pagnanais at dito naisisilang ang tunay na **Pag-asa**. [Spe Salvi # 33,34]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

##### **Paninindigan:**

Ang Diyos ang dakila nating pag-asa. Siya ang tunay nating maasahan.

**Pagtatalaga:** Paano mo pa maisasabuhay ang hamon ng ating Santo Papa Benito XVI “ *matuwid na pagkilos, daan upang matutunan ang pag-asa.* “

**Pagdiriwang :** Gumawa ng *Panalangin ng pag-asa, pananampalatayat pag-ibig* at dasalin.

Maghintay Ka Lamang ( aawitin)  
Kung hindi ngayon ang panahon na para sa iyo.  
Huwag maiinip dahil ganyan ang buhay sa mundo.  
Huwag mawawalan ng pag-asa darating din ang ligaya.  
Ang isipin mo’y may bukas pa na mayroong saya.  
Kabigua’y hindi hadlang upang lumaban ka.  
Huwag kang iiwas kung nabibigo dapat na lumaban ka

Koro:Ang kailangan mo’y tibay ng loob.  
Kung mayroong pagsubok man.  
Ang liwanag ay ‘di magtatagal at muling mahahagkan.  
Ikot ng mundo ay hindi laging pighati’t kasawian  
Ang pangarap mo ay makakamtan.  
Basta’t maghintay ka lamang.

*Awit: Or Magsimula Ka*

## Paksa 12

### *Nagmamahal tayo dahil una tayong minahal ng Diyos*

#### *Layunin :*

- Maipapahayag ng buong pagmamahal na ang Diyos ay pag-ibig.
- Makapagpaplano ng mga gagawin kung paano isasabuhay ang “kawanggawa pangkatawan” at “kawanggawa pangkaluluwa.”
- Makakapag-alay ng isang pagdiriwang para sa pagsisisi sa mga munting kasalanang nagawa.

#### **KAHALAGAHAN:** Pag-ibig

#### **SITWASYON NG BUHAY:** Karanasan tungkol sa Pag-ibig.

Ano ang Pag-ibig ?  
Naranasan na ba ninyo ang umibig ?  
Sinu - sino ang iyong iniibig ?  
Paano ka nagmamahal ?  
Ano ang nag-uudyok sa atin upang magmahal tayo ?  
Ang bawa’t isa ay tinatawag sa pag-ibig sapagkat balang araw , dito tayo bibigyan ng pagsubok ng Diyos ?  
Tatanungin tayo ng Diyos kapag humarap na tayo sa Kanya “ Paano ka ba nagmahal ?”  
Sabi ni St. John of the Cross “ *in the evening of life we will be judged on LOVE alone ...*”

Pakinggan natin ang sinasabi ng Banal na Kasulatan tungkol dito .....

#### **SALITA NG DIYOS: Mateo 25: 31-40**

*“ anuman ang ginawa ninyo sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, ito ay sa akin ninyo ginawa..”Ipinaalala sa atin ng pagbasa na sa katapusan ay haharap tayo kay Jesus, ang hariat hahatulan Niya tayo kung tayo ay umiibig sa ating kapwa o hindi.*

#### **PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

##### ***Pagsasabuhay:***

Ang Pag-ibig ay ipinapakita sa gawa, at ang mga kinaugaliang asal ng pag-ibig sa kapwa ay :

- Ang kawanggawang pangkatawan
- Ang kawanggawang pangkaluluwa

[Ibigay na halimbawa si Santa Teresita ng Niño Hesus na gumawa ng mga ordinaryong bagay ng may extra ordinaryong pag-ibig . “Ang Mabuhay sa pag-ibig“ [KPK 994; KPK 972-974; KPK 940-954; KIK 826]

**Katotohanan:**

Ang Diyos ay pag-ibig . Tayo ay umiibig dahil ang Diyos ang unang umibig sa atin  
**Linkage :** Sa unang bahagi ng Banal na Eukaristiya humihingi tayo ng patawad sa Diyos sa ating mga pagkakasala at pagkukulang sa kapwa ( sin of commission and omission)  
[1 Juan 4 : 10 -12; KPK 944; KIK 1822-1829]

**Pagsamba:**

Ang **Eukaristiya** ay sakramento ng pakikipagkasundo para sa mga pang araw - araw na pagkukulang at mga kasalanang nagawa pagkatapos ng binyag. Sinasagisag nito ang ang pangunahing kahalagahan ng pakikipagkasundo natin sa Diyos at sa isa't isa.[KPK1783]

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan :**

Paninindigan ko “ Ang Diyos ay Pag-ibig“

**Pagtatalaga:**

Magplano ng mga gagawin kung paano isasabuhay ang

- Ang kawanggawang pangkatawan
- Ang kawanggawang pangkaluluwa

**Pagdiriwang:**

*Panalangin ni San Juan Maria Vianney*  
[ hanapin sa KIK 2658]Iniibig kita, Diyos ko;Ang tangi kong mithiin ay ibigin kita hanggang kamatayan.Iniibig kita, O Diyos ko, lubhang kaibig-ibig. Nais kong mamatay habang iniibig kita at di ko nais mabuhay nang di kita iniibig .....

*Awit: Ang mabuhay sa Pag-ibig*

**Paksa 13**

*Tayo’y naglilingkod*  
[ *Paglilingkod sa Parokya*]

**Layunin :**

- Maipapahayag na si Jesus ang huwaran natin sa paglilingkod.
- Makakapagplano ng mga gagawing paglilingkod.
- Makakapag-alay ng panalangin upang maging mabuting tagapaglingkod.

**KAHALAGAHAN:** Paglilingkod

**SITWASYON NG BUHAY**

Pag-usapan : Iba’t ibang uri ng paglilingkod [ different professions ]  
Ano ba ang paglilingkod ?  
Tayo rin ba ay tagapaglingkod ?  
Sino ang ating mga pinaglilingkuran ?  
Paano ba tayo maglingkod ?

[ *magbigay ng halimbawa ng taong naglingkod ng may kababaang loob at hindi naghihintay ng kapalit . Halimbawa: Blessed Mother Teresa of Calcutta ]*

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Alamin natin kung ano ang sinasabi ni Jesus tungkol sa paglilingkod*

**SALITA NG DIYOS: Mateo 20:20-28**

Pagsusuri ng teksto : *Ano ang hiniling ng ina para sa kanyang anak ?*  
Hiniling ng ina nina Santiago at Juan ang pinakaunang upuan.  
*Paano sinagot ni Jesus ang kahilingan ng ina at ng kanyang mga anak ?*  
“Ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang paglingkuran kundi upang maglingkod, at ibigay ang Kanyang buhay sa ikatutubos ng marami ..”

*Paano tinuruan ni Jesus ang lahat niyang mga alagad tungkol sa paglilingkod ?*

**Ang simula ng paglilingkod ni Jesus**

**Mateo 3 :16** “... at nakita Niya ang Espiritu ng Diyos, tulad ng isang kalapati na bumaba sa Kanya ....”

**Lukas 4: 14** “Bumalik si Jesus sa Galilea , at sumakanya ang kapangyarihan ng Espiritu Santo....”

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

- Pagsasabuhay :** Iniutos sa atin ni Jesus na ang “ sinumang nais maging dakila ay dapat maging lingkod “. [Mateo 20 : 26]Ang kabanalan ay tunay na maka-Kristianolamang kapag kaisa ito ng mapagmahal na paglilingkod sa iba.[KPK 940]
- Ang pagkilala kay Jesus ay dapat magdulot ng pagkakaiba sa ating mga buhay. Nararapat na sabayan ito ng mapagmahal na paglilingkod sa kapwa ayon sa pananampalatayang buhay. [KPK 473; Santiago 2:17]
- Katotohanan :** Si Jesus ay huwaran natin sa paglilingkod. [KPK 741] Alalahanin natin ang paghuhugas Niya ng paa ng mga alagad. [Juan 13 : 14-15]
- Pagsamba :** Sa Sakramento ng Binyag pinagkakalooban tayo ng biyaya sa mismong misyon ni Kristo (pampublikong paglilingkod) [KPK 1608-1609]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan:** Si Jesus ang huwaran ko sa paglilingkod
- Pagtatalaga :** Anong paglilingkod ang nais kong gawin
- Sa Simbahan ?[ maging choir, altar server, tagabasa]
  - Sa bahay?
  - Sa paaralan?
- Pagdiriwang:** Gumawa ng *Panalangin upang maging mabuting tagapaglingkod* at dasalin.

## Paksa 14

### Ang mga Dukha sa ating Paligid [Pagkamahabagin sa mga mahihirap]

#### Layunin :

- Maipapahayag ng buong paniniwala na si Jesus ay may pagtangi sa mga mahihirap .
- Makakapagtagalaga na tutulong sa mahihirap sa pamamagitan ng Pondo ng Pinoy .
- Makakapag-alay ng panalangin para sa mga kapatid nating naghihirap.

**KAHALAGAHAN:** Pagtulong sa Kapwa / Pagkamahabagin

#### SITWASYON NG BUHAY

Sitwasyon ng buhay : Mga karukhaan sa paligid

Suggested activities :

- 1.Song Analysis: *Bahay* by Gary Granada
- 2.Present the Philippines economic profile

Bakit hindi tayo naantig o naapektuhan ng kalagayan ng mga mahihirap sa ating paligid ?

Sino nga ba ang dukha ?

Ano nga ba ang tunay na karukhaan?

*Ayon sa ikalawang Konsilyo Plenaryo sa Pilipinas ( PCP II) ang mga mahihirap ay yaong masasabi nating hindi natin ibinibilang sa lipunan tulad ng mga batang lansangan at mga taong walang matirhan, ang mga walang trabaho, ang mga pulubi at iba . Sa kasalukuyan ay halos di na natin mabilang ang mga taong nasa ganitong kalagayan.*

Saang bahagi kaya tayo maaring makatulong ?

Ano kaya ang maaring mangyari sa atin kung babawalain natin sila ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Marami sa atin ang naaawa sa mga taong naghihikahos, mga pulubing ang tirahan ay lansangan , ngunit maaring tayo’y hanggang sa tingin na lang naawa.*

**SALITA NG DIYOS: Lukas 16: 19-31**[ Ang mayaman at si Lazaro]

Ano ang nangyari sa pulubi ?

Ano ang nangyari sa mayaman ?

Ano ang hiniling ng mayaman?

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

- Pasasabuhay:** Ang pagmamahal sa kapwa ay bahagi ng dakilang utos ng pag-ibig. “[Markos 12 : 31.... *ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili, Walang ibang utos na hihigit pa sa mga ito.*’ [KPK 967]
- Pinagpapala ng Diyos ang mga tumutulong sa mga maralita at itinatakwil ang mga tumatanggi. [KIK 2443 - 2446]
- “Ang humihingi sa iyo ay bigyan mo at huwag pagkaitan ang umuutang sa iyo.(Mt.5:42) “Ang tinanggap ninyong walang bayad ay ipamigay ninyong walang bayad.” (Mt.10:8)- kikalalanin ni Jesu-Kristo ang Kanyang mga hirang kung tumutulong sa mga dukha.
- Note : integrate diwa ng Pondo ng Pinoy  
“*anumang magaling kahit maliit basta’t malimit ay patungong langit*”
- Katotohanan:** Si Jesus ay may piling pagtatangi sa mga dukha. Tatlong uri ng dukha : dukha – materially , socially, morally [Luke 4 : 18- 19; Luke 14 : 13 KPK 1187]
- Pagsamba:** Ang tunay na panalangin ay laging nakaugat sa puso at kaugnay sa kapwa na minamahal at pinaglilingkuran. [KPK 1480]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan:** Naniniwala ako na si Jesus ay may pagtatangi sa mga mahihirap.
- Pagtatalaga:** Nangangako ako na tutulong sa mahihirap sa pamamagitan ng Pondo ng Pinoy !
- Pagdiriwang:** Mag-alay ng panalangin para sa mga kapatid na naghihirap.  
*Awit: Isang Kusing*
- 70

## Paksa 15

### *Nagdiriwang ng Pista ang ating Sambayanan [ Sumasamba tayo bilang isang sambayanan]*

#### Layunin :

- Mailalalahad ang paniniwala na sa Liturhiya, ang sambayanang Kristiano ay nagtitipon -tipon upang sambahin , papurihan at pasalamatang ang Diyos.
- Makakapagbigay ng magagandang magagawa sa bawat Misa o Banal na Eukaristiya na dinadaluhan.
- Makakapag-alay ng ilang awiti sa Misa bilang pagpupuri at pasasalamat sa kabutihan ng Diyos.

**KAHALAGAHAN:**Pakikiisa sa mga pagdiriwang

#### SITWASYON NG BUHAY

Anong uri ng mga pista ang ipinagdiriwang natin sa tahanan at sa barrangay ?  
[ Suggestion : *use pictures of different feasts of the saints*]  
Para sa inyo , ano ang “mahalaga” sa isang pista?  
Anu-anong mga bagay o pangyayari ang maaring makasira sa pagdiriwang ng isang pista?  
Paano nakikiisa ang sambayanan sa pagdiriwang ng pista ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Sa pagninilay natin sa mga Salita ng Diyos higit pa nating malalaman ang kahalagahan ng pista.*

#### SALITA NG DIYOS

**Lukas 2: 41** [ Pista ng Paskuwa para sa mga Judio]  
**Juan 13:1** [ sa bisperas ng paskuwa]  
**Colosas 3: 16-17**[umawit ng mga himno ...]  
**Gawa 2: 42** [ mga unang Kristiano nagtitipon –tipon ]

*Pag-uugnay sa Pagsamba : Ang mga pistang panliturhiya na ipinagdiriwang natin ay mga sandali ng pasasalamat at pagpupuri sa Diyos.*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Pagsamba:** Ang LITURHIYA ay ang panalangin ng Simbahang nagtitipon, isang pansimbahang pagkilos , na

ipinagdiriwang ng buong Kristo, ulo at kaanib. Isang maayos na pagtitipon at pakikipagkaisa ng mga binyagan.[ Explain : Liturgical Year / Liturgical Calendar with picture ]

Isaias 12 : 1-6

*Sasabihin mo sa araw na iyon: Pasasalamatan kita O Panginoon, Sapagkat kung nagalit ka man sa akin, Napawi na ang galit mo, At ako'y inaliw.....Sasabihin ninyo sa araw na iyon:” Magpa-salamat kayo sa Panginoon ..... “Siya ang inyong tawagan; Ipaalam ninyo sa mga bansa ang Kanyang ginawa. Ipahayag ninyo ang kadakilaan ng Kanyang pangalan ..... [KPK 1507]*

**Katotohanan :**

Ang sentro ng Liturhiya ng Simbahan ay ang EUKARISTIYA. Ito ay nagpapaalala ng Misteryong Pampaskuwa ng ating Panginoong Jesukristo — — ang Kanyang pagpapakasakit, kamatayan, muling pagkabuhay, pag-akyat sa langit at ang pagsusugo ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng misteryong ito inaalok sa lahat ang kapangyarihan ng mapanligtas na pag-ibig ng Diyos. [KPK 1504]

**Pagsasabuhay:**

Nakaugnay ang Liturhiya sa moral na pamumuhay.

Nilalayan ng Liturhiya na pagtibayin ang ating misyon bilang Kristiano . Isang batayan sa pagsusuri ng tunay na panlituhayang pagsamba ay ang kaugnayan nito sa “*paglilingkod sa ating kapwa.*” [KPK 1510]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:**

Ako ay naniniwala na sa Liturhiya ang sambayanang Kristiano ay nagtitipon tipon upang sambahin, papurihan at pasalamatan ang Diyos.

**Pagtatalaga :**

Magbigay ng magagandang magagawa mo sa bawat Misa o Banal na Eukaristiya na dadaluhan mo .

**Pagdiriwang :**

Awit sa Misa  
Awit: *Purihin at Pasalamatan*

---

# KATEKESIS PARA SA IKATLONG TAON SA MATAAS NA PAARALAN

## *Mga Isyu Ngayon*



---

---

## BUOD

Ang NAGBABAGANG MGA ISYU na tinatalakay sa GABAY na ito ng pagtuturo ng Katekesis ay siyang mga pangunahing katanungan ng buhay na kinakaharap ng papalaking generasyon. Ang maiugnay ang mga ito sa Salita ng Diyos at makita sila sa pananaw ng pananampalataya at sa diwa ng mga pagpapahalagang nakabatay sa Ebanghelyo ay siyang layunin ng Katekesis na ito.

Nilalayan ng GABAY na ito na matulungan ang mga mag-aaral sa ikatlong taon na magnilay, matamang magsuri hinggil sa mga ugat o dahilan ng mga suliranin, at sa pagpapalitan nila ng mga kuro – kuro , at pagbabahaginan ay mahubog ang kanilang kakayahang humatol o magpasya ayon sa paggabay ng mga turo ng Simbahan. Matapos na sama-samang harapin ang mga ISYU nawa’y ang mga Katekista at ang mga tinuturuan ay magkaroon ng buo o may kaisahang pagtingin sa buhay Kristiyano.

---

---

## *Mga Isyu Ngayon* MGA NILALAMAN

- Paksa 1 : *Ang Halaga ng Buhay*  
Paksa 2 : *Kasarian*  
Paksa 3 : *Ang Mabuting Pangangasiwa*  
Paksa 4 : *Ang gawain at paggawa*  
Paksa 5 : *Ang Pag-ibig*  
Paksa 6 : *Jesu-Kristo , sino ka ?*  
Paksa 7 : *Tunggalian*  
Paksa 8 : *Mga Kahirapan*  
Paksa 9 : *Pananampalataya at pag-aalinlangan*  
Paksa 10 : *Integridad*  
Paksa 11 : *Katarungan*  
Paksa 12 : *Ang Bayan Kong Pilipinas*  
Paksa 13 : *Ano ang Relihiyon ?*  
Paksa 14 : *Pag-aaral : Kristiyanong Edukasyon ,  
panghabang buhay*  
Paksa 15 : *Espiritu Santo, isang kaibigan ?*

## Paksa 1

### Ang Halaga ng Buhay

#### Layunin :

- o Maipapaliwang na ang buhay ay may kabuluhan , ang buhay ay banal.
- o Makakagawa ng higit na paggalang, pangangalaga at pag-aalay ng buhay sa iba.
- o Makakapag-alay ng panalangin para sa buhay.

**KAHALAGAHAN:** Pagpapahalaga sa buhay

#### SITWASYON NG BUHAY

**ALAMIN ANG ISYU** Paano pinapahalagahan ang buhay

Suggested activity : Ipapakita sa mga mag-aaral ang mga larawan ng proseso ng pagkakaroon ng buhay ( na mabibili sa Pro-Life Philippines.)

Talakayan:

- o Paano pinahalagahan ng tao ang kaniyang buhay at ang buhay ng iba?
- o Anong pagkakataon sa buhay mo na hindi mo pinahalagahan ang sariling buhay?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Bakit kailangang pahalagahan natin ang buhay? Ano ba talaga ang layunin ng buhay ?*

#### SALITA NG DIYOS

**Genesis 1:26-28** “Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila’y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae”

**Juan 3:16** “kaya’t ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sunampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”

**Juan 10: 17-18** “*iniaalay ko ang aking buhay ....*”

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan:** Ang buhay ng tao ay banal sapagkat ito ay nagmula sa Diyos. [Genesis 2:7; KPK 995; KIK 2258; KIK 2319]

#### Pagsasabuhay:

Nais ng Diyos na igo ang at alagaan natin ang buhay simula pa lamang sa paglilihi hanggang kamatayan kaya iniutos Niya sa atin “Huwag kang papatay”.

- Mahalaga ang buhay
- Ang buhay ay pinaglalaman
- Ang buhay ay itinataguyod
- Ang buhay ay iniaalay

“ *Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay – isang buhay na ganap at kasiya-siya* “ ( Juan 10:10 )

Ang kamatayan ng ating Panginoon ay nagdulot sa atin ng buhay at nagpatunay na ang buhay ay mahalaga. [Exodo 20:13; KIK 2319 – 2325; KIK 2270 - 2271; Compendium of the Social Doctrine of the Church , 112]

#### Pagsamba:

Sa pagdiriwang natin ng Banal na Eukaristiya patuloy nating inaala-ala ang pag-aalay ni Jesus ng Kanyang buhay upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. [KIK 1406 ; 1409]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

##### Paninindigan :

Ang buhay ay may kabuluhan. Ang buhay ay banal.

##### Pagtatalaga :

Paano mo pa higit na igagalang, pangangalagaan at iaalay ang iyong buhay sa iba ?

##### Pagdiriwang:

*Panalangin para sa buhay*

## Paksa 2

### Kasarian

#### Layunin :

- o Maipapahayag na nilikha ng Diyos ang tao na lalaki at babae.
- o Makakapagtala ng mga gagawin bilang pagtulong sa bawat isa.
- o Makakapagpasalamat sa Diyos sa biyaya ng pagiging lalaki at babae.

**KAHALAGAHAN:** Pagkilala at pagtanggap sa kasarian ng bawat isa.

#### SITWASYON NG BUHAY

#### ALAMIN ANG ISYU : Ang maging babae at lalaki ay biyaya sa Diyos.

Kapag ang isang babae ay nagdalang tao kinasasabikan nilang malaman agad ang kasarian ng bata sa sinapupunan.

Ang buhay ng tao ay tinatakan ng kasarian. [KPK 106]

Natutuwa ka ba na ikaw ay isang babae? Bakit ?

Natutuwa ka ba na ikaw ay isang lalaki ? Bakit ?

Maliban sa pisikal na kaanyuan, ano pa ang pagkakaiba ng lalaki sa babae?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Ano ba ang plano ng Diyos para sa lalaki at babae?*

#### SALITA NG DIYOS: Genesis 2: 4-25

*"Hindi mabuti na mag-isa ang tao ; igagawa ko siya ng isang katulong na kawangis niya..."*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

- Katotohanan :** Nilikha ng Diyos ang tao na kawangis Niya. Nilikha silang lalaki at babae. [KIK 355-357; KIK 369-370; KPK 1062]
- Pagsasabuhay :** Nais ng Diyos na ang tao ay magkaisa at magtulungan. [KIK 371-372; KPK 1062]
- Pagsamba :** Sa Sakramento ng Kasal, pinagsasama ng Diyos ang lalaki at babae upang maging iisang laman na magkaloob ng buhay. [Genesis 2: 24; KIK 372; KPK 1922]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Naniniwala ako na nilikha ng Diyos ang tao na lalaki at babae.

**Pagtatalaga :** Para sa mga kababaihan : Magtala ng mga gagawing pagtulong sa kalalalahan.

Para sa mga kalalalahan : Magtala ng mga gagawing pagtulong sa kababaihan.

**Pagdiriwang:** *Panalangin ng pasasalamat ng biyaya ng pagiging lalaki at babae*

Salmo 139:13-14; Salmo 8:4-6

### Paksa 3

#### Ang Mabuting Pangangasiwa

##### Layunin :

- o Maipapaliwanag na ang tao ang katiwala ng Diyos sa lahat ng Kanyang nilikha.
- o Makakapagbigay ng mga gagawin kung paano gagamitin ang mga kakayahan at talino bilang tapat na katiwala ng Diyos.
- o Makakapag-alay ng Panalangin, bilang pagpupuri at pasasalamat sa Diyos na Siyang, may likha ng lahat ng bagay.

**KAHALAGAHAN:** Pagiging tapat na katiwala

##### SITWASYON NG BUHAY

**ALAMIN ANG ISYU:** Mga angking kakayahan at talino ng bawat mag-aaral.

Ano ang mga angking kakayahang at talino ko?

Ano ba ang ginagawa ko sa mga biyayang ito?

Ginagamit ko ba ng wasto ang mga ito o sinasayang ko ?

Paano at kailan ?

Makitid o mababaw ba ang paraan ng pagpapaunlad ko ng mga kakayahang ito?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Ang hustong kaalaman natin ukol sa kahulugan ng pamamahala o pangangasiwa ay makatutulong upang magamit natin ng wasto ang ating mga kakayahan at talino at gayun din ang lahat ng nilikha ng Diyos.*

**SALITA NG DIYOS: Mateo 25:14-30**

*"Magaling , mabuti at tapat na utusan..."*

**1 Pedro 4 : 10** *"Ang bawat isa ay maglingkod sa kanyang kapuwa ayon sa biyayang tinanggap, bilang isang katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos"*

##### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan:** Ang Diyos ang Panginoon at Siyang tunay na may-ari ng sanilikha. Tayo ay kailangang maging tapat na katiwala Niya. [KIK 1730; KIK 279-280]

**Pagsasabuhay:** Tayo ay tinatawagan na isagawa ang mapanagutang pangangasiwa sa lahat ng nilikha ng Diyos. [KPK 341]

**Pagsamba:** Sa panalangin at Liturhiya ay pinupuri natin at pinasasalamat ang Diyos na Siyang may likha ng lahat ng bagay na ating tinataglay. [KPK 349, 1496; LG 36]

##### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Ako ay katiwala ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga nilikha.

**Pagtatalaga :** Magbigay ng mga gagawin kung paano gagamitin ang mga kakayahan at talino bilang tapat na katiwala ng Diyos?

**Pagdiriwang:** Panalangin ng pagpupuri at pasasalamat sa Diyos na Siyang , may likha ng lahat ng bagay.

*Awit : Kahanga-hanga*

## Paksa 4

### Ang gawain at paggawa

#### Layunin :

- o Mauunawaan na sa pamamagitan ng pag-gawa nakikibahagi tayo sa gawain ng Manlilikha.
- o Makakapagplano ng mga gagawin na magiging kalugod-lugod sa Diyos.
- o Makakalikha ng *Panalangin ng Pag-aalay sa Diyos ng lahat ng gawain sa maghapon.*

**KAHALAGAHAN:** Dangal ng Paggawa

#### SITWASYON NG BUHAY:

**ALAMIN ANG ISYU :** Pag-usapan / suriin ang isyu tungkol sa dangal ng paggawa.

Bakit kailangan nating gumawa ?  
Bakit walang gawain ang ibang tao ?  
Bakit nagiging problema ang trabaho o gawain ?  
Ibig ba nating gumawa?  
Kailan at bakit ayaw natin ng isang gawain?  
Bakit nagiging kawili - wili ang isang gawain?  
Maaring gumawa ang isang tao sa pamamagitan ng kanyang mga kamay at isip.  
Alin ang higit na magagamit?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Sa Salita ng Diyos malalaman natin kung ano ang dangal ng paggawa.*

**SALITA NG DIYOS: Genesis 1:28-30** "Magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda at karagatan, sa mga ibon sa himpapawid....."

**Genesis 3: 16-19**[ Matapos na magkasala ang tao , ang lahat ng nilikha ay nagdaranas ng paghihirap na gaya ng dinanas ng mga tao noon.]*Kailangang ibuhos ng tao ang kanyang buong pag-iisip at buong katawan sa paggawa*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Pagsasabuhay :** Ang paggawa ay hindi lamang pantaong karapatan , ito ay isang “ obligasyon , isang tungkulin ng tao.”  
[KPK 1185-1186; KIK 378; Other sources: 1)Vat. II,GS 67; 2) Laborem Exercens 16, 25 27 (JPII);

Compendium of the Social Doctrine of the Church  
Chapter Six )]

**Katotohanan :** Ang paggawa ay isa sa mga katangian ikinaiba ng tao sa ibang mga nilikha. Sa pamamagitan ng paggawa nakikibahagi tayo sa gawain ng Manlilikha.  
[KPK 1181 & 1186]

**Pagsamba :** Ang taong isinasama ang panalangin sa kanyang gawain at ang kanyang gawain sa kanyang panalangin ay nananalangin ng walang tigil. [KIK 2745]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Sa pamamagitan ng paggawa nakikibahagi ako sa gawain ng Manlilikha.

**Pagtatalaga :** Kung ang paggawa ay isang obligasyon at mayroon kang moral na tungkulin , anu ano ang mga gagawin mo na magiging kalugod-lugod sa Diyos?

**Pagdiriwang:** Gumawa ng “*Panalangin ng pag-aalay sa Diyos ng lahat ng gawain sa maghapon*” at dasalin ito.

## Paksa 5

### Ang Pag-ibig

#### Layunin :

- o Maipapahayag na ang umiibig ay naghahangad ng pag-ibig sa kapwa – St Thomas Aquinas.
- o Makakapagplano ng mga gagawing mga tanda ng pag-ibig sa Diyos at sa kapwa .
- o Makakapag-alay ng isang awit bilang pagpapahayag ng pag-ibig natin sa Diyos.

**KAHALAGAHAN:** Pag-ibig

**SITWASYON NG BUHAY**

**ALAMIN ANG ISYU :** Pag-usapan / suriin ang isyu tungkol sa tunay na kahulugan ng Pag-ibig

- Pag-susuri o pag-uusap tungkol sa pag-ibig sa paningin ng media at lipunan
- Sa mga awitin ng pag-ibig o love songs, ano ang sinasabi tungkol sa pag-ibig
- Sa mga patalastas, sa mga telenovela, sa mga sinasabi ng ating kaibigan, ano ang pag-ibig?
- Sinu - sino pa ang nagsasabi sa akin tungkol sa pagmamahal?
- Sa mga samahang mapagkawangawa, ano sa kanila ang pag-ibig?

Tingnan natin ang nangyayari sa kasalukuyan nakikilala ba ng marami kung ano ang tunay na kahulugan ng pag-ibig.

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos Nalalaman ba natin kung saan matatagpuan ang tunay na pag-ibig....Ito ang sinasabi sa atin ng kasulatan tungkol sa pag-ibig .....*

**SALITA NG DIYOS: 1 Juan 4:7-211 Cor. 13 : 4-7**

Si San Juan ang apostol ng pag-ibig, ang matalik na kaibigan ni Jesus. Natutuhan niyang magmahal dahil sa pagsamasama niya sa mahal na Inang Maria. Tingnan natin kung gaaano kalaki ang pag-ibig na ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Siya ang unang nagmahal sa atin. Sinugo Niya sa atin ang Kanyang Anak upang hangin tayo sa kasalanan. Binigay Niya sa atin ang Kanyang Espiritu.

*Pinag-iisipin ko ba kung ano ang tunay na pag-ibig. Ano ang sinasabi sa narinig na pagbasa sa Banal na Kasulatan tungkol sa pag-ibig ?*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Ang pag-big ay matiisin. Ang pag-ibig ay may magandang –loob. Ang pag-ibig ay hindi nananaghili, hindi nagma-mapuri , hindi palalo, hindi lumalabag sa kagandahang asal, di naghahanap ng para sa sarili, di nagagalit, di nag-iisip ng masama. Ang Diyos ay pag-ibig.  
[1 Juan 4:8,16; 1 Cor. 13 : 4-7; KIK 221, 733]

**Pagsasabuhay :** Kung ganito tayo minahal ng Diyos nais ng Diyos na magmahalan tayo sa isa't isa. Dahil kung nagmamahalan tayo, naroroon ang Diyos. [1 Juan 4: 11; KPK 940 – 957]

**Pagsamba :** Ang Banal na Eukaristiya ang pinakamalinaw na tanda ng pagkakaisa at bigkis ng pag-ibig. [KPK 1704]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Ang umiibig ay naghahangad ng pag-ibig sa kapwa – St. Thomas Aquinas

**Pagtatalaga :** Magtala ng mga tanda ng pag-ibig sa Diyos at sa kapwa.

**Pagdiriwang:** Awit : *Ang Mabuhay sa Pag-ibig*

## Paksa 6

### *Jesu-Kristo , sino ka ?*

#### Layunin :

- o Maipapahayag ng buong pananampalataya na si Jesus ay Diyos na totoo at taong totoo.
- o Makakapagbigay ng 3 bagay na gagawin upang maipakitang nagiging Jesus ka rin sa iba ( another Christ or alter Christus ).
- o Makakapag-alay ng panalanging - awit para kay Jesus.

**KAHALAGAHAN:**Pananampalataya kay Hesus

#### SITWASYON NG BUHAY

**ALAMIN ANG ISYU :** Pag-usapan / suriin ang isyu , Sino si Jesu-kristo para sa kanila.

Pagpapakita ng mga larawan ni Jesu-Kristo. Kilalanin si Jesu-Kristo ayon sa mga larawang ito:

- ✓ *Sto Nino*
- ✓ *Nazareno*
- ✓ *Sto Entiero*
- ✓ *Sacred Heart*
- ✓ *Divine Mercy*
- ✓ *Atbp*

[ KPK 466 - 468 ]

Sino ang unang nagturo sa inyo tungkol kay Jesu-Kristo ?

Ano ang sinasabi sa inyo tungkol sa kanya ?

Ano ang paborito mong larawan / debosyon kay Jesu-kristo? Bakit?

Ang pagdedebosyon kay Jesu-kristo ay nakakatulong upang higit nating makilala Siya.

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Sino nga ba si Jesu-kristo?*

**SALITA NG DIYOS: Markos 8: 29-33**

*Nagsalita si Pedro na ang wika , “ Ikaw ang Kristo “ .....[ KPK 465 , 470-473 ]*

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Si Jesu-Kristo ay ang Kristo, ang Panginoon, ang totooong Diyos at totooong tao. [KPK 500; KPK 501 – 512]

**Pagsasabuhay :** Nais ng Ama na pakinggan at sundan natin ang Kanyang anak na si Jesu-kristo.  
[Vatican II - GS 22; Markos 9:7; KPK 528]

**Pagsamba :** Ang Eukaristikong Pag-aalay ng Katawan at Dugo ni Kristo ( Banal na Eukaristiya ) ang sentro ng pag-diriwang ng Simbahan. [KPK 529]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Sumasampalataya ako na si Jesus ay Diyos na totoo at taong totoo.

**Pagtatalaga :** Magbigay ng 3 bagay na gagawin mo upang maging Jesus ka rin sa iba ( another Christ or alter Christus )?

**Pagdiriwang:** *Awit tungkol kay Jesus*

## Paksa 7

### Tunggalian

#### Layunin :

- o Mahahamon na makibaka sa gitna ng mga tunggalian !
- o Makakapaglarawan ng mga gagawin sa pagharap sa mga tunggalian, suliranin at pagtatalo ng kalooban .
- o Makakapag-alay ng panalangin upang magkaroon ng lakas na harapin ang mga tunggaliang nararanasan sa kasalukuyan.

#### KAHALAGAHAN:Katatagan/ paninindigan

#### SITWASYON NG BUHAY

#### Alamin ang isyu : tungkol sa pagharap sa mga tunggalian

Ano ba ang tunggalian ?

Ano pa ang ibang salita na may kaugnayan sa salitang tunggalian ?

- Di pagkakasundo-sundo
- Magkakaibang interest
- Magkakaibang pagpapahalaga
- Alitan
- Paglalaban - laban

Paano nagkaroon ng tunggalian ?

Paano nilulutas ang tunggalian?

- Lumalaban
- Gumaganti
- Nakikipagtalos
- Mahinahong nakikipag-usap
- Walang kibuan
- Umiwas / Deadma

Kung may alitan sa bahay , paano ito nilulutas?

Kung may alitan sa kaibigan?

May mga nangyayari din bang tunggalian o paglalaban-laban sa ating kalooban?

Kaya nga minsan sinabi ni San Pablo “ *Hindi ko maunawaan ang aking ginagawa, yaong ibig ko ay hindi ko ginagawa samantalang yaung kinasusuklaman ko ang siya kong ginagawa.*”

Samakatuwid nararanasan ni San Pablo ang tunggalian sa loob niya.

Tayo, bakit minsan lumalabag sa patakaran ?

Dahil hindi ka naniniwala sa mga ito ? Hindi mo sinusunod dahil hindi nakakatulong sa iyo.Laban ka sa patakaran At doon mo mararamdaman na may tunggalian sa iyong kalooban.

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Nararanasan natin ang tunggalian sa lahat ng panig. Nararanasan din kaya ito ni Jesus. Nakipagtunggali din kaya Siya noong kapanahunan Niya.....*

**SALITA NG DIYOS Juan 8: 42-47** [Nakipagtunggali si Jesus sa mga Hudyo sa panahon Niya]

**Marcos 14 : 35 - 36** Lumayo siya nang kaunti, at pagkatapos ay nagpatirapa upang manalangin na kung maaari’y huwag nang sumapit sa kanya ang oras ng paghihirap. Nanalangin Siya, “*Ama ko, Ama ko! Magagawa mo ang lahat ng bagay. Alisin mo sa akin ang paghihirap na ito, ngunit hindi ang kalooban ko kundi ang kalooban mo ang masunod.*”

Ang Salita ng Diyos at ang Isyu : Tinuturuan tayo ni Jesus na mamuhay sa gitna ng tunggalian [Kabutihan VS Kasamaan]

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

##### **Katotohanan :**

Karamihan sa mga tunggalian ay nagmumula sa ating masasamang hilig o sa kasalanan. Ang kasalanan ay inilalarawan bilang isang paikot-ikot umaalipin sa atin , nakakahawang sakit at bilang pagkasugapa, na nagdadala sa atin sa isang plano ng lumalalim na panlilinlang sa sarili at sa iba at nagtatapos ito sa di-maiiwasang pagkakawatak-watak ng lahat ng ating mahalagang personal at panlipunang pakikipagugnayan. [KPK 773]

##### **Pagsamba :**

Sa tulong ng grasya ng Diyos malalampasan ng bawat isa sa atin ang mga tunggalian , suliranin at mga hidwaan . Sa Sakramento ng Pagbabalik-loob at Pagpapahid ng langis si Kristo ay nagbibigay sa atin ng lakas espiritual sa pakikipaglaban sa malisya at kasamaan ng kasalanan. [KPK 1518, 1519, 1527; 777]



**Pagsasabuhay :** Ang pag-ibig ang pangunahing motibasyon at lakas upang makagawa tayo ng mga moral na pagpapasya at tiyak na pagkilos bilang tunay na alagad ni Kristo. [KPK 791]

Wika ni SanPablo :  
• *pag-ibig ni Kristo ang nag-uudyok sa aking magkaganyan....*” [2 Cor. 5:14]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Makikibaka ako sa gitna ng mga tunggalian !

**Pagtatalaga :** Ano ang makakatulong sa akin upang harapin ang mga tunggalian/ suliranin / pagtatalo na nararam-daman ko sa aking kalooban sa ngayon?

Saan ko hahanapin ang mga kasagutan sa aking mga problema / tunggalian ?

**Pagdiriwang:** Isipin ang kasalukuyang tunggalian (conflict) na kinakaharap at dasalin ng buong puso ang .....

Salmo 51: 10-11. “*Wisikan mo ako ng pangwisik at nang ako’y luminis; hugasan mo ako, at puputi pa ako sa busilak*”

## Paksa 8

### Mga Kahirapan

#### Layunin :

- Makapagpapatotoo na ang kagandahang-loob ng Diyos ay walang hanggan.
- Mahahamong gumawa ng mga gawaing may kalakip na pag-ibig sa kapwa .
- Mahahamong mangumpisal at pagsisihan ang mga nagawang kasalanan.

**KAHALAGAHAN:** Pagitiwala sa kagandahang loob ng Diyos

#### SITWASYON NG BUHAY

**ALAMIN ANG ISYU : Mga matitinding paghihirap (pisikal at emosyonal) na naranasan na nila sa buhay**

Anu- ano ang mga matitinding paghihirap ang naranasan ko na sa buhay ?

- Pisikal
- Emosyonal

Paano ako naaapektuhan ng mga ito ?

Paano ko hinaharap ito ?

- Sinisisi ko ba ito sa iba
- Nililimot
- Tinatakasan
- Nayayamot
- Nagiging agresibo ako

**Sa iyong kabiguan naalala mo ba ang kagandahang – loob ng Diyos .... ?**

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Tingnan natin ang mga pangyayari sa buhay ni San Pedro.....*

Matapos ipahayag ni San Pedro “*Ikaw ang Kristo, ang anak ng Diyos na buhay* “ , inilad ng Diyos na Siya ay magpapakasakit, mamamatay at muling mabubuhay. Naging dahilan ito ng mahigpit na pagtutol ni Pedro.Alamin natin ang katapatan na ipinamalas ni Pedro kay Jesus:

**SALITA NG DIYOS:**

**Markos 8: 31-33** "Lumayo ka sa akin satanas"

**Lukas 22: 33** Sumagot si Pedro "Panginoon handa po akong mabilanggo at mamatay kasama ninyo"

**Lukas 22:46** "Bakit kayo natutulog "

**Mateo 26: 51-52** "Isalong mo ang iyong tabak"

**Lukas 22:54-61** Tatlong ulit na nagtatwa si Pedro  
[ Dahil dito dumanas si Pedro ng matinding paghihirap na emosyonal]

**Lukas 22:62** Nagbalik loob si Pedro. Ano nangyari pagkatapos ng paulit – ulit na pagtaliwas ni Pedro ? Tinalikdan ba Siya ng Panginoon bilang kaibigan ? **HINDI !**

Matapos ng muling pagkabuhay ni Jesus, makailang ulit Siyang nagpakita kay Pedro. Matatagpuan ang isa sa pinakamahalagang pagkikita ni Pedro at ni Jesus sa bahaging ito ng Ebanghelyo ni San Juan.....

**JUAN 21 : 1-7; 19b [ Ipahayag ]** Pagkasabi nito ay winika ni Jesus sa kanya " *sumunod ka sa akin*"

Tinanggap muli ni Jesus si Pedro at nagwika "Sumunod ka sa akin" sa oras ng paghihirap [emosyonal] ni Pedro, nadama niya ang walang hanggang awa at pag-ibig ng Diyos.

*Ang pagtaliwas ni Pedro, ang habag naman at pag-ibig ni Jesus sa kanya at sa ating lahat ..... maasahan ng bawat isa ang pagmamahal na ito.*

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

- Katotohanan:** Ang kagandahang – loob ng Diyos ay walang hanggan. [KPK 103, 966-967]
- Pagsasabuhay:** Nais ng Diyos na mag-ibigan tayo gaya ng pag-ibig Niya sa atin.[" *Mapalad ang mga mahabagin sapagkat kahahabagan sila ng Diyos* "[Juan 15 :12; Matthew 5:7]
- Pagsamba:** Sa Sakramento ng Pakikipag-kasundo tinatanggap natin ang awa at ang walang hanggang pagmamahal ng Diyos. [KPK 1773]

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

- Paninindigan:** Naniniwala ako na ang kagandahang-loob ng Diyos ay walang hanggan.
- Pagtatalaga :** Magbigay ng tatlong gagawin [na sisimulan nang gawin ngayon] na nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa.
- Pagdiriwang:** Panalangin ng Pagsisisi  
  
*Awit :Panaganutan*

## Paksa 9

### Pananampalataya at pag-aalinlangan

#### Layunin :

- o Maipapahayag ng buong puso ang pananampalataya sa Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo.
- o Makakapagtalaga ng mga gagawin na nagpapakita ng paniniwala, pagtitiwala at pagsunod sa Diyos.
- o Madarasal ng buong pananalig ang panalanging “ *Ang Sumasampalataya*”.

#### KAHALAGAHAN: Pananampalataya

#### SITWASYON NG BUHAY

#### ALAMIN ANG ISYU Pamahiin VS Pananampalataya

Ano ang pamahiin ?

Ano ang pananampalataya?

Magbigay ng isang pamahiin .

Bakit ka naniniwala dito ?

Ano ang iyong mga pinaniniwaan tungkol sa Diyos ?

Pinagpapalit ko ba ang aking pananampalataya sa maraming mga bagay na hindi sigurado at hindi totoo. [ halimbawa : horoscope, panghuhula, pagbabasa ng guhit ng palad, ang sinasabi ng mga bituin , faith healing, pangitain at iba pa...]

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Tingnan natin ngayon kung sino talaga ang ating pinaniniwalaan .....*

#### SALITA NG DIYOS: Juan 14 : 1,6,10-12a, 25-26

*"Huwag mabalisa ang inyong puso; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya rin kayo sa akin...."*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

##### Katotohanan :

Ang pananampalataya ay ating personal na pananalig at paniniwala sa Diyos na ating Ama, na ipinakilala ni Jesu-kristo, ang Kanyang sariling banal

na Anak na naging tao, at sa kanilang pananahan sa atin sa pamamagitan ng EspirituSanto, sa Simbahan.

Ang pananampalataya ay ating tugon ng “*utang na loob*” sa “*kagandahang loob*” ng Diyos.  
[KPK 124; PCP II 64; KPK 163; Hebreo 11 : 1; 12:2-3]

[ Ipaliwanag ang ng tatlong mahahalagang dimensiyon ng pananampalataya ]

- Paniniwala
- Pagtitiwala
- Pagkilos

[NCDP 192 - 201; KPK 128 – 132]

#### Pagsasabuhay:

Ang pananampalataya bilang isang aktibong pagtugon sa Diyos ay sumasaklaw sa

- Ating *isipan*, na *naniniwala* sa Diyos na tumawag sa atin sa kaligtasan kay Jesus ;

- Ating *kalooban* at *mga kamay* , na gumagawa ng kalooban ng Diyos at ;

- Ating *puso* , na *naghahabilin* ng ating sarili sa Diyos sa panalangin at pagsamba. [KPK 164]

#### Pagsamba:

Sa dasal na *Kredo* / *Apostles Creed* ipinapahayag natin ang ating pananampalataya sa Diyos. [KPK 223]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

##### Paninindigan:

Ako ay sumasampalataya sa Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.

##### Pagtatatalaga :

Sa mga sandaling nahihirapan ka sa paggawa ng assignment o project sa paaralan, ano ang magagawa ko mo ?

Mag isip ng isang problema na dinadala ng inyong pamilya ngayon, paano mo ito haharapin ?

##### Pagdiriwang:

Dasalin ng taimtim ang dasal na **SUMASAMPALATAYA**

## Paksa 10

### Integridad

#### Layunin :

- o Magkakaroon ng kamalayan na ang isang taong marangal ay buo ang loob, may kabuuan ang kalooban, malinis ang pagkatao at marangal ang buhay.
- o Makakapangako ng mga sisimulang gawin upang maging tanda ng isang marangal na tao.
- o Mailuluhog sa panalangin ang kahilingang unti-unting baguhin at makatulad ni Kristo sa pag-iisip, pagkilos at maging mabuting lingkod.

**KAHALAGAHAN:**Integridad (Pagiging matuwid)

#### SITWASYON NG BUHAY

#### ALAMIN ANG ISYU: Pagkamatuwid laban sa Pagkukuwari at Panlilinlang

Ano ang ibig sabihin ng salitang “ Integridad” ?  
 Kapag narinig mo ang salitang “integridad” sino ang pumapasok sa iyong isip?  
 Sa salitang hapon ang “integridad” ay “keppaku” na ang ibig sabihin ay malinis na puso.  
 Sa wikang latin naman ang “integridad” ay “integer” na ang ibig sabihin ay BUO.  
 Sinong pinuno natin sa bayan at simbahan na masasabi nating “*taong may integridad*” ?  
 Sa tagalog ang pinakamalapit na kahulugan nito ay “dangal”.  
 Kaya kapag sinasabing taong “may integridad” siya ay “taong marangal”.

[ Ang halimbawa nito ay yung isang taong namumuhay sa katapatan, hindi nandadaya upang magtagumpay lamang, kaya niyang humarap sa tao na hindi nahihiya, isang taong iginagalang ng iba kahit na hindi siya mayaman at nananal sa halalan ]

Kailangang maalis sa lahat ng tao ang pagkukunwari at pagbabalat kayo upang lumitaw ang tunay nilang pagkatao. Paano ba maaalis ang pagkukunwari?

- Gawin ito ng may paggalang at mahinahon .
- Palabasin ang totoo.
- Tanggapin kapag sinasabi ng iba ang aking pagkukulang
- Kilalaning lubos ang sarili sa pamamagitan ng pag-alam at pagwawasto sa kahinaan.

- Tanggapin kahit masakit para sa akin kapag pinag-uusapan ako ng iba.  
 Sa ganitong paraan ang integridad o kabuuan ng ating pagkatao na siyang kabaligtaran ng pagbabalat kayo ay lilitaw.

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos:*Tingnan natin ngayon sa *Banal na Kasulatan kung ano ang hugis o itsura ng isang taong may integridad. Makikita natin ito sa katauhan ni JOB. Sino si JOB ?*

#### SALITA NG DIYOS:

Ikuwento ang buhay ni Job [ buod ]” *Sa lupain ng Ur ay may isang lalaking nanggangalang Job, isang taong ganap, matuwid, may takot sa Diyos at umiilag sa masama*” [Sa kabila ng kanyang mga naging pagsubok nanatili pa rin si Job na matuwid may dangal at takot sa Diyos.]

Ang integridad ay ang pagiging TUNAY NA TAO AYON SA NAIS DIYOS. Paano hinatulan ni Jesus ang pagbabalat kayo ng mga Eskriba at Pariseo ? (**Mateo 23 : 1-5 a**)

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

##### *Katotohanan :*

Si Kristo ang ating huwaran sa pagiging taong may integridad. Ang isang taong may integridad o marangal ay taong buo, malinis ang pagkakaisa ng isip , puso at pagkilos, hindi tinatanggap ang anumang pagbabalat kayo at mapanlinlang na pananalita. [Mateo 5 : 37; KIK 2338; Salmo 15]

##### *Pagsasabuhay :*

Ang tunay na tagasunod ni Kristo [ na may integridad o matuwid ] ay nagsasabuhay ayon sa pamumuhay Kristiyano na nakaugat sa turo, gawa at halimbawa ni Jesus. [KPK 675 - 677]

##### *Pagsamba :*

Sa ating pagtanggap at pakikiisa sa mga Sakramento, tayo ay unti unting binabago nito upang makatulad kay Kristo sa pag-iisip, pagkilos, panalangin, pag-ibig, pagpapatawad, at paglilingkod [ taong may integridad]. [KPK 1529]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

##### *Paninindigan:*

Naniniwala ako na ang isang taong marangal ay buo ang loob, may kabuuan ang kalooban, malinis ang pagkatao at marangal ang buhay.

**Pagtatalaga :** Anong 3 bagay ang sisimulan gawin sa bahay upang masabi ko na ako ay isang marangal na tao .

**Pagdiriwang:** *Salmo 51*  
*Ilikha mo ako O Diyos, ng isang malinis na puso, at pagkalooban ako ng isang panibagong espiritung matatag. Huwag akong iwaksi sa iyong harapan at huwag bawiin sa akin ang iyong Banal na Espiritu Ibalik mo sa akin ang kaligayahan ng iyong pagliligtas, at pagtibayin sa akin ang isang maharlika diwa.*

## Paksa 11

### Katarungan

#### Layunin :

- o Mauunawaan na upang makamit ang katarungan kailangang gawin ang tama at kung ano ang nais ng Diyos.
- o Mahahamon na simulan ang maging isang taong makatarungan.
- o Makakapag-alay ng panalangin para sa kapwa nating minamahal at pinaglilingkuran.

**KAHALAGAHAN:** Pagiging Makatarungan

#### SITWASYON NG BUHAY

#### ALAMIN ANG ISYU : Katarungan

Ano ang katarungan ?

Kailan ba natin masasabi na nagiging makatarungan ang isang tao?

Ano nga ba ang tunay na pagiging makatarungan ?

- Pagbibigay ng narapat sa bawat isa
- Paggalang sa magulang at nakakatanda
- Pagsasalita kung kinakailangan
- Pagtatanggol

Ano ang pagiging makatarungan sa paaralan?

Ang guro lamang ba ang dapat maging makatarungan ?

Paano naman ang disiplina sa sarili?

[laging huli, madaldal sa klase, magulo at matigas ang ulo, nangongopya o nandadaya sa eksamen, nagnanakaw at iba pa.]

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Paano tayo makakatulong ngayon upang maituwid ang mga pandaraya at pagsasamantala sa ating lipunan ? Kailangang magsimula tayo sa ating sarili.....*

#### SALITA NG DIYOS : Exodo 18:13-23

[Si Moises ay tinuruan ng kanyang biyenan na turuan ang mga tao tungkol sa batas at pagpapasya at ipaalam sa kanila kung paano dapat mamuhay at kung ano ang dapat gawin. Tinuruan din si Moises na pumili ng ilang taong may kakayahan , may takot sa Diyos , mapagkakatiwalaan at di masusuhulan upang maging pinuno, upang makatulong niya sa paghatol sa bayan sa lahat ng panahon – kung paano maging makatarungan ]

**Kawikaan 21 : 15** “Kapag umiral ang katarungan natutuwa ang matuwid ...”

**Leviticus 19:15** “Huwag kayong hahatol nang walang katarungan”

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Pagsasabuhay :** “Mapapalad ang mga nagugutom at nauhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila” [Mateo 5:6]

Tinawag ni Jesus na mapalad ang mga taong nagsasabuhay ng katarungan. Tinutulungan tayo ni Jesus upang maging responsable tayo sa pagpapasya – kung ano ang tama at matuwid.

[Sa lumang tipan tinuruan si Moises ng biyenan niya na maging makatarungan.]

**Katotohanan :** Ang katarungan ay birtud moral na matiyaga at matatag na kaloobang ibigay sa Diyos at sa kapwa ang nararapat sa kanila . [KIK 1807]

Kung nais natin ang kapayapaan itaguyod natin katarungan. Tandaan natin na kung tayo ay kumikilos ng may katarungan tayo ay nagiging kasangkapan ng kapayapaan Ang unang paraan upang makamit ang katarungan ay gawin ang tama at panindigan kung ano ang nais ng Diyos.

**Pagsamba :** Ang tunay na panalangin ay nakaugat sa puso at kaugnay sa kapwa na minamahal at pinaglilingkuran. [KPK 1480]

Sa simula ng Kuwaresma sa bawat taon, binabangit sa Liturhiya si Isaias, na tinuturuan tayo tungkol sa tunay na kahulugan ng ating panalangin at pag-aayuno ( Isaias 58: 6-9 – tungkol sa pagiging makatarungan sa kapwa)

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan:** Paninindigan ko na upang makamit ang katarungan ay gagawin ko ang tama at kung ano ang nais ng Diyos.

**Pagtatalaga :** Paano mo sisimulan na ikaw ay maging isang taong makatarungan ? Kailan mo ito sisimulan ?

**Pagdiriwang:** Basahing muli ang Isaias 58 : 1-11 at pagnilayan. Mag-alay ng Panalangin para sa mga kapwa nating minamahal at pinaglilingkuran.

## Paksa 12

### Ang Bayan Kong Pilipinas

#### Layunin :

- o Magkakaroon ng kamalayan na ang mga pamahalaang umiiral ay itinatag ng Diyos.
- o Makakapagplano ng mga gagawin upang maging mabuting mamamayan ng Pilipinas.
- o Makakalikha ng panalangin para sa mga pinuno ng ating bayan at buong pagmamahal itong dadasalin.

**KAHALAGAHAN:** Pagmamahal sa bayan

#### SITWASYON NG BUHAY

**ALAMIN ANG ISYU :** Ano ang pagkaunawa nila sa mga sumusunod : **Politika , pamahalaan, gobyerno.**

Ano ang politika ?  
Ano ang pamahalaan ?  
Ano ang gobyerno ?

Ang salitang politika ay galing sa salitang Griego “politica” na ibig sabihin ay “ affairs of the city”, sa tagalog mga “ intindihin o kapakanan ng isang lungsod o siyudad “.

Sa latin naman ito ay “politicus” na ang ibig sabihin ay “ among others or relating to citizens” sa tagalog “kasama ng iba , pakikipag-ugnayan sa mga mamamayan , may kinalaman sa mamamayan.

“Ang gobyerno ay tumutukoy sa mga mambabatas, mga administrador at arbitrators( tagahatol ) sa administrative bureaucracy na kumokontrol sa isang estado , sa isang naibigay na oras at sa sistema ng pamahalaan ( kung saan ang patakaran ng estado ay pinapatupad ).

Ano nga ba ang politika ? Ang pamamahala sa metropolis ( o malaking siyudad) ay tinatawag na pulitika. Kasama na rito ang pagsasayos ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran – pagtatapon ng basura, pagpapadaloy ng tubig, elektrisidad, paggawa at pag-sasaayos ng mga lansangan at kalsada, pagpapatakbo ng trapiko, pamamahala sa aspetong pangkabuhayan, kalakalan at edukasyon .

Sino ang mabuting mamamayan ? Ang sinumang sumusunod sa mga patakaran ng pamahalaan ukol sa : kapayapaan at kaayusan, pagbabayad ng buwis, pagpapahalaga at wastong paggamit sa karapatang bumoto, pag-iingat at wastong paggamit ng mga likas na yaman ng bansa, pagmamalasakit sa kapakanang pangmadla.

Ang pagiging isang mabuting mamamayan ay dapat ugaliin mula sa pagkabata pa lamang — ang kalinisan at disiplina sa sarili na napunla sa murang isipan ng mga bata ay tataglayin nila sa paaralan hanggang sa pagkakaroon ng sapat na gulang at kamalayan sa pagiging isang mabuting mamamayan .

Sa kasalukuyan masasabi mo bang ikaw ay isang mabuting mamamayan ?

Bakit mo nasabi ito?

Sa Banal na Ebanghelyo makikita natin kung paano si Jesus ay naging mabuting mamamayan din ng Jerusalem.

**SALITA NG DIYOS:** Mateo 22 : 15-21

*“Ibigay mo kay Cesar ang para kay Cesar”*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan:** Ang mga pamahalaang umiiral ay itinatag ng Diyos.  
[Roma 13 : 1]

**Pagsasabuhay:** Nais ng Diyos na ibigay natin ang nararapat na pagsunod sa ating pamahalaan [Roma 13 : 6-7]

“Magbayad kayo ng buwis sa kinauukulan, gumalang sa nararapat igoalang at parangalan ang dapat parangalan”. [Titus 3:1]

Ang dahilan kung bakit tayo nagbabayad ng buwis ay dahil ang mga pinuno ng pamahalaan ay mga pinuno ng Diyos at sila ang mga namamahala sa mga bagay na ito.

**Pagsamba :** Sa Banal na Eukaristiya sa bahagi ng “Panalangin ng Bayan” ay ipinapanalangin natin ang mga pinuno ng ating bayan.

[Constitution on the Sacred Liturgy # 53]  
"Idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan para sa lahat ng tao. Idalangin din ninyo ang mga hari, may kapangyarihan, upang tayo'y makapamuhay nang matahimik, mapayapa at maka-Diyos at marangal."  
[1 Timoteo 2 : 1-2 ]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan :** Naniniwala ako na ang mga pamahalaang umiiral ay itinatag ng Diyos.
- Pagtatalaga :** Ano pa ang mga gagawin ko upang maging mabuting mamamayan ng Pilipinas?
- Pagdiriwang :** Gumawa panalangin para sa mga pinuno ng ating bayan. Pumili ng lima at ito ang dasalin.

## Paksa 13

### Ano ang Relihiyon ?

#### Layunin :

- Mapapanindigan na ang Iglesia Katolika ang tunay na relihiyong itinatag ni Kristo, ito ay may tandang iisa, banal, katoliko at apostolika .
- Makakagawa ng mga munting pamamaraan upang maipalaganap ang pananampalataya.
- Madarasal ng buong pagmamahal ang panalangin na "*O Diyos Ko, sumasampalataya ako.*"

#### KAHALAGAHAN: Katapatan sa Diyos

#### SITWASYON NG BUHAY

#### ALAMIN ANG ISYU : Ang aking relihiyon

Ano ba ang relihiyon ?

Ang relihiyon ay kalipunan ng mga sistemang kultural ; sistema ng paniniwala at pandaigdigang pananaw na naglalagay ng tanda na may kaugnayan sa espiritwalidad at moral na pagpapahalaga. Ang salitang relihiyon ay minsan ding naipapalit sa salitang pananampalataya o sistema ng paniniwala .

Anu- ano ang mga relihiyon na alam mo ?

#### *Four Largest Religions*

- *Judaism*
- *Islam*
- *Buddism*
- *Christianity*

#### Main Division of Christianity

- 1) Protestantism
- 2) Eastern Christianity
- 3) Catholic Church

#### Main Religions in the Philippines

Roman Catholic - 80.9 %

Muslim - 5 %

Evangelical – 2.8 %



Iglesia ni Kristo 2.3 %  
 Aglipayan - 2 % Other Christians 4.5 %  
 Others 1.8 %  
 Unspecified 0.6 % None  
 0.1% [ based from 2000 census ]

Bahagi ng relihiyon ay yaong mga

- Pangaral at mga homiliya
- Mga pagdiriwang
- Mga patakaran ng Simbahan
- Prusisyon at iba pa

Sa Lumang Tipan ang kahulugan ng Relihiyon ay ang pag-uugnay sa Diyos ng lahat ng mga pangyayari sa tao .

#### SALITA NG DIYOS:

##### • Ang Relihiyon sa Lumang Tipan :

**Exodo 19 & 20** Isinulat ni Moises ang mga utos ng Diyos sa Kanyang Bayan sa dalawang tapyas na bato at inilagay niya ang mga ito sa banal na dambana. Ang mga ito ang ala-ala ng tipan ng Diyos at ng kanyang bayang Israel. Para sa mga Judio ang relihiyon ay nangangahulugan ng katapatan sa tipan at ng katuparan ng batas at ng mga ipinihayag ng mga propeta.

##### • Ang Relihiyon sa Bagong Tipan

**Mateo 28:16-20** Para kay Jesus ang relihiyon ay pakikipag-ugnayan sa Ama, Anak at Espiritu Santo.

Noong araw ng Pentekostes ipinihayag ni Pedro ang pinaka-ubod o saligan ng ating relihiyon. [ Gawa 2 ]

Ang Relihiyon at ang Kristianismo : ang mga Kristiano sa Antioquia ang unang tinawag na kristiyano . [ Gawa 11:26 ; Gawa 9:2 ] Si Pedro ay nagtungo sa Roma at doon na namatay.

Ang mga unang Santo Papa [ si Pedro ] ay nanirahan sa Roma.Si Santo Papa Juan Pablo II ay nanirahan sa Roma. Ang ating kasalukuyang Santo Papa na si Benito XVI hanggang ngayon ay nasa Roma, doon siya naninirahan.

Anong relihiyon ang nagpapanatili sa turo ng ating Panginoong Jesu-Kristo hanggang sa ngayon?

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Ang relihiyon na nagpanatili sa mga turo ng ating Panginoong Jesu-Kristo ay may tandang isa, banal, Romana katolika at apostolikang Simbahan. At ito ay matatagpuan sa relihiyong Romano Katoliko na itinatag ni Jesu-Kristo. [KPK 1390; KIK 811; KIK 763]

*”Ikaw ay Pedro, sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking Iglesia” ( Mateo 16:18 )*

Ang Iglesia Katolika ay sambayanan ng mga tao na nagkakaisa kay Kristo at ginagabayan ng Espiritu Santo, sa pamumuno ng kahalili ni Pedro ( Santo Papa) at ng mga Obispong nakikiisa sa kanya. Sa gayon, *“patuloy silang tumatahak patungo sa Kaharian ng Ama bilang tagapagdala ng pahayag ng kaligtasang ukol sa lahat.”* [KPK 1444]

**Pagsamba :** Ang Simbahan ay tunay at buhay na katawan na ang mga kaanib ay hinubog sa *Binyag* sa anyo ni Kristo, pinakain sa *Eukaristiya* ng mismong buhay ni Kristong kanilang ulo, at pinag-alab at pinagkaisa ng kanyang Espiritu bilang kaluluwa nito. [KPK 1453]

*Pag uugnay sa Pagsasabuhay: Inilalarawan ng PCP II [ Second Plenary Council of the Philippines ] , ang Simbahan sa Pilipinas bilang “isang pamayanang nasa Misyon”.* [KPK 1414; PCP II, 102-6]

**Pagsasabuhay :** Ang bawat alagad ni Kristo ay may tungkuling palaganapin ang pananampalataya sa abot ng kanilang makakaya.” Tinatawag ang lahat sa misyon ... tinatawag ang lahat ..... ng walang itinatangi .... na ipahayag ang Ebanghelyo.” [LG , 17; PCP II 402]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan :** Naniniwala ako na ang Iglesia Katolika – na relihiyong itinatag ni Kristo ay may tandang iisa, banal, katoliko at apostolika.

- Pagtatalaga :** Sa aking munting pamamaraan , paano ko magagampanan ang tungkuling maipalaganap ang pananampalataya sa abot ng aking makakaya?
- Pagdiriwang :** O Diyos ko, sumasampalataya ako sa iyo at sa lahat ng itinuturo ng Iyong Simbahan sapagkat ikaw ang may sabi noon at ang iyong salita ay totoo. Amen.

## Paksa 14

### Pag-aaral : Kristiyanong Edukasyon, panghabang buhay

#### Layunin :

- o Mabibigyang linaw ang layunin ng Kristiyanong Edukasyon .
- o Makakagawa ng mga plano upang ang pag-aaral sa kasalukuyan ay maging Kristiyanong pag-aaral.
- o Makakapanalangin ng mabuti sa Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo , sa biyaya ng Kristiyanong Edukasyon.

#### KAHALAGAHAN: Kristiyanong Edukasyon

#### SITWASYON NG BUHAY

Bakit tayo nag-aaral ?

Ano ang pag-aaral ?

Ang pag-aaral ko ba at pagkatuto ay may kinalaman sa aking pagiging Kristiyano ?

Ito ngayon ang pagninilayan natin sa mga *Salita ng Diyos* na ating babasahin.....

#### SALITA NG DIYOS: Filipos 1:9-11 ; 4:4-9; Pedro 1:13-21

Ating suriin ang mga pananalitang ito nila San Pablo at San Pedro.....Anu - anong mabubuti ang hinahangad ni San Pablo sa ating mga Kristiano ? [ kaalaman, pagpapasya , pagsang ayon sa mabubuting bagay] Ano naman ang mga tagubilin ni Pedro ?[ maging mahinahon, lubusang umasa sa biyayang idudulot sa inyo, maging banal....]

Sa mga pagbasa, pinapakita na ang pag-aaral ay may kinalaman sa ating pagiging Kristiyano

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

##### Katotohanan:

Ang KRISTIYANONG EDUKASYON ay gumagabay sa atin ..... tungo sa ibayong kaalaman tungkol sa misteryo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagtulong sa isang binyagan na lalong maging mulat at magkaroon ng ibayong kaalaman.  
[Vatican II ,GE ( Gaudium et spes ) 2]

##### Pagdiriwang :

Ang KRISTIYANONG EDUKASYON ay tumutulong sa isang binyagan na sambalin ang Diyos Ama sa

espiritu at katotohanan, lalo na sa mga pagdiriwang ng Liturhiya. [Juan 4: 23]

**Pagsasabuhay :** Ang KRISTIYANONG EDUKASYON ay tumutulong sa isang binyagan na mahubog ang bawat isa sa matuwid na pamumuhay. [Efeso 4:22-2]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan :** Itanim ko sa aking isipan ang layunin ng isang Kristiano habang nag-aaral ako.

**Pagtatalaga :** Paanong ko gagawing ang pag-aaral ko sa kasalukuyan ay maging Kristianong pag-aaral ?[sa pamamagitan ng pagsasagawa ang aking mga tungkulin bilang isang mabuting mag-aaral ; yung aking mga pinag-aaralan na magagandang asal ay gagamitin ko sa lahat ng pagkakataon].

**Pagdiriwang :** **A STUDENT'S PRAYER**

*Loving Father , I stand before you in the midst of confusion and complexities of life. My future sometimes seems distant and unknown.*

*Give me O' Lord , the vision to see the path you set before me. Grant me the courage to follow your way, that through the gifts and talents you have given me, I may bring your life and your love to others. I ask this through Jesus your Son and my brother. Amen.*

## Paksa 15

### *Espiritu Santo, Isang Kaibigan ?*

#### **Layunin :**

- o Maipapahayag ang pananampalataya sa Diyos Espiritu Santo, ang Panginoong nagbibigay buhay at ating kaibigan.
- o Makakapagbigay ng mga gagawin na nagpapakita na ang Espiritu Santo ang Siyang gumagabay at nangunguna sa ating mga pagkilos.
- o Magkakaroon ng isang masiglang pagdiriwang bilang pagpaparangal sa Espiritu Santo na ating Kaibigan.

#### **KAHALAGAHAN:** Pakikipagkaibigan

#### **SITWASYON NG BUHAY**

#### **ALAMIN ANG ISYU :** Karanasan sa pakikipagkaibigan

Dudugtungan ng mga mag-aaral :Ang isang KAIBIGAN ay \_\_\_\_\_

Pag-uusapan :Ang isang kaibigan ay pinili, bawat kaibigan ay biyaya din sa Diyos

Tinuturing mo ba na ang iyong kaibigan ay isang regalo ?

Ikaw ba ay isang mabuting kaibigan? Ano ang katangian ng isang tunay na kaibigan?-

- Ang tunay na kaibigan lang ang makapagsasabi sa iyo na may dumi ka sa iyong mukha, Bakit ? "concern" kasi siya sa iyo.-
- Ang tunay na kaibigan din lang ang makapagsasabi sa iyo kung ang ginagawa mo ay tama ba o mali.
- Ang isang kaibigan ay tumutupad sa kanyang pangako.

Si Jesus ay may ibinibigay din sa atin na kahulugan kung sino ang ang tunay na kaibigan. At ito ay mababasa natin sa ....

#### **SALITA NG DIYOS : Juan 15: 13- 15**

Si Jesus ang tunay na halimbawa ng isang tunay na kaibigan sapagkat handa siyang mag-alay ng Kanyang buhay para sa Kanyang minamahal na kaibigan. Inialay ni Jesus ang Kanyang buhay para sa Kanyang kaibigan.

At nang dumating na ang pagkakataon na kailangan nang lisanin ni Jesus ang mundo , nangako Siya na susuguin niya ang Banal na Espiritu na magiging kasama natin hanggang sa katapusan ng mundo upang Siya ay maging kaibigan din natin na magbibigay sa atin ng buhay, at magiging ating tagapayo, tagapagtanggol, guro.

Paano dumating sa atin ang Espiritu Santo ?

**Gawa 2: 1-13[ Ang pagdating ng Espiritu Santo ]**

Sino ang Espiritu Santo?

Bakit ang Espiritu Santo ay ating tunay na kaibigan ?

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

- Katotohanan :** Ang Banal na Espiritu ang ikatlong persona sa Banal na Santatlo. Siya ang ipinangako ni Jesus na magiging ating kaibigan, ang Panginoong nagbibigay buhay. Siya ang ating Tagapagtanggol, Tagapayo, Tagatulong. Siya ang nagbibigay sa atin ng lakas , gumagabay dahil dinadala niya tao sa matalik na pakikipag-ugnayan kay Jesus. [KPK 1322; KIK 692]
- Pagsasabuhay :** Pinababanal ng Espiritu Santo ang mga Kristiano [ na kaibigan niya ] sa pamamagitan ng pag-aakay sa kanilang makibahagi sa mismong buhay ni Kristo bilang ampong anak ng Ama, at nagpapaalab sa kanilang: [KPK 1343]
- Ibigin ang Diyos at ang bawat isa;
  - Magpatotoo kay Kristo
  - Makilala at mapagpasyahan ang katotohanan at
  - Mabuhay sa mapagmahal na paglilingkod sa kapwa
- Pagdiriwang :** Pinasisigla at pinadadalisa ng Espiritu Santo ang ating sariling personal na panalangin , gayundin ang ating aktibong pakikilahok sa panliturhiyang buhay- panalangin. [KPK 1332]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan :** Sumasampalataya ako sa Diyos Espiritu Santo, ang Panginoong nagbibigay buhay, ang aking kaibigan.
- Pagtatalaga :** Paano mo maipapakita sa paggawa na ang Banal na Espiritu ang siyang gumagabay at nangunguna sa iyong buhay ?
- Pagdiriwang :** Awit: “Come Holy Spirit”

---

---

**KATEKESIS  
PARA SA  
IKA-APAT NA TAON  
SA MATAAS NA PAARALAN**

*Pagbabagong - landas,  
mga sandali ng pagpapasya*

---

---

## BUOD

Ang labing limang Katekesis na ito na GABAY sa pagututuro ay naglalahad ng mga posibleng daan ng pagbabagong landas, mga sandali ng pagbabago ng paniniwala – sa karanasan – sa mga mithiin at pagkilos – sa hangaring isabuhay ang pananampalataya – para sa isang mag-aaral sa Ika-apat na Taon sa mataas na paaralan. Inihahatid ng Katekesis na ito ang kabataang mananampalataya sa konteksto ng kanyang buhay dito at ngayon – sa kanyang kapaligiran at daigdig.

Ang *syllabus* na ito ay gumagabay sa mga katekista at mag-aaral tungo sa paginilay ukol sa katotohanan ng buhay. Yaong mga realidad na kinasasangkutan ng ating paningin, pandinig, isipan, kalooban at puso, na lubhang kailangan sa ating buhay bagama't lumilipas, ay iniuugnay sa mga katotohanan ng ating pananampalataya. Makikita ito ng mga kabataang makakabahagi sa Katekesis, sa liwanag ng Banal na Kasulatan at ng mga turo ng Simbahan, sa paraang abot ng kanilang kamalayan at may kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Katulad ng tatlong naunang mga *syllabus*, ang *syllabus* na ito para sa Ika-apat na Taon ay naglalaman, para sa katekista, ng mga elemento sa pagbubuo ng Katekesis. Kinakailangan pang pag-aralan at hanapin ng bawat isa kung ano ang lalong naangkop sa karanasan at sa buhay-pananampalataya ng mga mag-aaral sa Ika-apat na Taon.

Nawa'y matulungan ng *syllabus* na ito ang katekista at ang kabataang mananampalataya tungo sa pagkakamit ng kagalakan at katiyakang nagmula sa pananampalataya : handang magbigay ng kasagutan sa pag-asang nasa kanya – nakalaang isabuhay ang pagmamahal sa kapwa.

Kasama ng ating mga kabataang mananampalataya, sama-sama tayong maghanda – sa pamamagitan ng mga mumunting pagsisikap, mga mumunting hakbang – para sa maliliit at gayon din sa malalaking mga pagbabago sa ating buhay. Kaisa nila, gugulin natin ang taong ito sa pag-aaral, sa paglago at pag-unlad – sa pag-asang matatamo ang kaganapan at ang kalayaan ng isang tunay na anak ng Diyos.

---

---

## Pagbabagong - landas , mga sandali ng pagpapasya

### MGA NILALAMAN

- Paksa 1 : *Jesu-Kristo, sentro ng ating buhay*  
Paksa 2 : *Buhay ang Salita ng Diyos sa akin*  
Paksa 3 : *Ako nga ba ay tunay na malaya ?*  
Paksa 4 : *Isang Tanging Panawagan Para sa Akin*  
Paksa 5 : *Lalaki at Babae: nilikhang kawangis ng Diyos at tinawag upang magkatuwang*  
Paksa 6 : *Pag-iisang Dibdib, Tanda ng Pagmamahalan*  
Paksa 7 : *Mga Sakramento , Daluyan ng mga biyaya*  
Paksa 8 : *Buhay Panalangin*  
Paksa 9 : *Mga Punong Kabanalan, daan sa isang ganap na kaligayahan*  
Paksa 10: *Usapang Moral: Sino ang susundin ko? Ano ang gagawin ko?*  
Paksa 11 : *Ang matuwid na konsensiya ang gumagabay sa aking pagpili at pagpapasiya*  
Paksa 12 : *Kahirapang laganap sa buong mundo*  
Paksa 13: *Pandaigdigang Usapin.... May kinalaman ba ako ?*  
Paksa 14: *Sumasampalataya Ako sa iisang Diyos , ang Ama, Anak at Espiritu Santo*  
Paksa 15 : *Ang aking Huling Hantungan – Buhay na Walang Hanggan*

## Paksa 1

### *Jesu-Kristo, sentro ng ating buhay*

#### Layunin :

- Maipapahayag na si Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay, ang sentro ng ating pananampalataya.
- Makakasunod sa ilang utos ni Jesus na sisimulan ng gawin sa araw na ito.
- Maipapahayag ng buong puso ang pananampalataya kay Jesu-Kristo.

#### KAHALAGAHAN: Pagkilala

#### SITWASYON NG BUHAY

Jesu-Kristo sino ka ?

Jesu-Kristo, ano ka ?

Jesus Christ is my personal Savior ,

Jesus Christ superstar,

Poong Nazareno,

Lord of Pardon,

ito na ba ang kabuuan ni Jesus?

Sino ang may kapangyarihan na magsalita tungkol kay Jesus?

Mga preachers,

born again christian ,

faith healers,

charismatic,

pari,

katekista ,

ang simbahan,

sila lang ba?

Ang makilala ba si Jesus ay magpapabago ng lahat sa aking buhay?

Kaya ba talagang baguhin ni Jesus ang buong daigdig, sino nga ba itong Kristong ito ?

Ang mga katanungang ito ay tinanong din ni Jesus sa Kaniyang mga alagad .....

#### SALITA NG DIYOS: Mateo 16:13 – 17

"Ano ang sinasabi ng mga tao patungkol sa anak ng tao ?" "Kayo po ang Kristo , ang anak ng Diyos na buhay!"

Ano ang pinaka buod ng tekstong ito ? Anong talata ang nakatawag pansin sa inyo, bakit ?

[ gumawa ng maikling buod mula sa sagot ng mga kabataan ]

Sinabi ni Jesus mapalad si Pedro sapagkat kung siya lamang ay hindi niya maipapahayag ang ganitong katotohanan, dahil ang katotohanan ito ay ipinahayag sa kanya ng Diyos Ama sa langit. Tayo din ay tulad ni Pedro, may mga alam na tayo tungkol kay Jesus subalit masasabi na ba natin na tayo ay may kapangyarihan na magpahayag ng kabuuan ni Jesus ?

Sino ba talaga ang may kapangyarihan o awtoridad na ipahayag si Jesus na mas malawak ?

Ang Banal na Kasulatan lalo na ang bahagi ng Bagong Tipan ang pinaka mahalagang batayan ng buhay, gawain at daan ni Jesus.

Kaya nga sabi ni San Lukas , ang sumulat ng ikatlong Ebanghelyo "Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama " [Lukas 10 :21-22]

Ang Banal na Tipan ay naglalaman ng mga salita ng mga taong nakilala at nakatagpo ni Jesus. Pakinggan natin ang kanilang mga pahayag ..... Hayaan nating ipahayag nila sa atin ang buhay na larawan ni Jesus.

**Pagpapahayag ni San Juan**, si Jesus ang walang hanggang anak ng Diyos na naging tao sa takdang panahon. [Juan 1:1-5, 9-12, 14-15a, 16a-18]

**Ipinahayag ni San Juan Bautista** na siya ay saksi ni Jesus [ Juan 1: 26-27, 29-30,33-34; 3:28 & 30 ]

**Ipinahayag ni San Juan apostol** ang tungkol sa kanyang pangitain sa banal na lungsod ng Jerusalem [ Pahayag 22:3-5] at ipinahayag niya si Jesus bilang ang Alpha at ang Omega [Pahayag 21:5-7]

**Inilarawan naman ni San Pablo** ang kanilang pagtatagpo ni Jesus sa Damascus. [ Gawa 22: 3-16 ]

**Ang Banal ng Ebanghelyo naman ay punong puno ng mga salita ni Jesus tungkol sa kaniyang sarili:**

Juan 8:12 "Ako ang Liwanag ng sanglibutan"

Juan 10:9 "Ako ang pintuan"

Juan 10 :11 "Ako ang Mabuting Pastol"

Juan 14: 6 "Ako ang Daan,Katotohanan at ang Buhay"

Juan 11: 25 -26 "Ako ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay"

Juan 15:5 "Ako ang puno ng Ubas"

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

- Katotohanan:** Si Kristo, ang anak ng Diyos na buhay, ang sentro ng pananampalataya nating Kristiano. Siya ang puso at sentro ng katekesis. Siya lamang ang makapaghahatid sa atin sa pag-ibig ng Ama sa pamamagitan ng Espiritu Santo [KPK 464]
- Pagsasabuhay:** Nais ng Diyos Ama na pakinggan at sundin natin ang mga aral ni Jesus. *”Ito ang minamahal kong Anak, pakinggan ninyo Siya”* [Markos 9:7]
- Pagsamba:** Sa pagdiriwang ng Eukaristiya tuwing Linggo, ipinapahayag ng mga Pilipinong Katoliko ang kanilang pananampalataya kay Jesu-Kristong bugtong na Anak, ang ating Panginoon. [KPK 527]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan:** Kaya mo na bang sabihin na *“ Si Kristo ang anak ng Diyos na buhay, ang sentro ng aking pananampalataya.”*
- Pagtatalaga:** Magbigay ng ilang utos ni Jesus na sisimulan mong gawin sa araw na ito.
- Pagdiriwang:** Ipahayag natin sa ating panalangin
- Sumasampalataya ako kay Jesu-Kristo, iisang anak ng Diyos Panginoon nating lahat, nagkatawang tao Siya lalang ng Espiritu Santo , ipinanganak ni Santa Mariang Birhen, pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus , namatay, inilibing, nanaog sa kinaroroon ng mga yumao. Nang may ikatlong araw, nabuhay namag-uli, umakyat sa langit naluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat Doon magmumulang paririto at huhukumsa nanga nabubuhay at namamatay na mga tao. Amen.*

## Paksa 2

### *Buháy ang Salita ng Diyos sa akin*

#### *Layunin :*

- Maipapahayag na ang Salita ng Diyos ay buháy ! Ang Salita ng Diyos ay may kapangyarihan.
- Makakapagplano ng mga gagawin bilang pagpapahalaga sa Salita ng Diyos.
- Makakapagpakita kung paano iginagalang ang Banal na salita ng Diyos sa pamamagitan ng *“Pagluluklok ng Bibliya.”*

**KAHALAGAHAN:** Pagpapahalaga sa salita ng Diyos - Bibliya

#### **SITWASYON NG BUHAY**

Ang SALITA nga ba NG DIYOS ay “salita ng Diyos” sa akin?  
Ano ang ibig sabihin ng salita?

Sa Aklat ng Hebreo ipinapahayag na ang SALITA NG DIYOS ay “buhay at mabisa” [Hebro 4: 12 ]

Paano nagiging mabisa ang SALITA NG DIYOS sa akin?

Nilalarawan ng ibang tao na ang Bibliya ay “best seller” ngunit wala namang nagbabasa. May mga nagbabasa ng Bibliya na parang libro ng siyensiya lamang ang turing o isang aklat ng kasaysayan.

Ano nga ba ang BIBLIYA o ang SALITA NG DIYOS ?

Ano ba ang sinasabi ng Banal na Kasulatan tungkol sa kapangyarihan ng SALITA NG DIYOS?

Ang SALITA NG DIYOS ay may kapangyarihan, kapag Siya ay nagsalita Kanyang ginagawa. Kapag ang Diyos ay nagsalita , ang salita ng Diyos ay nagkakaroon ng kaganapan o resulta.

[ Salmo 33: 4-9 ]” sa utos ni Yahweh, nalikha ang buwan.....”

Ito ba totoo sa akin ?

Bakit sa iba may dating ang SALITA NG DIYOS ?

Bakit ang iba ay nakokornihan sa Biblesharing,

samanatalang ang iba ay hahanap at hahanap ng oras makadalo lamang sa isang Bible study.

Ang SALITA NG DIYOS ay aktibo at buhay, ngunit upang maramdaman natin ang kapangyarihan niya kailangang handa ang lupa upang ito ay magkaugat, lumago at magkabunga.



*Pakinggan natin ngayon ang Talinghaga ni Jesus tungkol dito, kung paanong ang Salita ng Diyos ay magiging salita nga ng Diyos sa atin .....*

**SALITA NG DIYOS:** Lukas 8: 4-8, 11-15[ Ang Talinghaga tungkol sa Manghahasik]

- Ang SALITA NG DIYOS ay hindi magkakaroon ng bunga kaagad-agad
- Paano ba natin tinatanggap ang SALITA NG DIYOS, ano ang atin bahagi ?
- Paano ba tayo nakikinig sa SALITA NG DIYOS at napapakinggan na ito ay patungkol sa bawat isa sa atin ?
- Ang ugaliing ang pakikinig at pagiging bukas sa SALITA NG DIYOS ay kinakailangan.
- Kung tayo ay may pananampalataya ang Kanyang mga salita ay mag-kakaugat at magkakabunga sa atin.

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan:** Ang Bibliya ang aklat ng Sambayanan ng Diyos, ang Simbahan. Sinulat ang Bibliya ng mga taong mula sa bayan ng Diyos, para sa bayan ng Diyos at tungkol sa karanasan sa Diyos ng bayan ng Diyos. [Lukas 16:17, NCDP 131; KPK 81 91-96; 2 Tim 3:16-17; KIK 133]

Lahat ng kasulata'y kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtutuwid sa likong gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay upang ang lingkod ng Diyos ay maging handa sa lahat ng mabubuting gawain. "Mas madali pang maglaho ang langit at ang lupa kaysa mawalan ng bisa ang kaliit-liitang titik ng Kautusan".

**Pagsasabuhay:** Nais ni Jesus na pakinggan natin ang SALITA NG DIYOS at tuparin ang sinasabi nito.

*"higit na mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito". [Lukas 11: 28]*

**Pagsamba:** Iginagalang ng Simbahan ang Banal na Kasulatan, gaya ng katawan ni Kristo. Ang dalawa ay kapwa nagpapakain at namamatnubay sa buong buhay ng kristiyano. " Sa aking mga paa liwanag ang iyong salita; ilaw sa aking landas". Kaya't naririnig ng mga Katoliko ang Bibliya na ipinapahayag sa bawat pagdiriwang ng Misa. [KIK 141; KPK 109]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan:** Naniniwala ako na ang SALITA NG DIYOS ay salita nga ng Diyos sa akin.
- Pagtatalaga :** Ano ang gagawin ko bilang pagpapahalaga sa SALITA NG DIYOS?
- Pagdiriwang :** Pagluluklok ng Bibliya

## Paksa 3

### *Ako nga ba ay tunay na malaya ?*

#### *Layunin :*

- Magiging malinaw ang pang-unawa sa tunay na kalayaan, tunay na malaya kung ginagawa natin ang nais ng Diyos.
- Makakagawa ng mabubuting bagay ng buong kalayaan.
- Makakapanalangin upang higit na makakilos ng malaya.

**KAHALAGAHAN:** Pagiging malaya

#### **SITWASYON NG BUHAY**

Paano ko ginagamit ang aking kalayaan bilang isang kabataang mananampalataya?

Ako ba ay tunay na malaya ? Ano ang mga sagabal sa aking kalayaan, mga utos ba, mga batas, alituntunin ?

Maraming mga kabataan ang nangangarap na maging malaya, ang gawin ang anumang magustuhan nila ayon sa gusto nila at sa oras na magustuhan nila.

Sa kabilang dako naman may isang manunulat na nagwika “*isinilang man akong alipin, magiging malaya pa rin ako*”

Ang mga strikers na nagmamartsa para sa kalayaan.

Ang paghahangad natin sa kalayaan ang gayun na lamang kalaki at tumitimo sa ating kalooban.

Gayun na lamang kahalaga ang kalayaan para sa atin : tulad ng isinasaad ng isang awit : “*Di na ko papayag na mawala pang muli , di na ako papayag na muling mabawi, ating kalayaan matagal na nating mithi, di na papayagang mabawing muli* “ [ EDSA 1 ]

Marami ang nag-alay ng kanilang buhay alang alang sa kalayaan [ tulad ng naganap sa EDSA Revolution ]. Ngunit ano nga ba ang ginawa natin sa kalayaang ito na pinagtayaan natin ng buhay. Ilan sa atin ang nagbili ng kalayaan at nagtakwil.

*Isinasaad ng Banal na Kasulatan kung paano ginamit ng mga kabataan ang kanilang kalayaan, kung paano sila pumili at nagpasya.*

## SALITA NG DIYOS

### **Sa Lumang Tipan**

**Genesis 4: 6-7** "... may kakayahan kang mapagtagumpayan ito"[Hindi pinansin ni Cain ang babala ng Diyos hinayaan niyang gapiin siya ng kasalanan o alipinin siya ng kasalanan. Pinatay niya ang kapatid niyang si Abel. Si Cain ay hindi tunay na malaya ; Kahit nagawa niya ang gusto niyang gawin hindi pa rin siya malaya dahil sa kaibuturan ng kanyang puso may umuusig .... Hindi siya malaya, hindi siya payapa]

### **Sa Bagong Tipan**

**Mateo 21: 28-31**[ Ang Talinghaga ng dalawang anak ]

Paano nagpasya ang dalawang anak ?

Ang una ay sumagot ng HINDI, ang pangalawa ay sumagot ng OO ;

Pareho silang gumawa ng taliwas sa kanilang pasya .

Sino sa dalawa ang sumunod sa ipinagagawa ng Ama?

Ano ang pagkaalipin na tinutukoy ni Jesus?

Pagkaalipin ng kasalanan , ng kawalan ng pananalig , pagiging alipin ng diyablo, ng masama, ng mga bisyo – ——— ito ang mga humahadlang sa atin sa paggawa ng mabuti.

Nagagapos tayo ng kasalanan kaya ang ating isip at kalooban ay hindi malaya .Anong klaseng kalayaan ba ang ipinangangako sa atin ni Jesus ? Juan 8: 36 “ *Kung kayo ay palalayain ng anak kayo nga ay tunay na magiging malaya* “

### **Sabi nga ni San Pablo**

**Roma 8: 14-16, 21** “*Sapagkat ang sinumang ginagabayan ng Espiritu ng Diyos, sila’ y mga anak nga ng Diyos*” Samakatuwid ang sinumang ginagabayan ng Espiritu Santo ay tunay na malaya.

Sino nga ba ang tunay na pinaka-malaya?

Siya na sumusunod sa kalooban ng Diyos,

Siya na pinakakilos ng Espiritu Santo.

Siya na nakikipaglaban sa kasamaan ay tunay na malaya .

*Ano ang sinasabi ng Simbahan tungkol sa Kalayaan ?*

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Katotohanan:** Ang kalayaan ay ang kakayahang nakaugat sa pag-iisip, kalooban, upang ang gumawa o di gumawa, ganapin ito sa Diyos, ganapin sa sarili niyang pasiya ang mga gawaing tiyak. [KIK 1731; KIK 1733]

Ang kalayaan ay isang lakas ng tao, na umunlad at maging magulang (matured) sa isipan tungo sa katotohanan at sa kabutihan. Nagiging sukduhan ang kalayaan kung nakatuon sa Diyos na ating kaligayahan. Habang ginagawa ng tao ang mabuti ay lalo namang nagiging malaya.

**Pagsasabuhay :** Ang mga umiibig sa tunay na kalayaan ay yaong mga taong nakakapagpasya sa sarili nilang paghatol at sa liwanag ng katotohanan. Pinamamahalaan ang kanilang mga gawain sa diwa ng pananagutan at pinagsisikapang makamit ang totoo at ang matuwid. [KPK 694; 1 Peter 2: 16]

**Pagsamba :** Sa panalangin , dahil sa grasya, ang Espiritu Santo ang siyang nagtuturo sa atin ng kalayaang espiritual upang gawin tayong malaya sa kanyang gawain sa Iglesia at daigdig. [KIK 1742]

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan :** Paninindigan ko na ako ay nagiging tunay na malaya kung ginagawa ko ang nais ng Diyos

**Pagtatalaga :** Paano ka kumikilos sa araw-araw ng malaya ?

**Pagdirwang :** Dahil sa kalayaang ibinigay sa akin ng Diyos ito ang panalangin ko sa Kanya :

*O makapangyarihang Diyos, ilayo sa amin ang mga masasama, upang sa mabuting paghahanda ng aming katawan at kaluluwa ay malaya kaming makatupad sa iyong kalooban Amen.*

**Paksa 4**

*Isang Tanging Panawagan Para sa Akin*

**Layunin :**

- Maipapahayag na ang magmahal ay tanging panawagan sa lahat.
- Makakapagplano ng mga gagawin upang makatugon sa tawag g Diyos.
- Makakapanalangin para sa pagpili ng bokasyon.

**KAHALAGAHAN:** Bokasyon

**SITWASYON NG BUHAY**

Ano ang bokasyon ?  
 Saan ako tinatawag ng Diyos ?  
 Ang bokasyon ko ba ay kaakibat ng aking magiging trabaho o propesyon ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos : Ang Diyos ay tumawag at patuloy na tumatawag sa atin...*

**SALITA NG DIYOS:**

- 1) **1 Samuel 3:1-11** [Ang pagtawag kay Samuel “*magsalita po kayo , makikinig ang inyong lingkod...*”]
- 2) **Jer.1:4-10** [Ang pagtawag kay Jeremias:] “*Pinili na kita bago ka pa isinilan, sinusugo kita, kaya’t humayo ka...*”
- 3) **Mk. 3:13-19** Pagtawag sa labindalawa: Tinawag ni Hesus ang maibigan niya- mga mangingisda, maniningil ng buwis, nakikipaglaban para sa kalayaan, ang magkakanulo sa kanya.
- 4) **Efeso 4:11-12** “*... at ang iba’y ginawang apostol, ang iba’y propeta, ang iba’y ebangelista, ang iba’y pastor o guro. Ginawa niya ito upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng hinirang, sa ikauunlad ng kanyang simbahan.*”

Bakit niya sila tinawag? Pinili niya sila upang makasama niya, upang isugong magpahayag ng Mabuting Balita at magpalayas ng mga demonyo.

Ang batang bininyagan, tulad din ng mga propeta at ng mga apostol, ay tinatawag sa isang ganap na buhay sa piling ng Diyos, upang magmahal at maglingkod sa kapwa.

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

- Katotohanan :** Ang bokasyon ay isang personal na pagtawag ng Diyos upang tumugon sa mga pangangailangan ng kapwa at ng Simbahan. At kaugnay nito ang paglilingkod para palaganapin at patatagin ang Simbahan at ang kanyang misyon [KPK 1874; KIK 1535; KPK 1927, 1931, 1938, 1941]
- Pagsasabuhay :** Ang magmahal ay isang batayan at likas sa bokasyon ng lahat ng tao [KIK 2392]
- Pagsamba :** Ang espirituwal na bokasyon ng lahat ng kaanib ng Simbahan ay panalangin at kabanalan, na inatakan ng isang matalik at personal na pakikipag-ugnayan sa Panginoon. [KPK 1443]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Paninindigan :** Ang magmahal ay ang tanging panawagan sa akin.
- Pagtatalaga :** Itala ang mga nararamdaman mong panawagan mula sa Diyos at itala mo rin ang mga unti unti mong gagawin upang maipakita mo ang iyong pagtugon sa tawag ng Diyos.
- Pagdiriwang :** Panalangin sa Pagpili ng Bokasyon

*Diyos Ama sa langit nilikha mo ako sa pag-ibig mo, Nasa isipan mo ang landas ng buhay na aking tatahakin. Hayaan mong malaman ko kung ano ang kalooban mo para sa akin. Tulungan mo ako ngayon sa maingat na pagpili ng katayuan ko sa buhay. Nawa'y ang desisyong gagawin ko ang siyang ninanais mo para sa akin upang maging kapaki-pakinabang sa aking kapwa at makapag-bigay – kasiyahan at luwalhati sa iyo habang ako'y nabubuhay. Amen.*

## Paksa 5

### *Lalaki at Babae: nilikhang kawangis ng Diyos at tinawag upang magkatuwang*

#### Layunin :

- Mapapanindigan na ang pagiging lalaki at babae ay isang katotohanan at kabutihang loob ng Diyos.
- Magsasagawa ng mabubuting pakikipag-ugnayan sa kapwa.
- Makakag-alay ng panalangin para sa mga kabataan para sa biyaya ng kalinisan.

**KAHALAGAHAN:** Pagpapahala sa seksualidad (babae man o lalaki)  
**SITWASYON NG BUHAY:**

Paano ba ang maging isang babae o lalaki ?  
Paano pinakikitunguhan ng kabataang lalaki ang mga kabataang babae sa ngayon?  
Anong pagpapahalaga sa bawat isa ang makikita sa kanila ?  
Napag-isipan mo na ba na balang araw ikaw ay magiging isang ina o isang ama?  
Naitanong mo ba sa iyong sarili, anong uri kaya akong ama o isang ina pagdating ng araw?  
Nakikilala mo ba ang iyong pagkatao ?

*Pag-uugnay : Ang maging isang lalaki o babae ay biyaya sa Diyos*

#### SALITA NG DIYOS:

*“Kahanga – hanga ang Diyos na lumikha sa atin.”* Ito rin ang nawika ng isang Salmista habang pinagninilayan niya ang kanyang pagkatao [ Basahin ang Salmo 139 ]

Ganito mo rin ba hinahangaan at pinapupurihan ang Diyos ?

Paano ginawa ng Diyos ang tao

Gen. 1:26-27, 31 – *“Nilikha ng Diyos ang tao na kawangis Niya”*

Ang lalaki at babae ay parehong tao.  
Nilikha ng Diyos ang lalaki at babae upang maging kawangis niya.  
Nilikha ng Diyos ang babae upang maging kasama ng lalaki .

Gen . 2:18-23 “*bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong*”

Bagamat nilikhang magkaiba ang anyo, ang lalaki at babae ay nilikhang kapwa kalarawan ng Diyos.

Nakita ng Diyos ang lalaki at babae na Kanyang nilikha at iyon ay napakabuti.

Ang anumang paglabag sa likas ng kabutihang ito ay pagsira sa panukala ng Diyos.

Nang magkasala ang unang lalaki at babae, pinili nila ang kamatayan, nakatakda sana silang maging magkatuwang at magkatulungan sa pagpapaunlad sa isat isa , ngayon ay humantong sila sa kawalang tiwala at pagsira sa isa't isa....

*Genesis 3: 12 “ ang babaing ipiniling mo sa akin ang siyang nagbigay sa akin ng bunga ng punong kahoy at ako’y kumain [ nagsisihan sila ]*

*Tinanong ng Diyos si Cain “ Nasaan ang kapatid mo ? “ Sumagot si Cain “ Ako ba ang taga pag-ingat sa aking kapatid “ [ Kapatid sa kapatid ay naglalaban at ang kabutihan ng nilikha ng Diyos ay nasira ]*

Habang buhay ang lalaki at babae ay nakatakang makibahagi sa buhay ng Diyos, kasabay nito nakadarama rin tayo ng udyok ng pagiging makasarili. Nakadarama tayo ng kahirapan at tunggalian sa ating sarili.

Ano ang ginagawa ko kapag nakadarama ako ng ganitong tunggalian sa aking kalooban? Anong anyo o larawan ng lalaki at babae ang nakikita ko sa aking paligid ? [kidnapping, prostitusyon, malalawang palabas, mga babaeng nag-aastang lalaki, mga bakla ]

Isang dakilang pakikibaka sa buhay ang pagpupunyaging maging lalaki at babaeng magiging sagisag at kasangkapan sa kabutihan , kalinisan at katapatan.

Paanong nagsalita si Jesus tungkol dito.

**Lukas 11: 27-28**” *Mapalad ang babaeng nagdala sa inyo sa sinapupunan.*”

Si Maria ang babaeng naging ina ng Panginoon, siya ang unang tumanggap sa Panginoon sa pananampalataya. Si Maria ay nakinig at nagsabuhay ng Salita ng Diyos.

**Mateo 5: 48** “*Dapat kayong maging banal tulad ng inyong Ama sa langit.*”

Nilikha ako ng Diyos ayon sa kanyang larawan at anyo. Tinakda niya akong maging isang lalaki at babae . Kikilalanin ko ang aking tunay na pagkatao. Aalamin ko ang aking mga kakayahan at kahinaan.

Tatangapin ko ang katauhang itinakda ng Diyos sa akin. Kung napapansin ko na magulo at sabog ang aking sarili, halimbawa naaakit ako sa kapwa ko lalaki o babae nagiging marahas o naakit sa masamang babasahin, ipagtatapat ko ito sa isang mahusay na tagapayo. isang may kakayahan, at nakatatandang malawak ang pang unawa na makatutulong sa akin upang harapin ng buong katotohanan ang aking suliranin.

*Pag-uugnay sa Katotohanan: Ginagabayan ako ng Simbahan sa paghahanap ng tunay kong pagkatao sapagkat itinuturo ng Simbahan na .....*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:

##### **Katotohanan :**

Ang lalaki at babae ay nilikha ng Diyos at mahal sila ng Diyos. Magkapantay sa kanilang persona at sa pagkatao. Ang pagiging lalaki at babae ay isang katotohanang mabuti at niloob ng Diyos . Ang babae at lalaki ay may karangalang di maalis na galing sa Diyos na lumikha sa kanila. Ang lalaki at babae ay iisang karangalan bilang larawan ng Diyos. Sa kanilang pagkalalaki at pagkababae masisilayan ang karunungan at kabutihan ng Maylikha. [KIK 369]

Ang pagkalalaki at pagkababae ay hindi lamang tumutukoy sa katangiang biolohikal, bagkus ay bahagi ito ng kaibuturan ng kalikasan ng tao ayon sa pagkalikha sa kanila ng Diyos. [Familiaris Consortio 11]

##### **Pagsabuhay :**

Inatasan ang lalaki at babae na supilin ang lupa bilang mga katiwala ng Diyos (Gen 1:28). Tinatawag sila na makiisa sa pamamahala ng Diyos sa iba pang nilalang. Dahil dito, pananagutan nila ang daigdig na ipinagkatiwala sa kanila. [KIK 373; KPK 1062; KIK 374]

##### **Pagsamba :**

Sa Sakramento ng Kasal pinagsasama ng Diyos ang lalaki at babae upang maging iisang laman na magkakaloob ng buhay. [KIK 372]

## TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan :** Ang pagiging lalaki at babae ay isang katotohanan at kabutihang loob ng Diyos.

**Pagtatalaga :** Sa tahanan, sa paaralan, paano isasagawa ang mabuting pakikipag-ugnayan ? Ano ang mga paraan na yong gagawin para dito?

**Pagdiriwang :** Panalangin ng Kabataan para sa Kalinisan

*Pangoong Jesukristo, Ako ay sa iyo, nilikhang kawangis mo. Naroroon ka sa kaibuturan ng aking puso at isipan dahil na rin sa binyag at kumpil na aking tinaggap. Inihanda mo ang aking katawan para maging malinis na luklukan ng Iyong Banal na Espiritu. Pagkalooban mo ako ng sapat na panahon para mapangalagaan ito. Wala akong magagawa kung wala ka, subalit marami akong magagawa kung kasama kita. Tanging hilingko lamang sa iyo ay lagi kang makapiling, upang sa tulong ng iyong biyaya ako'y manatiling tapat sa iyo. Amen.*

## Paksa 6

### *Pag-iisang Dibdib, Tanda ng Pagmamahalan*

#### **Layunin :**

- Maipapahayag ang katotohanang, ang pag-aasawa o ang Sakramento ng kasal ay di biro sapagkat ang Diyos ang may akda nito.
- Makakapagbigay ng mga paraan o maaring gawin upang mapatunayan na ang pag-ibig ang batayan at nagbibigay buhay sa mga mag-asawa na tumanggap ng Sakramento ng Kasal at yaong mga nagsasama na hindi pa kasal.

**KAHALAGAHAN:** Pagpapahalaga sa Sakramento ng Kasal

#### **SITWASYON NG BUHAY**

Ano ang tunay na layunin ng kasal at pamilya ?

Di malayong ako'y mag-aasawa. Balak ko isang araw ay magkaroon din ng isang pamilya . Bakit may kasabihang “*mag-asawa'y di biro, di parang kaning isusubo, iluluwa kapag napaso*”

Napag-isip- isip ko na ba ang ibig sabihin ng pagpapakasal?

Uso pa ba ito ?

Alam ko ba ang hinihingi ng pagkakaroon ng isang pamilya ?

- Ang pag-aasawa ay isang katotohanan
- Likas sa tao ang mag-asawa.
- Ang isang babae at isang lalaki ay inaasahang mag-aasawa kapag sila ay nasa wastong gulang na.
- Ang katotohanan ng pag-aasawa ay kasing tanda na ng mundo. Ito ay higit pang mas matanda kaysa sa kasalanan.
- Ang pag-aasawa ay hindi katha lamang ng tao ang may akda nito ay ang Diyos mismo.

*Pag-uugnay sa Salita sa Diyos: Ang pagmamahalan ng lalaki at babae ang bigkis na nagbubuklod sa kanila. Ang pagkakaroon ng supling, lahat ng mga ito ay iniukit nga ng Diyos sa katauhan ng lalaki at babae. Ang Banal na Kasulatan ay naghahayag sa atin tungkol dito ....*

## SALITA NG DIYOS:

[Genesis 2: 18 – 24] Sa unang kasal na binasbasan ng Diyos. *“Hindi mabuti na mag-isa ang tao, igawa natin siya ng makakasama at makakatuwang na kagaya niya “*

Ang dangal ng babae ay hindi isang alipin, laruan, kasama paminsan minsan, sa halip ay kapantay ng lalaki na pinagkatiwalaan ng kapangyarihan sa lahat ng nilikha at kawangis ng Diyos tulad ng lalaki.

Ang mga kataga ng unang lalaki sa unang babae ay mga kataga ng paghanga [Genesis 2 : 24] *“Ngayon nga siya’y buto ng aking buto, at laman ng aking laman.”* Siya ay tatawaging babae dahil sa lalaki siya kinuha.

Ang Diyos ay nakakaunawa sa mga katotohanan ng buhay. Binasbasan niya ang makataong tanda ng pagmamahalan at pagsasama ng lalaki at babae.

Ang kanilang pag-ibig sa isa’t isa ay nakakatagpo ng kaganapan sa pagbibigay ng bagong buhay. *“Kayo’y magsipagsupling at magpakarami”* [Genesis 1:28]

Ang habang buhay na pagsasama ng lalaki at babae ay nakatitik sa pinakamalalim na kalikasan ng tao. [Genesis 2 : 24] *“iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, makikipisan siya sa kanyang asawa at sila ay magiging isang laman lamang“*

Ano ang sinasabi ni Jesus sa pag-aasawa?

Ang original na panukala ng Diyos para sa kasal ay pinagtibay at pinanibago ng ating Panginoong Jesukristo

**Ipahayag ang Ebanghelyo ayon kay San Markos 10 : 1-12**  
*” ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao..”*

**Lukas 16 : 15-18** [Nagsalita si Jesus tungkol sa pakiki-apid at sa kaharian ng Diyos]

Paano ang simula ng pangangalunya, at karimarimarim na pamumuhay? Ang unang lalaki at babae ay nagkasala, sinira ng kasalanan ang magandang plano ng Diyos. Pinahina nito ang buklod ng kasal, winasak ang malalim na ugnayan ng babae at lalaki.

Ano ang sumunod ?

Ang buong Banal na Kasulatan ay nagsasalaysay ng mga tagpo ng krimen, karahasan at pangangalunya.

Sa ating panahon ngayon, ang kasaysayang ito ng kasalanan ay nagpapatuloy hinahatulan at binalaan ni Jesus ang kahalayan , paghihiwalay at pangangalunya.

Ano ang mensaheng hatid sa atin ng pagdating ni Jesus ?

Nakita ni Jesus ang pagtangi ng tao na ganapin ang kalooban ng Diyos sa sanglikha. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, pinanibago at pinagtibay ni Jesus ang kasunduan ng tao at Diyos. Kabilang na rito ang kasal, ang pagsasabuhay ng lalaki at babae ng pagmamahal at katapatan sa bagong sangnilikha . Ginawa Niya itong isang Sakramento, isang pagpapatuloy ng bagong buhay kay Kristo, na pinasimulan sa Binyag. Sa pananahanan at pag-ibig ng Diyos muling nasusumpungan sa Kasal ang original na kagandahan nito.

Ano pa ang ipinahihiwatig ng pagsasama ng lalaki at babae ?

Ang pag-iibigan ng lalaki at babae sa kasal ay isang tanda na namamalagi ang pag-ibig at katapatan ng Diyos na nagkakaroon ng kaganapan kay Kristo. Ang kasunduan ng lalaki at babae sa kasal ay ipinaliliwanag bilang isang larawan ng kasunduan ni Kristo at ng Simbahan. *“Pasakop kayo sa isa’t isa tanda ng inyong paggalang kay Kristo . Mga babae pasakop kayo sa inyong mga asawa.. Mga lalaki ibigin ninyo ang mga babae tulad ng pagmamahal ni Kristo sa Kanyang Iglesia. Inialay Niya ang Kanyang sarili dahil sa kanya.... Dakila nga ang hiwagang ito. “Ang tinutukoy ko ay ang kaugnayan ni Kristo sa Iglesia”* [ Efeso 5: 21-22; 25, 31]

Nakikita na ba ninyo kung bakit ang pag- aasawa ay di biro?

## PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

### **Pagsamba :**

Ang Sakramento ng Kasal ay nagsisimula kapag ang isang lalaki at isang babae ay tumayo sa harap ng Diyos at ng kanilang kapwa lalaki at babae, at malayang nilang ipinahahayag na sila’y *“magsasama sa hirap at ginhawa, sa dusa’t ligaya, ngayon at kailanman.”* [KPK 1898; Efeso; 5:25-32 ff; KIK 1616; KPK 1901; 1918; FC 18,20; KIK 1644]

### **Katotohanan:**

Ang Diyos ang may akda ng Sakramento ng Kasal. Ang panawagan sa pagsasama ng isang lalaki at babae ay naka-ugat sa kalikasan nila at nagmula sa kamay ng Maykapal. [KIK 1602- 1605]

**Pagsasabuhay :** “Pag-ibig ang batayan at ang nagbibigay buhay” sa kasal at sa pamilya upang maisabuhay ng tapat ang katotohanan ng pakikipagkaisa. “Kung walang pag-ibig , ang pamilya ay hindi mabubuhay, hindi lalago at hindi mapagiging ganap ang sarili bilang isang pamayanan ng mga tao” [KPK 1908; KIK 1534]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninidigan :** Ang pag-aasawa O ang Sakramento ng Kasal ay di biro sapagkat ang Diyos ang may akda nito.

**Pagtatalaga :** Kaya mo bang patunayan sa sambayanan na pag-ibig ang batayan at nagbibigay buhay sa kasal at pamilya. Sa paaanong paraan mo patutunayan? Magbigay ng tatlong gagawin

**Pagdiriwang :** Ipanalangin natin ang lahat ng mag-asawa na tumanggap ng Sakramento ng Kasal at yaong mga nagsasama na hindi pa ikinasal.

*Ama , ingatan mo nawa sila tuwina na maging matapat sa iyong kautusan. Panatilihin mo silang matapat sa isa't isa bilang mag-asawa at gawin mo silang mga buhay na halimbawa ng Kristianong pamumuhay. Pagkalooban mo sila ng lakas na nagmumula sa Mabuting Balita upang sila'y maging saksi ni Kristo sa iba.*

*Pagpalain mo sila ng maraming supling. Ipagkaloob mo sa kanila ang buhay na ganap kaisa ng mga banal sa kaharian ng langit. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon. Amen*

## Paksa 7

### Mga Sakramento, Daluyan ng mga biyaya

#### Layunin :

- Makakapagpahayag na sa mga Sakramento tayo ay nagiging “bagong nilalang.”
- Makakapagpakita ng mga gagawing pagpapahalaga sa mga Sakramento.
- Makakapagpasalamat sa Diyos sa pagkakaloob sa atin ng mga Sakramento.

**KAHALAGAHAN:** Pagtanggap ng mga Sakramento

#### SITWASYON NG BUHAY:

Bakit may mga Sakramento ?

Nauunawaan ko ba ang kahulugan ng Sakramento sa aking buhay ?

Bakit may mga Sakramento kung hindi naman natin ganap na nauunawaan ang mga ito ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Sagutin natin ang mga tanong na ito sa tulong ng Salita ng Diyos at ng sarili nating karanasan .....*

#### SALITA NG DIYOS:

Noong una maganda ang ugnayan ng tao at ng Diyos. Nakakausap ng Diyos ang tao. Subalit ang magandang ugnayan na ito ay naputol ng pumasok ang kasalanan, kaya ang tao ay nangulila at nalungkot at nangailangan ng kaligtasan. Kaya nanalangin ang tao “ *Ilikha mo ako , O Diyos , ng isang pusong malinis*” [ Salmo 51 : 12-14 ]

Anong laking pagnanasa ang ipinahayag nito. Ganito rin kaya ang paghahangad nating magbago?

Ito ang naging tugon ng Panginoon sa panalangin ng tao “ *Bibigyan kita ng pusong laman ....* [ Ezekiel 36 : 24-28 ] at “*tutugon ako, makikinig ako*” [Isaias 65 : 24 ]

Lahat ng ito ay nagkaroon lamang ng kaganapan sa pagdating ni Jesukristo

Juan 3: 16 “ *Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, isinugo niya ang kanyang bugtong na Anak .....*”



Mga ginawa ni Jesus

- Nagpatawad ng kasalanan [ Mateo 9: 1-8 ]
- Ginawa niyang alak ang tubig [ Juan 2:1-12 ]
- Naghati-hati ng tinapay
- Bumuhay ng mga patay

Sa huling sandali ng buhay ni Jesus sinabi Niya “ *Tanggapin ninyo ito, ang aking katawan .... Ito ang kalis ng aking dugo* “ [Lukas 22:19-20]

Sa pagdating ni Jesus nagsimula ang isang bagong nilikha at ang mga Sakramento ay bahagi ng bagong sangnilikha. Lahat ng bagay ay binago ni Jesus – pinagkasundo Niya tayo sa Ama at sa isa’t isa. Upang panatilihin ang panibagong ugnayang ito ipinagkaloob Niya sa atin ang mga SAKRAMENTO .

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

- Pagsamba :** Ang Sakramento ay mapanligtas na gawang masagisag o nakikitang tanda na nagmumula sa ministeryo ni Kristo at ipinagpapatuloy sa Simbahan, at para sa Simbahan na kapag ipinagdiwang nang may pananampalataya, ay humihikayat sa ating maging kawangis ni Kristo sa Kanyang Misteryong Pampaskuwa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. [KPK 1531]
- Katotohanan :** Sa mga Sakramento tayo ay nagiging “bagong nilalang”. Nakikibahagi sa katangiang banal ng Diyos, hindi basta mga nilikha na lamang kundi mga anak ng Diyos, sa pamamagitan ng Anak, si Jesu-Kristo, sa Espiritu Santo na nananahan sa ating kalooban. [KPK 1615]
- Pagsasabuhay :** Ang bunga ng Sakramento ay higit tayong ilapit sa Simbahan, kay Kristo mismo, sa Espiritu , at sa Ama . Sa pamamagitan ng ganap, mulat at aktibong pagdiriwang ng mga Sakramento , unti – unting hinuhubog ang ating isip, puso, pagmamahal, at imahinasyon at sa katapusan ang ating buong pagkilos katulad kay Kristo . [KPK 1575]

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Naniniwala ako na sa Sakramento ako ay nagiging “bagong nilalang”.

**Pagtatalaga :** Paano ko bibigyang ng pagpapahalaga ang mga Sakramento .

**Pagdiriwang :** Magpasalamat tayo sa Diyos sa pagkaloob sa atin ng mga Sakramento.

*Awitin ang Isang Bansa “ Purihin si Jesus sa Sakramento Purihin ng lahat ng tao. Purihin Siya ng Pilipino, sa pagkakaisa lingapin mo “*

## Paksa 8

### Buhay Panalangin

#### Layunin :

- Mailalahad na ang panalangin ay ang matapat na pakikipag-usap natin sa Diyos na batid nating nagmamahal sa atin.
- Mahahamong ang mga gawaing mabuti at pagtulong sa kapwa ay maging tunay na panalangin din.
- Madarasal na buong kababaang loob ang panalanging “Ama Namin”.

**KAHALAGAHAN:** Buhay Panalangin

#### SITWASYON NG BUHAY

Ang manalangin tuwina posible bang magawa ko ?

Nakikita ko ba ang pangangailangan ng panalangin sa buhay ko ?

Bakit tayo nananalangin ?

Paano ?

Saan?

Ano ang sinasabi sa akin ng Banal na Kasulatan tungkol sa panalangin ng mga tao sa Lumang

Tipan .....

#### SALITA NG DIYOS

- Si Abel.... Maging si Cain – Abraham...Melchizedek, Noah, Jose, Moises, David, Solomon, Isaias, Jeremias, at iba pang mga hari at propeta.
- Ang mga banal na babae sa Lumang Tipan – sina Anna, Ester, Judith
- Sina Job, Tobit, Jonas, ang tatlong kabataan at si Daniel.

Kilala ba ninyo sila ? Paano sila nakipag –ugnayan sa Panginoon ?

Si Moises, isang dakilang kaibigan ng Diyos ay nagdasal din . Paano siya nagdasal?

[ Exodo 32 : 11-14]

Tinawag ni Moises ang Diyos na buhay “ *O Panginoon bakit magsisiklab ang iyong galit sa iyong sariling bayan? Alalahanin mo ang iyong pangako kina Abraham, Isaac at Jacob.*”

Sa unang aklat ng Mga Hari, si Propeta Elias ay halos wala ng lakas. Paano siya dumaing sa Panginoon? ”*sukat na , O Panginoon ! Kunin mo na ang aking buhay yayamang di naman kaighan ang aking katayuan kaysa aking mga magulang.*”

Bakit ibig nating malaman kung paano nanalangin ang mga banal na lalaki at babae sa Lumang Tipan ?

- Sila ang ating mga ninuno sa pananampalataya
- Matututo tayong makipag-ugnayan sa Diyos sa pamamaraan ng kanilang panalangin.
- Kapag binasa ko ang kasaysayan, matututo akong magdasal kagaya nila

Ang ating Panginoong Jesu-Kristo ay nagturo din sa atin ng pinakamabuting halimbawa ng pakikipag-ugnayan sa Ama.

Basahin Markos 14 : 32 -42

Paano siya nakipag-usap sa Ama?

Nakipag-usap siya tulad ng isang anak sa kanyang ama. Hiniling niya na alisin sa kanya ang paghihirap “ *hindi ang kalooban ko kundi ang sa iyo ang masunod* “

Sa gitna ng labis na pagdurusa nagpatuloy siya sa panalangin....

Ano pa ang ibang yugto sa buhay ni Jesus tungkol sa paraan ng panalangin ?

Madalas niyang iniwan ang mga tao at nagtutungo sa pook na ilang upang mapag-isa siya at makipag-usap sa Ama. [ Lukas 5:15-16 ]

Tinuruan Niya ang Kanyang mga alagad kung paano manalangin .

- Mateo 6 :6
- Mateo 6: 9-13

Natutunan natin mula sa mga tao sa Lumang Tipan , mula sa ating Panginoong Jesukristo kung paano manalangin at kung bakit tayo nananalangin. Ipinapaalala ito sa atin ng Simbahan at inaanyayahan din niya tayong makiisa at gawing bahagi ng buhay natin ang panalangin.

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

##### **Pagsamba :**

Inaanyayahan tayo ng Simbahan na manalangin ng walang humpay; sa pang araw- araw na panalangin , sa liturhiya ng mga oras, sa panglinggong Eukaristiya, sa mga pista ng taong liturhiko. [ KIK 2720]

Ang panalangin ay lubhang pangangailangan . Ang panalangin at ang buhay Kristiano ay hindi maaring paghiwalayin. [KIK 2757]

**Katotohanan :** Ang panalanging kristiano ay ang mapagmahal, mulat at personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos, ang ating mapagmahal at mabait na Amang umampon sa atin sa pamamagitan ng Kanyang pinakamamahal na Anak, si Jesu-Kristo, sa Espiritu Santo. Ito ay matalik na pakikipag-usap sa Diyos na batid nating nagmamahal sa atin. [KPK 1475]

**Pagsasabuhay:** Ang tunay na panalangin ay laging naka-ugat sa puso at kaugnay sa kapwa [KPK 1480 - 1481]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan :** Ang panalangin ay ang matalik na pakikipag-usap sa Diyos na batid nating nagmamahal sa atin.

**Pagtatalaga :** Paano mo maisasagawa na ang mga pagkilos at pagtulong mo sa kapwa na ginagawa sa bahay, sa pamayanan , at sa paaralan ay maging panalangin?

[ ang ating mga pagkilos at pagtulong sa bahay, paaralan, at sa pamayanan habang ginagawa natin ito ng may pagmamahal, pag-aalay, pagsasakripisyo ay nagiging panalangin din]

**Pagdiriwang :** Darasalin natin ang panalanging itinuro sa atin ng ating Panginoong Jesukristo, ang AMA NAMIN.

## Paksa 9

### *Mga Punong Kabanalan, daan sa isang ganap na kaligayahan*

#### **Layunin :**

- Makapaniniwala na ang tunay na kaligayahan at mga pagpapala ay natatamo sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga “Punong Kabanalan”.
- Makakagawa ng personal na “Punong Kabanalan” at magsusumikap na isagawa ito.
- Makakapag-alay ng isang panalangin, kalakip ang kahilingang maisagawa ang isinasaad ng “Punong Kabanalan”.

**KAHALAGAHAN:** Pagsasabuhay ng Punong Kabanalan

#### **SITWASYON NG BUHAY:**

Ano ang ibig sabihin ng *mapalad* para sa inyo ?[ Masuerte, pinagpala ]  
Ano ang ibig sabihin ng masuerte ?[ mayaman, nakakariwasa sa buhay ]  
Kailan mo masasabing mapalad ka ?[walang sakit, naka pasa sa test, naka graduate, naka ligtas sa aksidente ]  
Sino ba ang maituturing nating mapalad na tao ?

#### **SALITA NG DIYOS:**

Sinikap sagutin ito ng ating mga ninuno sa pananampalataya at ng banal na manunulat ng kasulatan. Anong kasagutan ang ibinigay nila ?

Salmo 112 “ *Mapalad ang taong may takot sa Panginoon .”*

Mapalad ang taong may takot sa Panginoon , sapagkat magiging sagana ang kanilang buhay.

Salmo 1 “ *Mapalad ang taong hindi sumusunod sa daang masama.*“

Mapalad ang mga taong hindi sumusunod sa daang masama , sapagkat ang Diyos ang siyang mag-iingat sa Kanya.

Inilagay ng sumulat ng Salmong ito ang kanyang naranasan. Ang taong nagagalak sa Diyos at sa kanyang mga utos ay maligaya. Nananatili siyang bata, buhay at mabunga tulad ng isang punong nakatanim sa tabi ng batis... Ang masamang tao ay itatapon tulad ng ipa, na madaling ilipad ng hangin...

Sina San Lukas at San Mateo, mga manunulat ng Ebanghelyo ay nakarinig ng mga aral ni Jesus tungkol sa tunay na kaligayahan — ANG MAPAPALAD — mga punong kabanalan at ipapahayag nila sa atin ang kanilang narinig :

Babasahin Lukas 6: 20-26 at Mateo 5: 3-13

Sinu-sino ang *mapapalad* na tinutukoy nina San Lukas at San Mateo ?

Ano ang gantimpala o makakamit ng mga tinutukoy na *mapalad* ?

Sa Banal na Ebanghelyo makikita natin kung sino ang tunay na *mapalad*.

Iba pang mga punong kabanalan sa Ebanghelyo: Mapalad ang mga nakikinig sa Salita ng Diyos at nagsasagawa nito — naranasan na ba ninyo ito, ano mapapala natin ?

Mapalad ang mga sumasampalataya , kahit hindi nila ako nakita ..... nasubukan na ba ninyo ito ?  
Ano ang gantimpala natin .... Pananampalataya !

Mapalad ang inyong mga paningin sapagkat kayo’y makakikita; ang inyong pandinig sapagkat kayo’y makakarinig .... Sino ang inyong pinakikinggan ?

Ginagamit mo ba ang mata mo at pandinig sa mabuti ?

Paano ba tumutulong sa atin ang PUNONG KABANALAN upang makamit natin ang tunay na kaligayahan at pagpapala ?

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Pagsasabuhay :** Ang “Mapapalad” ay hindi isang serye ng mga utos : maging maawain ! kumilos bilang tagapamayapa ! Sa halip , inilalarawan nito para sa atin ang mukha ni Kristo sa Kanyang paglalarawan ng bokasyon ng bawat alagad ni Kristo, na naakit makibahagi sa Kanyang pagpapakasakit at Muling Pagkabuhay . [KPK 744]

**Katotohanan :** Itinuro sa atin ng mga “*Punong Kabanalan*“ ang huling hantungan na inialok ng Diyos sa atin : ang kaharian, ang pagtingin sa Diyos, ang pakikibahagi sa kalikasan ng Diyos, ang buhay na walang hanggan , ang pag – aampon ng Diyos, ang pamamahinga sa piling ng Diyos. [KIK 1726]

Ang mga Punong Kabanalan ay tumutugon sa likas na hangarin sa kaligayahan, ang ganitong

mithiin ay galing sa Diyos, iyan ay inilagay ng Diyos sa puso ng tao upang akitin Siya para sa Kanya, ang kaisa - isang magdudulot ng kasiyahan. [KIK 1718]

#### **Pagsamba :**

Ang Sakramento ng Pakikipag-kasundo ay humahamon sa atin sa higit na malalim na pang unawa sa pananampalataya tungkol

- sa mga kasamaan ng kasalanan
- at sa nagpapagaling na grasya ni Kristong kumikilos sa pang-araw araw na buhay ng mga Pilipino upang maisabuhay natin ang “Punong Kabanalan” [KPK 1819]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

#### **Paninindigan :**

Naniniwala ako sa kaligayahan at mga pagpapala na matatamo ko sa pamamagitan ng mga “Punong Kabanalan”.

#### **Pagtatalaga :**

Gumawa ng personal na “Punong Kabanalan” at ipangako na isasabuhay ito.

Halimbawa : Mapapalad ang mga sumusunod sa magulang sapagkat ikararantal at ikakatuwa sila ng kanilang magulang.

Mapapalad ang mga nag-aaral ng mabuti dahil sa oras ng pagsusulit di sila mangongopya.

#### **Pagdiriwang :**

*Panginoong Jesus, bigyan mo ako ng lakas ng loob na huwag ikahiya ang aming kahirapan – na huwag mainggit sa mga mayayaman, tanyag at matagumpay, na magpatawad - - hindi maghina-nakit – di nagtatanim ng galit o sama ng loob upang hindi ko gamitin ang aking allowance sa mga bagong damit, sa pagkain, sine, mga pampaganda o sa sigarilyo.*

*Banal na Espiritu, tulungan mo ako upang maging bukas palad sa mga nangangailangan sa aking paligid, upang maging maawain ako, tulad mo! Aming Ama sa langit, bigyan mo kami ngayon ng*

*aming kakanin, hindi lamang kami, bagkus gayon din ang mga tunay na nangangailangan at nawawalan ng pag-asa. Ama, maganap nawa ang kaharian mo sa amin at sa paligid namin.*

## **Paksa 10**

*Usaping Moral: Sino ang susundin ko? Ano ang gagawin ko?*

### **LAYUNIN :**

- Mailalahad ang tiwala at pag-asa sa simbahan sa mga usaping moral.
- Mahahamong isabuhay ang isang katuruan ng simbahan tungkol sa mga usaping moral
- Makakapag-alay ng panalangin para sa mga hindi nagpapahalaga sa buhay.

### **SITWASYON NG BUHAY**

Ano ba ang mga usaping moral [ moral issues ] ?

Ito ay nauukol sa pagkakaiba ng paniniwala at hindi sa isa lamang pagkiling

( moral issues are those which involve a difference of belief and not a matter of preference )

Halimbawa :

- RH Bill
- Divorce
- Same sex marriage
- Corruption
- Pandaraya sa eleksiyon

Karaniwan nating nadidinig sa paligid :

- Ito ang gawin mo .....
- Ito ang bilhin mo .....
- Ito ang sundin mo ...
- Ito ang isipin mo .....

Halos natutulig tayo sa napakarami at iba't ibang opinyon , tungkol sa mga personal na suliranin, ng mga patalastas, pelikula, mga babasahin na malalaswa.

Gaano ako naiimpluwensiyahan ng mga ito nang namamalayan ko o maging hindi ko namamalayan ?

Gaano ko kadalas sinasabi na , “lahat naman ay gumagawa na nito bakit hindi ko gagawin”?

Saan ko nakuha ang aking paghuhubog at pagkaunawa tungkol sa mga usaping moral ?

Sino ang mapagkakatiwalaan ko sa mga usaping moral ?

Ngayon tingnan natin kung paano hinarap ni Jesus ang mga usaping moral sa isang pagkakataon:

**SALITA NG DIYOS: Juan 8 : 3-12**

Ipinagtanggol ba ni Jesus ang babae ?

Pinapayagan ba Niya ang pakikiapid ?

Sa Kanyang pagkamahabagin, minahal ni Jesus ang makasalanan, ngunit hinatulan Niya ang kasalanan.

Ang anumang tinatanggap o itinatakwil ni Jesus , at sa pamamagitan Niya, ng Banal na Espiritu, ay tinatanggap o itinatakwil din ng Simbahan.

Ang itinuro ni Jesus ay siya ring itinuturo ng Simbahan.

Tumagal ng mahabang panahon at napakahabang proseso bago natipon ng Simbahan ang Kanyang mga turo ukol sa pagsasabuhay ng Kristianong moralidad.

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

**Katotohanan :** Itinuturo ng Simbahan ang mga utos ng Diyos at ipinapaliwanag niya ang mga ito kasama natin at para sa atin, sa isang makatotohanang paraan.

Ang Simbahan ay hindi maaring magkamali sa mga usapin ng pananampalataya at moral. Ang Simbahan sa kabuuan, hindi ang sinumang teologo, ang makapagsasabi sa atin kung ano ang gagawin natin hinggil sa mga usaping moral. [Vatican II ; LG 12 [Lumen Gentium ]

**Pagsasabuhay :** Nais ni Jesus na makitungo tayo sa makasalanan ngunit itakwil ang kasalanan at ibinigay Niya sa atin ang utos na magmahalan. [Juan 8 : 3-12; Mateo 5: 38 - 48]

**Pagsamba :** Ang pagsunod kay Kristo sa moral na pamumuhay ay nangangahulugan ng isang pusong “ikinasal kay Kristo” sa pamamagitan ng Espiritu Santo at, binibigyang buhay sa pagdiriwang ng Eukaristiya at nararanasan sa personal na panalangin [KPK 844]

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan:** Sumasampalataya ako, nagtitiwala at umaasa sa Simbahan sa mga usaping moral.

**Pagtatalaga :** Magbigay ng isang turo ng Simbahan tungkol sa usaping moral, paano mo ito isasabuhay ?

**Pagdiriwang:** Ipanalangin ang mga hindi nagpapahalaga sa buhay, nagsusulong ng  
D - divorce,  
E - euthanasia ,  
A - abortion,  
T - total fertility Control; RH bill , at  
H - homosexuality.

## Paksa 11

### Ang matuwid na konsensiya ang gumagabay sa aking pagpili at pagpapasiya

#### Layunin :

- Malalaman na ang budhi ay munting tinig , ang panloob na tinig na tumatawag sa ating ibigin ang mabuti at iwasan ang masama.
- Makapapangako ng mga gagawin upang lalo pang mahubog ang budhi.
- Makakagawa ng mabuting pagsusuri ng budhi.

**KAHALAGAHAN:** Mabuting pagpili at pagpapasiya

#### SITWASYON NG BUHAY

Isang araw hiniling ng isang tao kay Jesus na pagpasiyahan niya ang paghahati ng kayamanan nito at sumagot si Jesus : “ Sino ang naglagay sa akin bilang hukom ninyo ? ... pagpasiyahan ninyo kung alin ang matuwid. “ ( Lukas 12 : 57)

Tumanggi si Jesus na magpasiya para sa iba, pinagkalooban Niya tayo ng pamamaraan upang “ magpasya sa ating sarili” kung ano ang matuwid !

Paano ba ang pumili at magpasya ?

Alin ang pipiliin ko ?

Ano ang gagawin ko ?

Maaring masakit ang magpasya — ang talikuran ang isang bagay alang alang sa iba.

May mga pagkakataong ipinapasa natin sa iba ang pananagutan tulad ng nasa Ebanghelyo at ni Adan.

Kailan natin maasahan ang ating sariling pagpapasiya ?Bakit ibig nating takasan ang pagbuo ng pasiya ?

#### SALITA NG DIYOS

**Genesis 3: 1-7** ( Pagtukso kay Eba )Lumapit kay Eba ang diyablo .... Kay Jesus... lumalapit din siya sa atin. Si Jesus ay malinaw na nagpasiya para sa salita ng Diyos at sa kanyang kalooban.

**Lukas 4 : 1-13** Paano tayo magpapasiya ?

Liban sa kanyang mga utos , ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang BUDHI .....

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

##### **Katotohanan :**

Ang budhi ay ang pinakamalapit na batayan ng personal at moral na pamumuhay, ang pinakasukdulang pamantayan sa pagwari ng moral na mabuti at masama, kasama ang damdamin ng pag-uutos na sundin ang alituntunin nito. [KPK 723]

##### **Pagsasabuhay :**

Ang budhi ang panloob na tinig : na tumatawag sa ating ibigin ang mabuti at iwasan ang masama, sa paggamit ng mapagbabatayang moral na panuntunan para sa partikular na kilos, at samakatuwid nag-uutos : gawin ito, huwag gawin ‘yun!  
[KPK 723 & 727]

Dalawang uri ng budhi

1) “wastong” budhing umaayon sa mapagbabatayang moral na pagpapahalaga at alituntunin ;

2) “maling” budhi - nagkakamaling humatol ng isang bagay bilang moral na mabuti ngunit masama naman pala.

Ang ating moral na pananagutan ay ang makabuo ng isang maayos at “maalam na budhi” at maiwasto ang kahit anong namamaling budhing maaring taglay natin.

##### **Pagsamba :**

Sa panalangin at mga Sakramento, inaaruga, pinaunlad at itinataguyod ang ugnayan natin kay Kristo upang mas magawa natin ang mabuti at maiwasan ang masama. [KPK 713]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

##### **Paninindigan :**

Tinig ng aking budhi, pakikinggan ko !

**Pagtatalaga**

Ano ang mga maipapangako kong gagawin upang mahubog ang aking budhi ?

**Pagdiriwang :**

Pagsusuri ng sarili ( budhi) – c/o Catechist  
Pagkatapos ay babasahin ang Salmo 119 : 1-16  
[ Halinhinan ]

**Paksa 12**

*Kahirapang laganap sa buong mundo*

**Layunin :**

- Mauunawaan na pinahihintulutan ng Diyos ang kahirapan sapagkat dinadalisay at tinuturuan tayo sa mga paghihirap nating nararanasan .
- Mahahamon at makakapagbigay ng mga gagawin upang harapin ang mga kahirapang dinaranas.
- Makakapagpasalamat sa Diyos sa pagpapakita niya sa atin ng pagmamahal at maipapahayag ang mga katagang: “*Sa pamamagitan ng iyong krus at muling pagkabuhay, tinubos mo kami. Salamat sa iyong pagmamahal.*”

**KAHALAGAHAN:** Katapangan sa pagharap sa mga paghihirap

**SITWASYON NG BUHAY**

Mga saloobin ko at pananaw tungkol sa paghihirap

Ano ang paghihirap ko sa kasalukuyan ?

Ano ang paghihirap ng ibang tao sa kasalukuyan ?

Ano ang paghihirap ng ating bayan sa kasalukuyan ?

Ano ba ang kahirapan ?

Lahat ng mga kahirapang nararanasan ko, ng ibang tao at ng bayan ay nag-aanyaya sa ating upang magnilay at kilalalin pa ang ating sarili.

Bakit pinahihintulutan ng Diyos na maghirap ang tao ?

Dinadalisay at tinuturuan tayo ng mga paghihirap na ito. Ito ang magandang ibinubunga ng kahirapan

*Pagninilay :* Ang pagpapahintulot ba ng Diyos na manatili ang kahirapan ay nangangahulugang ginusto niyang mangyari ito ?

Halimbawa : Kung ang isang walang sala – gaya ng isang bata na namatay sa naganap na barilan – ay nagdurusa dahil sa kasamaan ng mundo, ipinangangako ng Diyos ang kaligayahan ng pagdurusang ito. [ Lukas 16: 19-31 – walang hanggang kaligayahan ang kapalit at ito ay ang makapiling ang Diyos ]

*Sa Banal na Kasulatan na pagninilayan natin, malalaman natin kung paano si propeta Isaiaas, pinagnilayan din ang misteryo ng paghihirap.*



**SALITA NG DIYOS: Isaias Kabanata 50 – Kabanata 53** [ Ibigay ang buod – ikuwento]

*”narito ang lingkod ko...Dahil inako niya ang kasalanan ng marami at namagitan dahil sa mga makasalanan “*

Ang nagdurusang lingkod na tinutukoy sa ating binasa ay ang Panginoong Jesu-Kristo na Siyang nagpasan ng hirap ng ating mga kasalanan.

**Lukas 23: 33-48** *“Tunay nga na ang taong ito ay walang kasalanan.”*

Bakit hinayaan ng Diyos na maghirap si Kristo ? Tunay ngang wala siyang kasalanan – ngunit bakit ?

Ang Kanyang paghihirap ang nagdulot sa atin ng kaligtasan. Ang kahirapan ay ginawang kaluwalhatian ni Jesus.

Paano pinagninilayan ng Simbahan ang hiwagang ito ng pagpapakasakit ? Ano ang itinuturo ng Simbahan tungkol sa pagpapakasakit ?

**PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA**

***Katotohanan :***

Pinahihintulutan ng Diyos ang kahirapan sapagkat dinadalisay at tinuturuan tayo sa mga paghihirap nating nararanasan. Ito ang magandang idinudulot ng kahirapan. [Salvificci Doloris 13- 14]

Sa ating mga paghihirap nakikibahagi tayo sa misyon ng paghiligtas ni Jesu-Kristo. Ang ating Panginoong Jesu-Kristo ay sinugo ng Ama upang “ihatid ang mabuting balita sa mga dukha, upang pagalingin ang mga nagsisisi, upang hanapin at iligtas ang mga nawawala” [Lukas 4:18 Lukas 19:10; KPK 559]

***Pagsasabuhay :***

Ang pagmamahal ni Kristong ipinako ang nagiging pamantayan , bukal, pamamaraan at huling hantungan ng lahat ng Kristiyanong moral na pamuhay. Bilang pagsunod sa halimbawa ni Kristo, maraming tao ang nagbuwis ng kanilang buhay upang iligtas ang iba sa paghihirap , sa sakit at kamatayan. [KPK 596 ]

➤ Noong panahon ng digmaan, ang mga sundalo, mga pari, mga karaniwang mamamayan ay buong kagitingang nagbuwis ng kanilang buhay para sa bayan

➤ Isang dalubhasa sa pagtuklas ng gamot ang nagtalaga ng kanyang buhay upang makinabang ang iba sa kanyang mga natuklasan

➤ Isang ina na nagtataya ng kanyang buhay sa pagsisilang ng sanggol, inilalaan niya ang kanyang buhay para sa kanyang mga anak

➤ Si Ninoy Aquino , na namatay para sa kanyang bayan

➤ Ang isang guro na nagpupuyat para gumawa ng lesson plan at ituro ito sa mga mag-aaral.

**Pagsamba :**

Ang mapangtubos na Kamatayan ni Kristo ang siyang batayan ng Eukaristiya, ang pinakabuklod ng Kristiyanong pagsamba. Ang Prepasyo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ay nagpapahayag na si Kristo, ang ating sakripisyong Pampaskuwa “ang tunay na Korderong nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Sa kanyang pagkamatay, pinawi niya ang kamatayan, sa kanyang muling pagkabuhay, pinanumbalik niya ang ating buhay.” [KPK 595]

**TUGON NG PANANAMPALATAYA**

**Paninindigan :**

Ano ngayon ang pananaw mo at paninindigan sa mga paghihirap na dinaranas mo ? Naniniwala ako na pinahihintulutan ng Diyos ang kahirapan sapagkat dinadalisay at tinuturuan tayo sa mga paghihirap nating nararanasan.

**Pagtatalaga :**

Paano mo ngayon harapin ng may pananampalataya ang mga kahirapang dinaranas mo ?

Ang isang nananalig sa Diyos, na nasasaktan at nahihirapan ay nagtatamo ng karangalan. Nakakatagpo siya ng katiyakan sa pagmamahal ng Diyos, habang sa kanyang paghihirap ay nakikiisa siya sa paghihirap ni Kristo.

Sikapin nating harapin ang ating mga kahirapan sa liwanag ng paghihirap ni Jesus – alamin natin ang nakadadalisyang aral sa paghihirap na ito.

**Pagdiriwang:**

Magpasalamat tayo sa Diyos sa pagpapakita Niya sa atin ng pagmamahal at ipahayag natin ang mga katagang ito :

*Sa iyong pagkamatay Panginoon ay nagapi mo ang kamatayan, Sa pamamagitan ng mga sugat mo ay gumaling kami. Sa pamamagitan ng iyong krus at muling pagkabuhay, tinubos mo kami. Salamat sa iyong pagmamamahala.*

*Awit : Hesus Hilumin mo*

## Paksa 13

### *Pandaigdigang Usapin.. May kinalaman ba ako ?*

**Layunin :**

- Mapaninindigan ang katagang ito “ Kaayusan ng daigdig, pananagutan ko!”
- Makakabuo ng konkretong gagawain na nagpapakita ng pangangalaga at paano pagyayamanin ang ating daigdig.
- Makakapag-alay ng panalangin ng pagsisisi dahil sa kapabayaan sa kalikasan.

**KAHALAGAHAN:** Pangangalaga at pagpapayaman ng ating daigdig

#### SITWASYON NG BUHAY

Ano ang mga suliranin ng mundo natin sa ngayon ?

1) Global warming / climate change

[ *Ano ang alam ninyo tungkol sa global warming / climate change ?*

Nagkakaroon ng global warming dahil sa carbon dioxide na naiipon (natratrap) sa sa kalawakan, kaya ang init na nagmumula sa araw ay naiipon sa kalawakan (natatrap sa atmosphere), dahil diyan nararanasan natin ang matinding init, ang malakas na pag-ulan, tagtuyot, landslide, paglaganap ng dengue, malaria, natutuyong dagat. Nag-uugat -ugat na ang mga epekto ng global warming. ]

2) Giyera

3) Karahasan

4) Cyber sex

5) At iba pa

Dapat ba tayong makialam o makisangkot sa mga suliraning ito ?

Ang mundo ay naging isang malaking sambayanan na .

Sangkot ako sa mga usaping pandaigdig dahil ....nakakaapekto ito sa akin.

Ngunit paano – kailan – ano ang magagawa ng isang kabataan tulad ko ? Panahon na ngayon upang magsimula. Makapagsimula ako sa pamamagitan ng pagkilala at pag-aaral tungkol sa mga isyu – pakikipagpalitan ng kuro - kuro ukol dito sa mga nakakaalam at nakakatanda – hindi paniniwalaan ang lahat ng sinasabi ng media.

Ang Salita ng Diyos ang gabay ko – ito ang nagbibigay –liwanag sa akin – nangangako sa akin. Paano ?

Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos ?

**SALITA NG DIYOS: Genesis 1: 28** " *Magkaroon ka ng kapangyarihan sa mga isda sa karagatan, sa mga ibon sa himpapawid....*"

Ipinaubaya sa atin ang gawaing payabungin at pamahalaan ang mundong ating ginagalawan. Nakikibahagi tayo sa kapangyarihan ng Diyos bilang Panginoon ng kanyang nilalang.

Ginagawa ko ba ang tungkuling ito na inatas sa akin ng Panginoon ? Sinabi pa ng Diyos sa atin :

**Salmo 8** " *Pinagkalooban ..... ng kapangyarihan sa gawa ng iyong mga kamay, inilagay ang lahat ng bagay sa ilalim ng ...*"

Pinamamahalaan ko ba ang daigdig o pinamamahalaan ko ba ang pagsira nito ?

Ang digmaan, karahasan at pagkawasak ay isang pangkaraniwang tanawin na lamang. Ipinagwawalang bahala ko lang ba ang mga ito? Tinanong ko na ba ang aking sarili kung paano ako nakatulong dito ?

Ang mga salita ni Jesus ayon sa sumulat ng Ebanghelyo ay patuloy na humahamon sa atin – sa ating mga kawalang pakialam, katamaran at pagiging manhid.

**Mateo 7: 15-20** "Mag-ingat kayo sa mga bulaang propeta..."

**Mateo 5: 20** " Kung hindi hihigit ang inyong kabanalan sa kabanalan ng Eskriba at Pariseo, hindi kayo makapapasok sa kaharian ng langit."

**Mateo 20 :26-28** "Ang sinumang ibig maging dakila ay nararapat na maging utusan... Naparito ang Anak ng Tao hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng marami."

Ano ba ang bahagi ko bilang isang binyagang babae o lalaki sa pag-unlad ng mundo?

Una sa lahat alamin natin buhat sa Simbahan kung ano ang kahulugan ng tunay na pag-unlad :

Ayon kay Papa Paulo VI, ang Pag-unlad ay ang bagong taguri sa kapayapaan . Kung gayon:

- 1) ang mga digmaan, paghahanda ng lakas militar ay kaaway ng pag-unlad ng buong sangkalupaan
- 2) ang paggamit ng malaking halaga para sa armas sa halip na sa pag-unlad ng tao ay isang krimen
- 3) hindi nakakatulong ang labis na pagpapaunlad "consumerism"

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :** Ang Diyos ang siyang may ari ng daigdig at binigyan Niya ang tao ng kapangyarihang pamahalaan ito. [Exodo 9:29; Salmo 24:1-2; Genesis 1:26; KIK 306]

**Pagsasabuhay :** Nais ng Diyos na pangalagaan at pagyamanin natin ang daigdig na kaloob Niya sa atin. [Genesis 2: 15]

Sa pagkakataong hindi natin ito nagagawa , ito ang hamon sa ating lahat [Ezekiel 36:26; KPK 1789 - 1790]

• pagbabalik-loob, pagbabago ng ugali, mentalidad, pamumuhay, kaugnay ng Diyos at ng kapwa.

• Pagkakaisa : matibay na determinasyon sa pagtatalaga ng sarili para sa kapakanan ng lahat

**Pagsamba :** Sa Sakramento ng Pagbabalik loob kinahahabagan ng Diyos ang mga taong nagsisisi at nagbabalik-loob dahil sa kapabayaan sa kalikasan . [Proverbs 28: 13-14; KPK 1819 ]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninidigan :** "Kaayusan ng daigdig , pananagutan ko !"

**Pagtatalaga :** Makakaya kaya nating italaga ang ating sarili sa pagsasagawa ng zero waste management.

- 1) Ibukod ang basa at tuyong basura
  - 2) Balutin ng maayos ang basura
  - 3) Gamiting muli ang mga basurang maari pang pakinabangan
  - 4) Proper composting, Ayusin ang basura
- Segregate ang mga “nabubulok” at ibaaon sa lupa.

**Pagdiriwang :**

INIYAKAN NG DIYOS ANG KANYANG NILIKHA

**1) Pagbasa**

**Sa pasimula** pa’y naroon na ang Daigdig. At ito’y napakaganda. Naninirahan ang tao sa Daigdig na ito, at sinabi niya: “Gumawa tayo ng mga matataas na gusaling abot- langit at ng malalawak na kalsada “. At tinabunan ng tao ang ang daigdig ng bakal at semento. At lubos siyang nasiyahan ng pagmasdan ito.

**Sa pangalawang araw**, pinagmasdan ng tao ang malinis at bughaw na karagatan. At sinabi ng tao: “ Itapon natin ang ating mga basura at gawing tambakan ang tubig .” At ginawa nga niya. Ang tubig sa dagat ay naging itim. At lubos siyang nasiyahan.

**Sa ikatlong araw**, napatingin ang tao sa kagubatan. Mataas at luntian ang mga puno. At sinabi ng tao: “Putulin natin ang mga punong kahoy at gamitin natin para sa ating sarili.” At ginawa nga niya. At lubos siyang nasiyahan.

**Sa ikaapat na araw**, nakita ng tao ang mga hayop na naglalaro sa parang. At sinabi ng tao : “ Hulihin natin ang mga hayop at ipagbili at mamaril tayo para sa katuwaan.” At ginawa nga ng tao. At ang mga hayop ay naging madalang. At lubos na nasiyahan ang tao.

**Sa ikalimang araw**, naramdaman ng tao ang malamig na simoy ng hangin sa kaniyang hininga. At sinabi niya: “ Sunugin natin ang ating mga basura at hayaang ikalat ng hangin ang usok at abo nito. “ Ganoon nga ang kanyang ginawa. At lubos siyang nasiyahan.

**Sa ikaanim na araw**, napansin ng tao ang maraming tao sa daigdig: Iba’t ibang lahi, kulay at pananampalataya. At sinabi ng tao : Lumikha tayo ng isang diyos ayon sa ating kalarawan. Ang ating kamumuhian, ay kamumuhian din niya ; sa ating pagpatay, papatay din siya. Gumawa tayo ng mga bomba at misil baka sakaling magkaroon ng di pagkakaunawaan “ At ginawa nga niya. At ang pabrika ng bomba at misil ay siyang naging tanawin. At lubos na nasiyahan ang tao.

**Sa ikapitong araw**, namahinga ang tao. Biglang may malakas na ingay sa balat ng lupa. Nilamon ng apoy ang dating magandang daigdig . At naghari ang katahimikan. Ang nangingitim na daigdig ay namahinga upang sambahin ang iisang Diyos. At ang lahat ng mga itong ginawa ng tao ay kaniyang nasaksihan. Sa nakabibinging katahimikan, sa umuusok na guho at labi ng kabihasan, **UMIYAK ANG DIYOS !** .

**2) Pagninilay**

**3) Panalangin**

*Panginoon, tunay po kaming naghilingi ng kapatawaran sa aming pagiging dahilan ng iyong pagluha. Harinawa sa aming pag-gawa sa buong araw na ito, kami ay maging kasangkapan ng pagbabalik ng Daigdig sa kaniyang dating anyo : malinis, maganda, luntian at puno ng buhay. Ito’y himihiling namin sa pamamagitan ng inyong anak na si Jesus, na ang nakaukit na larawan sa kalikasan ay aming winasak. Amen*

- *Justice and Peace and Social Concerns Desk – Daughters of Charity of St. Vincent de Paul Philippine Province, Manila*

## Paksa 14

### *Sumasampalataya Ako sa iisang Diyos, ang Ama, Anak at Espiritu Santo*

#### Layunin :

- Maipapahayag ang pananampalataya sa Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo na nananahan sa atin.
- Makakagawa ng 3 mabubuting bagay na may pagmamahal , na maialay sa Banal na Trinidad.
- Mapapurihan ang Banal na Santatlo sa pamamagitan ng pagdarasal ng “Luwalhati”.

#### KAHALAGAHAN: Pananampalataya

#### SITWASYON NG BUHAY

Bakit ako nag-aantanda ng Krus?

Ano ang pinapahayag nito sa akin ?

Sumasampalataya nga ba akong tunay sa Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo ?

Bakit ?

Sa isang banda, Sino ba ang Diyos sa buhay mo ?

Ano ba ang nalalaman ko tungkol sa Diyos ?

Paano ba siya dumating sa buhay ko ?

Paano ba ako nagkakaroon ng sapat na kaalaman sa Diyos ?

*Pag-uugnay sa Salita ng Diyos :Sa Banal na Kasulatan dito tayo makakakuha ng ganap na kaalaman para makilala pa natin ang tunay na Diyos .....*

#### SALITA NG DIYOS:

#### Mula sa Lumang Tipan

*Sinabi ni Propeta Isaías: Isaías 40: 12-14 “..... Sino ang makapagsabi ng dapat gawin ni Yahweh – ng Diyos? May makapagtuturo ba o makapagpapayo sa Kanya ? at Sino ang kanyang sinasangguni para malaman ang dapat gawin sa alinmang bagay?*

**Isaías 46: 3-13** “... Inyo akong kilalanin , ako lamang ang Diyos at liban sa akin ay wala ng iba.”

#### Ito naman ang patotoo ni Jesus :Mula sa Bagong Tipan

**Mateo 11: 27** “Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at yaong marapating pagpapahayagan ng Anak”Ganito ang pagpapahayag ni Jesus sa Diyos Ama

**Mateo 6: 7- 14** “Ang Diyos ay ating Ama.”

**Mateo 6: 25-31** “Inaalagaan tayo ng Diyos higit pa sa mga bulaklak sa bukid at mga ibon.”

**Mateo 5: 43-48** “Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa .....

**Luke 15 : 11** “Ang Diyos ay maawain sa mga nagsisising makasalanan at hinahanap Niya ang mga naliligaw”

**Juan 3: 16** “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya ibinigay Niya ang Kanyang Anak.”

#### Iba pang mga paraan ng pagpapahayag ni Jesus tungkol sa Diyos

**Mateo 3: 13- 17** “Ang Ama , Anak at Espiritu ay naroon sa pagbibinyag ni Jesus”

#### Sa lahat ng sinabi at ginawa ni Jesus ipinahayag Niya na ang Diyos ay pag-ibig.

**Juan 14: 16** Si Jesus ay tapat at may malalim na ugnayan sa Ama at Espiritu....”Dadalangin ako sa Ama , at kayo ay bibigyan pa Niya ng isang Patnubay....”

**Juan 16:12-15** “Ang lahat ng sa Ama ay akin .....”Sinasabi sa atin ni Jesus kung ano yung buhay na mayroon tayo kapag nasa Diyos tayo. Gawin natin ang sinasabi ng Diyos at magkakaroon ng kaibahan ang ating buhay.”

#### Sinabi ni San Pablo Roma 11: 33-36

*Pag-uugnay sa Pahayag ng Pananampalataya :Minsan naiintriga at nagbibigay ng interest na kilalanin natin ang mga artista at dakilang tao.... Gaano naman tayo kaintresado sa buhay na nasa atin? Hinahayaan ba natin na ang buhay ng Ama, anak at Espiritu Santo ay pumasok sa ating buhay? Sa mga Salita ng Diyos na narinig natin ngayon ano na ang imahen ng Diyos sa iyo ngayon ?*

#### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

#### Katotohanan:

Ang misteryo ng Banal na Trinidad ay misteryo ng iisang Diyos na may tatlong persona, ang Ama , Anak at Espiritu Santo. Ang misteryo ng Banal na Trinidad ay

nalaman natin dahil ipinahayag ito mismo ng Diyos sa atin . *Nilikha ako ng Ama , Anak at Espiritu Santo. Niligtas ako ng Ama , Anak at Espiritu Santo. Pinababanal ako ng Ama, Anak at Espiritu Santo. Sapagkat ang Ama, Anak at Espiritu ay iisang Diyos na tatlong magkakapantay ngunit magkakaibang persona.* [KIK 261 ; 266 KPK 1327 - 1328]

**Pagsasabuhay:** Ang bawat isa sa atin ay tinatawag na maging tahanan ng Santisima Trinidad, ang bawat isa ay tinatawag na magmahal. "Kung may umiibig sa akin , wika ng Panginoon, iingatan Niya ang aking salita at iibigin Siya ng aking Ama, at kami ay paroroon sa kanya at mananahan." [KIK 260; Juan 14:23]

**Pagsamba:** Dahil sa biyaya ng Binyag, sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, tinatawag tayong makibahagi sa buhay ng pinagpalang Trinidad dito sa lupa sa kalabuan ng ating pananampalataya at sa kabilang buhay, pagkamatay natin sa liwanag na walang hanggan.[KIK 265]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

**Paninindigan** Naniniwala ako sa Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo na nananahan sa akin.

**Pagtatalaga:** Magbigay ng 3 gawain na may pagmamahal na maiaalay mo sa Banal na Trinidad.

**Pagdiriwang:** Luwalhatiin natin ang Banal na Trinidad sa pamamagitan ng pagdarasal ng Luwalhati

## Paksa 15

### Ang aking Huling Hantungan – Buhay na Walang Hanggan

#### Layunin :

- Makakapaniwala na ang buhay na walang hanggan ang ating huling hantungan.
- Makakapagplano ng mga gagawin kung paano ang tamang pagharap o pagtanggap sa katotohanan ng kamatayan.
- Makakapag-alay ng panalangin para sa mga kaluluwa sa purgatoryo.

**KAHALAGAHAN:** Pag-asa sa kabilang buhay

#### SITWASYON NG BUHAY

MaYroon nga bang kabilang – buhay ?

Sa kabila nitong ating buhay...Ano ang naghihintay ?

Kapag naisip ko kung ano ang nasa kabilang buhay, ano ang kinatatakutan ko?

Ano ang hinihintay ko?

Ano ang iniisip kong mangyayari ?

Ano ang inaasahan ko ?

Ano ang mga natutunan ko sa Katekesis tungkol sa buhay na walang hanggan ?

Nakatulong ba ito upang masagot ko ang tanong : Ano ang kabilang buhay ?

Totoo nga bang may kabilang buhay ?

Bakit natin inaalala ang mga kamag-anak nating yumao ?

Bakit tayo may mga panalangin na ipinatutungkol sa mga yumao ?

Bakit tayo nagpapamisa para sa mga yumao ?

Ginagawa natin ang lahat ng mga iyan dahil naniniwala tayo na mayroong buhay na walang hanggan.Hinihintay natin ang muling pagkabuhay ng mga yuma o sa isang panibagong daigdig.

Ito ang ating pag-asa! Lakas-loob nating hinihintay ang pagkabuhay ng mga namatay at ang buhay sa isang bagong sanlibutan. Ito ang ating pananampalataya ! Ito ang nag-uudyok sa atin upang

harapin ang kabilang buhay — ang buhay na walang katapusan.  
Saan ba nakasalalay ang pananampalataya at pag-asa ng isang Katolikong Kristiyano?  
— Sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesu-Kristo

### SALITA NG DIYOS

**Basahin : Lukas 24 : 36 -53**

“ Si Kristo ay muling nabuhay”

Ipalawanag : Kung hindi nabuhay na muli si Kristo, ano ang mangyayari sa atin ?

Mga Pangako ni Kristo tungkol sa buhay na walang hanggan :

[Note to the Catechists: hindi kailangang basahin ito ng isa-isa. Ibigay lamang ang buod ng mga sumusunod na teksto.]

- Juan 5:24
- Juan 11:25-26
- Juan 6:40
- Mateo 22: 1-14
- Mateo 25:21,23
- Mateo 25:34
- 1 Corinto 15:53-54
- 1 Pedro 3:22
- Efeso 1:4-10
- Pahayag 21:4
- Pahayag 22

Makakabahagi kaya tayo sa mga ipinangako ni Jesus sa mga nananalig sa Kanya ?

Kasama ba tayo sa mga sumasampalataya – umaasa – nagmamahal sa mga ipinangako ng Diyos?

Mayroon tayong isang kahanga-hangang halimbawa sa Lumang Tipan na naglalahad tungkol sa isang pamilyang nakahandang mamatay dahil sa kanilang paniniwala sa buhay na walang hanggan :

Ang pagiging martir ng magkakapatid na Macabeo at ng kaniyang ina

1 Macabeo 7:1-14 “ngunit muli kaming bubuhayin ng Hari ng sansinukob sa buhay na walang hanggan”

Sinisikap sagutin ng Simbahan ang mga nag-iisip at nagtatanong kung ano ang naghihintay sa kanila pagkatapos nilang mamatay .....

### PAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Katotohanan :**

Ang “buhay na walang hanggan” ay nagangahulugan ng buhay na pinag-iibang anyo ng Espiritu ng Diyos tungo sa lubos na kaganapan ng bawat dimensiyon ng ating kasalukuyang buhay na pangkatawan – pang espiritu. Hindi lamang ito basta walang – katapusang pagpapatuloy ng ating panandaliang buhay o ni walang – pagkilos ng panahon kundi isang radikal na pagbabago sa uri ng buhay. [KPK 2098; GS 39; KIK 1020, 1024 ]

Ang buhay na walang hanggan ay walang hanggang kapahingahan at walang hanggang liwanag. [KPK 2064]

[ Pinatunayan ni Jesus na totoong may buhay na walang hanggan sapagkat sinabi Niya “ *Ako ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay, ang sumasampalataya sa akin kahit na mamatay ay mabubuhay, at sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay kailanman.*” ] [Juan 11: 25-26]

**Pagsamba :**

Sa mga Sakramento , lalo na sa Banal na Eukaristiya, nararanasan na natin sa ating mapanalanging pakikipagkaisa sa ating walang – hanggang Ama, sa pamamagitan ng Kanyang nagkatawang- taong Anak na Muling Nabuhay, sa kanilang Espiritu Santo, ang simula ng “buhay sa darating na panahon.” Sa panalangin ng Prepasyo Para sa pagyao ng mga Kristiano, dito natutunan natin kung paano tunay na “*aawit ng papuri sa Diyos ng walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa kadakilaan.*” [KPK 2082]

**Pagsasabuhay :**

Ang simumang sumusunod kay Jesus na ilaw ng sanlibutan ay magkakaroon ng ilaw na nagbibigay buhay at hindi na lalakad sa kadiliman . [KPK 2065; Juan 8:12]

Paano ang pagsunod kay Jesus ? Sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng “*corporal and spiritual works of mercy*” [KIK 2447; Mateo 25:31-46]

Ang tunay na edukasyon ay naglalayon na hubugin ang tao patungo sa kanyang huling patutunguhan. [Vatican II; GE 1 Gravissimum Educationes ; The Declaration on Christian Education]

#### TUGON NG PANANAMPALATAYA

***Paninindigan:***

Sumasampalataya ako sa buhay na walang hanggan , ang aking huling hantungan

***Pagtatalaga:***

Paano ko hinaharap ang katotohanan ng kamatayan ngayon ?[ Mananalangin ako para sa mga yumao , lagi kong isasa –alang - alang sa aking pang-araw- araw na buhay ang huling hantungan]

***Pagdiriwang:***

Taos puso nating dasalin

“ O Jesus ko patawarin mo kami sa aming mga sala, ilitas mo kami sa apoy ng impiyerno, hanguin mo ang mga kaluluwa sa purgatoryo , lalong-lalo na iyong walang nakakaalala. “

---

### Mga Sanggunian

1. Magandang Balita (Bibliya - Sentinal Edition)
2. (KIK) Katekismo ng Iglesia Katolika
3. (KPK) Katesismo sa Pilipinong Katoliko
4. Vatican II Documents  
(LG) Lumen Gentium  
(GS) Gadium et Spes  
Constitution on the Sacred Liturgy
5. Spe Salvi
6. (FC) Familiaris Consortio
7. (DV) Dei Verbum
8. Compedium of the Social Doctrines of the Church
9. Second Plenary Council of the Philippines
10. Canon Law
11. Laborem Exercens
12. National Catechetical Directory for the Philippines
13. Salvifici Doloris
14. Justice and Peace and Social Concern Desk ( Daughters of Charity of St. Vincent de Paul Philippine Province, Manila
15. Mother Of Life Catechetical Center Seedlings (1st Year to 4th Year High School)





Catechetical Foundation of the Archdiocese of Manila  
Research, Planning, and Development Office

6th flr. St. John Building Paco Catholic School,  
1521 Paz St. Paco Manila